

E N T R A D A

ENTRADA
Volume II, Issue 1
2015

Karapatang-ari © 2015 ng Sentro para sa Malikaing
Pagsulat - PUP

Reserbado ang lahat ng karapatan.
Walang bahagi ng journal na ito ang maaaring sipiin o
gamitin nang walang nakasulat na pahintulot mula sa mga
may-akda at tagapaglathala.

EDITORIAL CONSULTANT
Jun Cruz Reyes

EDITOR
Renato C. Vibiesca

ASSOCIATE EDITORS
Merdeka C. Morales
Soliman Agulto Santos

LAYOUT & DESIGN
Edrick S. Carrasco

EDITORIAL STAFF
Jesus Emmanuel S. Villafuerte

ISSN: 2362 - 9045

Inilalathala ang ENTRADA ng dalawang beses sa loob ng isang taon. Maaaring magpadala ng hindi pa nalalathalang mga akda gaya ng maikling kuwento, tula, sanaysay at rebyu sa ccwpup@yahoo.com. Dumaraan ang mga akda sa mga respetadong evaluator at referee. Para sa karagdagang impormasyon at anunsiyo tingnan na lamang ang pahina ng Center for Creative Writing PUP sa Facebook o magsadya sa Room 212 ng Charlie del Rosario Bldg, PUP Sta. Mesa, Manila.

Inilimbag ng Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas

E N T R A D A



POLYTECHNIC UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES
INSTITUTE OF CULTURAL STUDIES
CENTER FOR CREATIVE WRITING
VOL. II, ISSUE 1, 2015

N I L A L A M A N

vii	INTRODUKSIYON
	FICTION
1	Eli, Eli, lama sabachthani? Lenin Carlos Mirasol
19	Pinakakupal Valentine Dula
	TULA
35	Pantoum sa Kidapawan*
36	Payback
37	Kaunin ang pag-ibig
38	Pamamaalam ng Mayo Maricristh T. Magaling
39	Si Tatay
41	Guho, Traktora, Ginto MJ Rafal
43	Isang Madaling-araw sa Maynila
45	Mula sa Isang Paupahang Silid sa Krus na Ligas
47	Sugat sa Dibdib ng Lungsod Soliman Agulto Santos
	FILM REVIEW
51	Cinema and National Allegory: A Symptomatic Reading of Spaces in Lino Brocka's "Insiang" Jesus Emmanuel Villafuerte
	SCRIPT NA PAMPELIKULA
65	Tunay na Buhay Krupskaya Valila

	BOOK REVIEW
111	New Ways of Saying “Revolt! Change the System” as an <i>ambil</i> for the National Democratic Movement: a reading of Epifanio San Juan Jr.’s <i>Ambil: mga pagsubok pahiwatig & interbensiyon tungo sa pagbabagong-buhay</i> Ivan Emil A. Labayne
	LEKTURA
133	<i>Makabayang Panulat</i> E. San Juan Jr.
139	<i>Para sa Biyaheng Panulat 2014</i> Bob Ong
143	<i>Ang Kasalukuyang Kalagayan ng Panitikan at ang Kabataang Manunulat</i> Bienvenido Lumbera
	DULA
149	BALINTUNANG KOMEDYA SA MAMASAPANO: <i>Dulang Algoritmong Potensiyal</i> (Alinsunod sa paraan ng <i>Ouvroir de Litterature Potentielle</i>) E. San Juan Jr.
	LITERARY CRITICISM
157	<i>How to Translate the Word Bastard</i> Virgilio A. Rivas
	DISKURSONG PAMPANITIKAN
179	<i>Panimulang Pagbasa sa Konsepto ng Bago sa Kritisismo ni Bienvenido Lumbera</i> Jomar G. Adaya
189	<i>Ang Apo ng Bayawak sa Bondoc Peninsula sa Pagsusulat ng Nobela sa Wikang Filipino</i> Romeo Palustre Peña
201	TUNGKOL SA MGA MANUNULAT

INTRODUKSIYON

Ang daming nangyayaring pagbabago sa ating bayan. “Change is coming” ika nga, na bukambibig pa rin sa ngayon. Ano nga ba’ng silbi ng pagbabago? Anu-ano na ba ang mga nabago? Totoo ba’ng may nagbago na? Kailangan bang kalimutan ang naluma dahil may bago na? Sadyang nanganganak ito ng mga katanungan o alinlangan na ang totoo’y paniniguro lamang tuwing may nagbabadyang pagbabago. Kadalasa’y mahirap unawain ang pagbabago kaya’t hindi agad nasasagot ang mga ito. Lagi kasing nakakatakot ang pagbabago kaya’t kailangang maniguro. May takot man, ang sigurado’y may iba na kaysa dati. Walang pinag-iba sa panitikan, kung nag-eksperimento ang manunulat, mapa-porma/estilo o nilalaman, kung wala sa mga kategorya o genre nakasanayan na at hindi agad maikahon, kung hindi naman ito malaking reaksiyon ng pagkabigla sa bago, madalas na samu’t saring katanungan ito ng paniniguro. Malimit pang ang may akda mismo ang naniniguro, kung nailihis ba niya talaga ang akda

sa nakasanayan na, kung kakagatin ng mambabasa ang kakaibang putaheng ihahain niya at makaligtaan ang laging nakahatag na napanis na nga.

Walang duda na may nagaganap na kakaiba sa kasalukuyan sa panitikan. Ganito ang katiyakang nangyayari sa panulatan ng PUP. Halos tatlong taon pa lang ang Sentro para sa Malikhaing Pagsulat (Center for Creative Writing) ng PUP pero nakakagulat ang mga pinangunahan nito sa gawaing pampanitikan. Hinarap ng CCW ang pagkatakot (kung meron man) sa ngalan ng pagbabago na kahit pa kadalasang may kakulangan sa resources. Pinakatampok ang matagumpay na pagsasagawa ng Unang Pambansang Palihang Multi-Genre ng PUP na naganap sa tabing dagat ng Mulanay, Quezon. Makasaysayan ang palihang ito dahil kauna-unahan ito sa loob ng 111 taon ng pagkakatatag ng PUP. Pero nauna nang nakiisa sa pag-oorganisa ang CCW sa National Book Development Board sa pagdaraos ng Philippine-International Literary Festival nitong Mayo 2016. Siyempre, ang isang kasaysayan na nagmarka nang husto sa panitikan ay ang paglilibot sa iba't ibang unibersidad sa buong bansa ng mga natatanging manunulat sa Biyaheng Panulat. Bukod dito, hindi biro ang ginawang paglilimbag ng CCW ng mga aklat pampanitikan, kabilang ang mga koleksiyon ng mga tula, kuwentong pambata, dagli at antolohiya ng mga maikling kuwento sa literary journal na Entrada 1 at 2. Sunod-sunod din ang mga lectures at workshops sa panitikan na regular nang pinasisinayaan ng CCW.

Ito 'yung malinaw na tinatahak ng CCW at sa patuloy na pagdami ng mga mahuhusay na manunulat sa PUP, ito ang malinaw sa ngayon: mula sa aktibong pakikilahok sa pampanitikang aktibidad, hanggang sa pagsusulat ng iba't ibang genre, tungo sa patuloy na pagbabago at pagsigla ng panitikan. Kaya naman itong ikatlong Entrada ay mapapansing kakaiba mula sa naunang dalawang Entrada. Bukod sa maikling kuwento at tula, nadagdagan ito ng literary criticism, manuskritong pampelikula, dula, akademikong papel na pampanitikan, kopya ng lektura, at film review.

Naging daan din ang pagbabagong ito para magbukas ng pinto sa iba pang manunulat na hindi taga-PUP. Hindi lang mga bagong sumisibol na manunulat ngayon ang nagsama dahil kabilang din ang mga kilala nang manunulat tulad ng ating Pambansang Alagad ng Sining na si Bienvenido Lumbera, ang nirerespetong manunulat na si E. San Juan Jr. at ang popular na si Bob Ong.

Sa panahon ng multi-genre at pagkahumaling ng mga kabataan sa multi-media, magandang senyales ng pagbabago ang pagkonekta sa maraming manunulat. Dahil sa laging nagmamadali at pabago-bago ang hilig ng henerasyon, mahirap nang sakupin ang kanya-kanyang panlasa ng mga estudyante sa kanilang mga binabasa. Mahirap ngang mahulaan o masiguro kung saan dadalhin ng panahon ang panitikan sa PUP. Ang sigurado sa ngayo'y tumataya at naninindigan ang PUP sa anumang pagbabago sa panitikan na wala sa kamalayan ang pagtatalo kung sino ang mas mahusay o mas sikat na manunulat, kung sino ang mas kinikilala o kung kaninong aklat ang mas binibili. Dahil wala nga ang paghahangad na makipagtagisan sa panulat at nag-uumapaw ang kanilang materyal sa panulat, kailanma'y hindi sila insecure kaninoman, bagkus mas nakatuon ang pansin ng mga manunulat ng PUP sa hamon ng pagbabago upang mas marami pang mahikayat na mambabasa at sa kalauna'y mahasa pa sa pagsusulat o mapahusay ang mga obra.

Hindi naman maisasantabi na lang basta ang nakaraan dahil laging may silbi ito para gabayan ang pagbabago tungo sa hinaharap. Tulad ng pagbabalik suri sa mga sining ng ating bayan. Halimbawa rito ang masusing pagsusuri sa pelikulang Insiang. Kapansin-pansin ang kakaiba at masinsing pagbasa ni Jesus Villafuerte sa detalye ng pelikulang ito ni Lino Brocka na kadalasang hindi ipinagpapalagay na politikal sa kumbensiyonal na pagtingin. Samantala, magandang suriin kung papaano magsisilbing gabay sa hinaharap ang pagbabalik-tanaw ni E. San Juan Jr. sa sitwasyon ng bayan sa kanyang lekturang Makabayang Panulat sa okasyon ng ika-50 Anibersaryo ng Agos sa Disyerto. Hahanapin naman ang bago

sa kritikal na pagbusisi ni Ivan A. Labayne sa antolohiyang *Ambil*: mga pagsubok, pahiwatig at interbensiyon tungo sa pagbabagong-buhay ni E. San Juan Jr.

Sa panahong nag-uunahan ang lahat sa paglihis sa nakasanayan na, mag-iiba ng landas sa panitikan ang akdang *Eli, Eli, Lama Sabachtani* ni Lenin Carlos Mirasol at hahatakin ang mambabasa sa maraming posibilidad ng problema sa kuwento, sa mga katanungang babalot sa karakter, at pagtatangkang lituhin ang mambabasa sa mga pangyayari. Hindi tulad ng maikling kuwento ni Valentine Dula na *Pinakakupal*, malinaw ang tensiyong namamagitan sa bida at kontrabida sa daloy ng mga pangyayari, pero bigla ka na lamang gugulatin nito para lumabas lalo ang husay ng kuwento. Ganito naman kadalasan sa totoong buhay, hindi madaling mamalayan ang takbo ng mga pangyayari at kadalasang nasosorpresa sa kahihinatnan. Tulad ito ng manuskritong pampelikula na *Tunay na Buhay ni Krupskaya Valila* sa kung papaanong ang isang mamahayag na karakter at iba pang tauhan ay mapaglalaruan ng network na kanilang pinaglilingkuran.

Ilalagat naman ni *Bienvenido Lumbera* kung papaano itataya ang kalagayan ng panitikan sa isang tiyak na panahon sa kanyang papel na *Ang Kasalukuyang Kalagayan ng Panitikan* at ang *Kabataang Manunulat*. Ang panimulang pagsipat naman sa konsepto ng bago ang binusisi ni Jomar Adaya sa kanyang *Panimulang Pagbasa sa Konsepto ng Bago sa Kritisismo ni Bienvenido Lumbera*. Isinama rin dito ang mensahe ni Bob Ong para sa mga kabataan na binasa sa *Biyaheng Panulat*. Tulad ng mga akda ni Bob Ong, masiste ang pahayag nito pero malaman ang kanyang hamon, halimbawa'y ang patungkol niya sa mga kabataang gustong maging manunulat: ang sabi niya, "Mga mamamayang may paggalang sa tradisyon, pero gumigiba ng mga bulok na sistema. Lipunang matapang at handa sa pagbabago, pero may takot sa Diyos. Bayang rebolusyunaryo, pero maingat, mapagmahal sa kapayapaan, at matalino. Isang bagong henerasyon na handang bumalik sa pagtatanim, at hindi

patuloy na hihiga at nganganga na lang sa ilalim ng puno ng bayabas sa Farmville.”

Lalo pang matapang ang hamon ni E. San Juan Jr. para sa lahat sa kanyang dulang Balintunang Komedyang sa Mamasapano: Dulang Algoritmong Potensiyal. Binabagabag ng manunulat ang kamalayan ng mambabasa kung makakapanood ng makulay na dulang “moro-moro” sa kagustuhang mapagtakpan ang kalokohang nangyari sa Mamasapano. Ibang hamon naman ang hatid ng papel ni Virgilio A. Rivas sa kanyang *How to Translate the Word Bastard* dahil pira-pirasong niyang pagkakabitin na tila isang palaisipan ang mga konsepto at diskurso mula sa mga kilalang teorista ng ating panahon sa panitikan at pilosopiya na ukol sa maikling sanaysay na *Authors and Writers* ni Barthes.

Hiwaga ng sariling karanasan naman ni Romeo P. Peña ang ginawang paggalugad sa mga kuwento na kanyang pinagugatan mula sa Bondoc Peninsula. Sa kanyang *Ang Apo ng Bayawak sa Bondoc Peninsula sa Pagsusulat ng Nobela sa Wikang Filipino*, bagaman lahing manunulat, mahahalina siya sa husay ng iba pang nobelista ng bayan upang magsilbing giya niya sa pagtuntun ng bagong pagsasalaysay ng nobela. Sa tula, mangungulila sa alaala ng buhay sa nayon ang manunulat na si Soliman Santos habang ang dalawa pa niyang akda ay hahalughugin ang pusod ng lungsod sa dilim ng hatinggabi at ang mga sugat na dulot nito. Samu't saring himutok naman ng pagpapabaya ng pamahalaan sa mamamayan ang hinabing talinhaga ng makatang si Mark Joseph Rafal at pagbibigay dignidad sa responsibilidad ng isang ama ang isa namang akda. Pagbabalik-tanaw naman sa marahas na dispersal ng mga magsasaka ng Kidapawan at paglalaro ng haraya sa nagbabagong panahon ukol sa mga bagay-bagay, maging pag-ibig man o kalagayan ng edukasyon ang tinahi-tahi ng makatang si Maricristh T. Magaling.

Hindi pa sapat ang mga puntong nabanggit ko para sa mga akdang isinama sa *Entrada* ngayon. Sa pagbabagong anyo ng *Entrada*, malamang na maging mas malawak pa ang

pagtingin ng mga mambabasa. Kung tutuusi'y marami pang kailangang asikasuhin sa patuloy na pagbabago, hindi pa nga naisama rito ang iba pang mahalagang gawaing pampanitikan tulad ng pagsasalin, graphic lit, kuwentong UG, at iba pang malikhaing panulat. Dahil hindi nga nakikipagmagalingan ang CCW, nasa isip at plano pa lang ang mga ito. Ang mahalaga ngayo'y nasimulan na ang pagbabago. Lagi kasing masigasig ang bumubuo ng CCW sa anumang hakbanging pampanitikan. Sa ganitong sigla, laging nagpapanibagong anyo ang mga akda kasabay ng metamorposis ng manunulat.

Heto na ang bagong Entrada! Angkinin natin ang pagbabago! Para sa panitikan, para sa bayan!

- Renato C. Vibiesca
PUP, Sta. Mesa, Manila
Hulyo, 2015

Fiction

Eli, Eli, Lama Sabachthani?

ni Lenin Carlos Mirasol

Huminto ako bigla ng pagdarasal bago ako lumuhod sa hangin. Napaisip kasi ako kung ayos na ba ang hawak kong kapirasong papel na may sulat para kay Bapa bilang pamamaalam ko sa kanya. Pinilit ko namang ulit-uliting maisulat lahat ng gusto ko sanang sabihin, pero sa hawak kong papel, tatlong salita na lang ang mababasa ro'n, dahil halos bura-bura nang lahat.

~~Gusto ko pong maunawaan mo sa sulat na ito lahat. Natatakot na po ako sa lahat ng nakikita ko po't naririnig dahil natatakot po ako ng magsabi sa 'yo, Bapa. Kaya po sinasarili ko na lang. . .~~

Pagkagising ko kasi bago muling magsulat, nanginginig ako sa gutom. Kaya noong sinubukan kong isulat lahat sa papel ang mga lilinawin ko kay Bapa, ang gugulo lahat. Pinagbubura ko tuloy, 'yung iba, pinaglalamukos ko't hinagis lang sa gilid ng papag ko. Ilang papel din 'yon, halos maubos ang notebook ko. May mahabang sulat, may maiksi lang. 'Yung huling sulat na tatapusin ko sana, 'yung hawak ko, napatakan naman ng mga luha ko, pati ng mga patak ng nagpapawis kong noo. Kaya hindi ko na rin itinuloy. Siguro dahil talaga sa gutom, kaya hindi ko rin nabuo lahat nang

maayos. Naghahalo ang malamig kong pawis at saka hanging-madaling-araw na galing sa bintana, pati na rin nerbiyos, na nagpapanginig sa 'kin. Kaya pinaiksi ko na lang sa: Patawad po, Bapa.

Sapagkat kailangan kong humingi ng tawad sa kanya.

Sapagkat noong isang gabi, ginambala ako ng bulong at pangitain na nangyayari na dati noong bata pa ako. Bumalik na ulit, noon pa 'yon, dati pa, noong bago pa natutuhan ni Bapa na sinturunin ako kapag may sinasabi akong mga kakaibang bagay na hindi niya nakikita o naririnig.

Si Bapa – tiyo – ay bunsong kapatid ng Ima ko. At kahit bata pa naman siya, mukha na siyang matanda. Napakarami niyang puting buhok kahit na palaging pangsundalo ang gupit niya. At napakapayat kahit malakas kumain, kasingpayat din ng matangos niyang ilong, ng mga mata niyang singkit. Pero kahit paano, kung titingnan kami, para niya akong tunay na anak dahil magkamukha kami. Mas matangkad lang ako sa kanya nang kaunti at mas maitim ang balat. At palagi nga lang ding nakataas ang noo ni Bapa, na kabaligtaran kong mahiyain. Siya kasi, para siyang sundalong totoo, laging nakatindig, halos hindi rin ngumingiti, at napakaestrikto pa lalo na sa kalinisan at pagkain.

Kaya nga hindi ko na pinansin ang mga nakita't narinig kong pangitain noong isang gabi sa takot ko sa kanya. Nanatili lang ako sa papag ko sa kuwarto. Sigurado, 'yon ang dahilan ng pagkamatay ng isang babaeng nasagasaan sa labas, na walang makakilala kung sino siya maliban lang sa 'kin. Si Marie 'yon. Wala kasi siyang mapuntahan dahil wala ako sa tapat ng karinderya namin. Noong oras na nasagasaan siya, 'yon na sana ang pagkakataon namin na magkakilala nang personal kung lumabas lang ako, dahil nakatadhana kaming dalawa. Kaya kilala ko siya kahit hindi pa kami nagkikita. Ang mangyayari sana, noong nasa daan siya't walang mapuntahan dahil naglayas siya sa bahay nila, o marahil para sundin ang tadhana namin, sa karinderya namin

siya mapapadpad para kumain ng hapunan. Kaya lang hindi nga ako lumabas ng kuwarto agad dahil baka isipin ni Bapa na nababaliw na naman ako. Kaya nang lumabas ako nang gabi na, sa mga usapan na lang nina Bapa at ng mga kumakain ko siya nakilala: isang babaeng halos kasing edad ko na nasagasaan ng kotse ilang kanto lang ang layo.

Hindi ko rin alam ang hitsura niya, basta mahaba ang buhok – kung paano ko siya nakikita dati sa mga pangitain na ngayon lang naging malinaw sa ‘kin dahil nangyari na nga, namatay na siya. Hindi ko alam paano ko nga uumpisahan sabihin sa sulat kay Bapa lahat ng mga ‘yon para maunawaan niya. Nilamukos ko lahat ng mga papel.

Noong oras na nasa papag ako, biglang umambon kahit maalinsangan naman. Malungkot na pangitain, naisip ko. Biglaan ding nag-brown out, bigla akong may narinig na bumulong sa ‘kin, ang lakas dahil tahimik. Pero, hindi ko ‘yon inintindi.

Pagkatapos n'on, kahit ang paligid naantig ang puso: lumuha nang kaunti ang langit; may mahihinang hikbi rin, mga kulog, at tumigil sa pagsasayaw ang mga dahon ng puno ng mangga sa tapat ng bintana kahit mahangin. Nagyukuan sila. Ang dilim-dilim nang oras na ‘yon. Liwanag lang ng buwan ang nagsilbing ilaw.

Nang nagkailaw, sinabi ko sa sarili ko, “Hindi totoo ang lahat, hindi.” Walang masamang nangyari o mangyayari. Pero, biglaan, may paruparong itim na pumasok sa kuwarto’t dumapo sa ilaw. Isang kumpirmasyon sa nangyaring hindi maganda.

Para akong nagsisi, nanghinayang, kasi no'ng brown-out pa lang, malinaw ang bulong, ang lakas nga: “Ian, tingnan mo ‘yung paligid. Nakikisama. Huminto ang mundo. Walang kuryente. Ito ‘yung oras, abangan mo na sa labas, ngayon na. Kundi, hindi maganda ang mangyayari”.

Kaya nga lang huli na ako. Hindi ako nag-abang sa tapat ng karinderya namin kaagad. Sana, sinunod ko na, kaso, takot na takot akong mahalata ni Bapa na may kung anong iniisip na naman ako. Sa isang tingin pa lang niya kasi sa 'kin, alam na niyang may naririnig o nakikita na naman akong hindi niya naririnig o nakikita. Kaya siguro nga, kasalanan ko talaga ang pagkamatay ni Marie. Wala akong ginawa para mangyari ang tadhana namin sa kabila ng mga bulong at pangitain.

Sigurado kung nahalata ako ni Bapa, kahit pangalawang taon ko na sa kursong HRM, sisinturunin pa rin niya ako. Paraan niya kasi 'yon sa paggamot sa 'kin mula noon: sinturon at isang katutak na pangaral ang solusyon niya sa pagtanggag sa mga nakikita ko't naririnig.

Sinasabi palagi ni Bapa na noong nasa tiyan pa lang daw kasi ako ng Ima ko, lumindol daw noon sa halos buong Luzon. Nagresulta ang lindol na 'yon ng maraming taong nalibing ng buhay, sa mga gumuhong building, hotel, pati na mga nabiyak na kalsada. Sa Baguio at Central Luzon nga raw ang pinakanapuruhan ng lindol. Kaya 'yung libu-libong boses daw ng mga dasal, saklolo, hiyaw sa buong paligid, parang pumasok sa kukote ko habang nasa tiyan pa lang ako. Kaya may pagka-murit – sintu-sinto – nga raw ako, at saka matigas ang ulo, ni ayaw makinig basta-basta sa nakatatanda.

At kung minsan, iba naman. Sa isang bersyon naman niya:

“Manang-mana ka talaga sa Ima mo... Pati sa Tatang mo!” ang madalas niyang banggitin.

Ang Ima ko raw, ang Nanay ko na panganay sa kanilang tatlong magkakapatid, kagaya ko ring murit. Naipasa lang sa 'kin. Bunga raw ang kay Ima ng giyera laban sa mga Hapon, noong World War II, dahil gerilya dati si Apu Kikoy, ang lolo ko, na nakasaksi raw ng napakaraming kamatayan, halimbawa ng Death March. Kaya raw posibleng naipasa kay Ima ang mga matang nakasaksi ng daan-daang trahedyas. Kaya naman, mula bata raw si Ima, murit na rin daw.

Bukambibig daw niyang nakikita niya ang hinaharap, na siya lang daw ang magkakaanak sa buong angkan pero 'di rin naman magtatagal ang buhay ng bata dahil sa isang sakunang magaganap.

Ako ang resulta ng sinabi ni Ima noon, ang nag-iisang anak ng lahi nila. Napakalaki raw ng ulo ko noong pinanganak ako pero napakaliit at napakapayat naman ng katawan ko, kasya nga raw ako sa kahon ng sapatos. Pero, pagkakita raw ni Bapa at ng Lola Ima ko sa 'kin, naisip nila, dapat akong alagaang maigi dahil may bitbit na suwerte ang mga batang kagaya ko. Alagang-alaga ako nilang dalawa, marahil sa loob-loob nina Bapa't Lola Ima, baka may katotohanan ang sinasabi ni Ima kaya lagi silang handa. Sinasabi na lang nilang suwerte ako bilang pangontra. Lalo na sa sinasabi ni Ima, na ikiniinit palagi ng ulo ni Bapa, na dapat daw magpasadya na ng magagandang maliit na damit at kabaong para sa 'kin, 'yung kasinglaki ng kahon ng sapatos.

At ngayong malaki na nga ako, marahil daw, sakit ko ang pagka-murit na namana ko nga kay Ima, sabi ni Bapa. Lumindol nga lang kaya nag-iba. Kaya ang dami kong naririnig. Pero may suwerte rin naman akong dala. Yung mga boses kasi, kagaya kay Ima, sinasabi nila sa 'kin at nakikita ko rin ang hinaharap kahit hindi ko naman nauunawaan kung sigurado ba o ano. Kagaya ng tadhana namin ni Marie na maging mag-asawa sana, nakita ko na 'yon noon, noon pa, noong bata pa ako't ngayon ko nga lang napatunayang totoo dahil may babaeng nasagasaan. Gusto ko talagang linawin 'yon kay Bapa sa mga sulat ko para maunawaan niyang kailangan kong magpaalam na. Kaya lang ang hirap nga ipaliwanag nang maayos. Nakarami ako ng nilamukos na papel, may nag-umpisa sa umpisa, minsan sa gitna, minsan sa dulo na kaagad. Na siguradong lalo lang talagang iisipin ni Bapa na nababaliw lang ako't lalo lang siyang hindi maniniwala kung sasabihin ko lang sa kanya. Kaya gusto ko, isulat. Noon nga kapag pinilit kong ikuwento sa kanya ang mga gano'n, lalo lang lalakas ang mga hampas ng sinturon niya sa 'kin, lalo lang ding mangangaral.

Ayon pa nga sa mga sinasabi niya sa pangangaral sa 'kin, "Akalain mo, kung hindi ba naman murit ang ima mo, katanda-tanda na, mag-aasawa na lang, sa isang murit din! Maipilit lang niya 'yung sinasabi niyang nakikita niyang magkakaanak siya."

Nag-People Power na kasi sa EDSA na nagpabagsak kay Marcos, at pagkatapos, hindi na rin namundok ang kababayan nilang si Kumander Dante, hindi pa rin daw sumunod ang tatang ko sa 'demokratikong espasyo' na programa ng kababayan din nilang si Cory Aquino. At mula raw noong taong 'yon na umalis si Tatang sa bahay, di na siya nakita ulit hanggang ngayon. Bali-balita na lang sa pamilya namin na napugutan siya ng ulo ng mga kulto pagkaalis niya. 'Di ko 'yon matiyak kung totoo nga hanggang ngayon. Kaya ipinagpapalagay kong buhay pa rin siya. Ang problema lang, baka hindi na lang niya kami matagpuan matapos ang sakunang sinasabi ni Ima.

Noong 1991 'yon naganap, noong kasya pa ako sa kahon ng sapatos, noong nagpakita na ang sakunang mangyayari dapat sa 'kin na nakita na ni Ima, pero hindi natuloy dahil nailigtas ako ni Bapa. Ng Diyos, ipipilit naman niya. Ang lahat daw ng nakaligtas ay iniligtas dahil sa kanilang pananalig sa Diyos.

Sa pagputok 'yon ng Bulkang Pinatubo. Si Bapa raw kasi ang may bitbit sa 'kin madalas. Bantay-sarado ako sa kanilang dalawa ni Lola Ima dahil nga raw anumang oras ay baka magkasakit ako sa sobrang payat ko't laki ng ulo. Kaya ang binanggit na sakuna ni Ima, naligtasan namin ni Bapa, mabilis siyang nakaalis ng bahay, nakapunta sa ligtas na bahagi ng barangay namin habang buhat-buhat ako. Pero ang bahay namin, nalamon ng lampas sampung talampakang lahar, kasama doon si Dara, tiyahin na asawa ni Bapa, si Ima, at Lola Ima na naiwan din sa loob ng bahay.

Iyon ang nagiging dahilan ng paglipat namin sa isang sulok ng Maynila. Dito sa inuupahan naming bahay na

parisukat at mababa lang, na gawa sa mga tabla pero kahit paano'y maayos ang hitsura, malinis ang pintura't may kuwarto nga ako sa dulo na kaharap ang malaking puno ng mangga. Dito na ako nagkaisip, dito na rin mauutas.

Kaya kahit palagi akong pinapagalitan ni Bapa, kahit masungit siya, alam kong mahal niya ako kahit 'di niya sabihin. Hindi rin ako nagagalit sa kanya. Tinuturing niya akong tunay na anak. Kahit kunwaring tinatawag niya akong murit, bolang o sintu-sinto nga, naniniwala akong sa loob-loob niya, naniniwala rin siya sa 'kin. Pero natatakot siyang makita ang hinaharap, ang mga pangyayaring binabanggit din ng atse niya, ng Nanay ko, noong bata pa sila. Di niya iyon kakayanin. Ikababaliw niya talaga 'yon.

Pagkatapos ng lahar, nagpanata si Bapa: na hindi na siya mag-aasawa't papalakihin niya ako bilang anak, at bilang pasasalamat din sa ating Diyos na nabuhay kami. Kahit pa yumao ang mga mahal namin sa buhay dahil sa lahar, nailigtas naman Niya kaming dalawa.

Sa loob ng 10 taon tuwing Semana Santa, taun-taon siyang sumasali sa salibatbat, nagpepenitensiya siya sa Tarlac, bilang panata ng pasasalamat sa Diyos. Naglalakad siya ng nakayapak sa init ng araw tuwing Semana Santa, nakatakip ng kulay itim na tela ang mukha niya tapos may nakaputong na halamang tinik na korona, kagaya ni Hesu-Kristo. Walang T-shirt, at, ang likuran niya, na hiniwa-hiwaan ng maliliit gamit ang blade, ay hinahampas-hampas ng lubid niyang hawak na may mga piraso ng kawayan sa dulo sa bawat paghakbang niya. Nagpupunta sila sa bawat pune, maliit na kubol na gawa sa mga dahon ng buko't kawayan, kung saan may altar, kung saan palakas naman nang palakas ang tunog ng trompa sa pag-awit ng mga berso tungkol sa pasyon ni Hesu-Kristo habang paparating silang mga salibatbat. Doon dumadapa sa buhanging-lahar ang payat niyang katawan, sa harapan ng altar na para rin siyang nasa krus, nakadipa ang mga kamay, nakasubsob sa buhangin ang nakabalot niyang mukha, habang nagdarasal siya, habang humihingi ng gabay

at tulong sa pagharap sa mga problema sa buhay, habang nagpapasalamat sa Diyos sa Kanyang mga biyaya, iyon ay habang hinahampas-hampas siya ng tangkay ng dahon ng saging nang 'di naman kalakasan mula paa hanggang magkabilang dulo ng kaliwa't kanan niyang nakadipang kamay.

At dahil nga roon, sabi ni Bapa, dapat paglaki ko, magpanata rin ako bilang pasasalamat, saka sa naging maayos na buhay namin kahit paano. Lalo na sa pagkakaligtas sa 'kin sa nakita ni Ima na mangyayari sa 'kin. Kaya nga't nabuhay pa ako't nagbinata. Utang namin ang lahat sa Apu Diyos.

Pagkatapos ng lahar, matapos kaming buong angkan manirahan sa kanyang atse na hindi gaanong nasalanta ng lahar ang bahay sa Tarlac, Tarlac, ang pangalawang panganay na ate ni Bapa na kagaya rin niyang payat at halos kulay puti lahat ang buhok, na-stroke naman bigla si Apu Kikoy, ang lolo ko. Doon siya nakatira't nagpapagaling hanggang ma-stroke ulit noong 1992 sa pangalawang pagkakataong tumapos na ng buhay niya pagkatapos na pagkatapos magkaroon ng solar eclipse.

Naramdaman mula n'on ni Bapa na kailangan na niyang makipagsapalaran sa Maynila pagtapos ng lahat. Iniwan muna ako ni Bapa hanggang natuto na akong maglakad at magsalita bago isama sa Maynila dahil sinuwerte na raw siya.

Suwerte, o pagtugon 'yon ng Diyos sa mga kahilingan niya: ito ang pinakamaikling paliwanag kung paano naging mabenta ang mga tinda niyang kakanin at minatamis. Mga minatamis na nagtanggap ng pait ng buhay namin, sa isang eskuwelahan sa Maynila kung saan ako nag-aral hanggang high school, ang pinagmumulan ng kabuhayan namin, na pinagmulan din ng pagdurusa ko, doon naging Oti ang palayaw ko, pinaikling autistic ayon sa mga kaklase ko. Kahit na mas guwapo ako sa karamihan ng mga kaklase ko, kahit na mas malinis ang uniporme ko kaysa sa kanila at kahit na mas mukha silang abnormal kaysa sa 'kin. Paano, may sarili

raw akong mundo, kung minsan, nakikita nila akong may tinatanguan, o ngingingitian kahit wala naman silang nakikita. At ni minsan, wala akong babaeng nagustuhan doon, kahit na minsa'y si Bapa na mismo ang namimilit sa 'kin na manligaw. Dahil siguro kay Marie, na palagi kong naiisip noon tuwing nagkakagusto ako sa iba, dahil nakatadhana kaming dalawa.

At sa eskuwelahang 'yon, para sa kanila, may kakaibang lasa ang mga tinda ni Bapa, lalo na 'yung maja blanca na gawa niya. At di-naglaon, natuto na rin si Bapa ng iba pang paninda, ng palabok, champorado at marami pang pang-almusal at merienda. Nitong huli'y nakapagtayo na nga kami ng karinderya sa tapat ng bahay namin, may ilan na ring nagtatrabaho na sa karinderya, ngunit ang dalawa lang ang parang katiwala sa lahat ng operasyon. Kagaya rin namin sila na galing din kung saang sulok ng Pilipinas, na napunta sa kung saang sulok ng Maynila sa lugar na tinitirhan namin. Ang isa'y babaeng 19 anyos na tumutulong sa pagluluto kay Bapa at isang boy, na tagamando sa mga tagabuhat, tagahugas ng pinggan at tagalinis.

Sa umaga, palabok at champorado ang mabenta habang tuluy-tuloy pa rin ang pag-deliver namin ng mga kakanin, ng maja blanca, sa eskuwelahan. Sa tanghali at hapunan, ang sisig, at nilagang baka ang ipinagmamalaki ng kainan namin.

Kung anu-ano na ngang tsismis tungkol sa pagluluto ni Bapa kung bakit ito masarap, na ang kamay niyang pinangkakamot niya sa singit o sa bayag ang sikretong sangkap nito, na dinuduraan daw niya ito, na nilalagyan ng gayuma, na si Bapa mismo'y hindi kinakain ang sariling luto dahil marumi, kaya napakapayat niya. Pero, sa kabila ng mga tsismis, nakakayang makipagsabayan ng karinderya namin sa mga sunud-sunod at magkakatatapat na parang mga kabuteng nagsusulputang mga fastfood at kung anu-anong magagarbong kainang hindi pampilipino sa kalyeng tinitirhan namin. May kakaibang sarap daw talaga kasi sa karinderya namin na hindi maipaliwanag ninuman.

At kahit ako, hindi ko rin maipaliwanag. Maliban lang sa alam kong minana 'yon ni Bapa kay Apu Kikoy. Kaya Apu Kikoy's Eatery ang pangalan ng karinderya namin. Na, ayon kay Bapa, minana naman ni Apu Kikoy sa Ima niya, na nagmula naman sa Tatang nitong Kapampangan din, noong bago pa gawing bayan ang Tarlac sa huling taon ng mga Kastila. O marahil, sa mga ninuno pa namin bago pa sinakop ng mga Kastila ang bansa natin. Noong sikat pang lutuin ang mga tugak – palaka – at balang na nasa mga talahiban sa Tarlac. Noong bago pa impluwensiyahan ng mga Kastila ang lutong Kapampangan, noong tibok-tibok pa lang bago maging maja blanca. Sapagkat laging may alternatibong sangkap ang mga Kapampangan sa sangkap ng mga Kastila. Kaya nga, laging Kapampangan ang mga tagaluto ng mga Kastila. At resulta nito, natatak na talagang masasarap magluto ang mga Kapampangan. At naging simpatiyador din ng mga Kastila.

Kaya nga't namana ni Bapa ang talento sa pagluluto ni Apu Kikoy, ang talentong galing pa sa mga ninuno namin at posible rin naman daw na taglay din ng gamat ko – kamay ko – ang kay Apu Kikoy. Kaya nga HRM ang kursong gusto niyang kuhain ko.

Pero, alam din ni Bapa na hindi talaga, mga matang nakakakita ng hinaharap ang minana ko kay Apu Kikoy, na dumaan kay Ima, na nagmula pa marahil noon pa kagaya ng pinagmulan ng talento sa pagluluto ni Bapa. Galing din marahil sa mga ninuno namin na nakakakita ng mga pangitain sa hinaharap, ng ilang mga trahedya't sakuna.

Sa abot ng alaala ko, ang pinakaunang beses na makaramdam ako ng kagaya ng naramdaman ko noong isang gabi, ay noong isang Semana Santa, nasa Grade 2 yata ako no'n. Sumama ako kina Bapa at mga salibatbat para magbanlaw sa ilog, galing sila sa pagpepenitensiya. Lumalayo ako nang kaunti sa kanila, dahil kapag natalalikan ng dugo ng salibatbat, lilipat sa iyo ang mga kasalanan nilang hinihingian nila ng kapatawaran sa Diyos na nakapaloob sa mga dugong tumatalsik.

Naglaro lang ako no'n ng mga buhangin, ng lahar, tapos nakakita ako ng mga batang baluga. Sinundan ko sila papuntang ilog. Pero ewan kung saan napunta. Natakot ako no'n dahil mapapagalitan ako ni Bapa kapag lumapit pa ako nang kaunti sa ilog, pero may babaeng mahaba ang buhok ang lumapit sa 'kin. Tapos biglang may boses, ang unang pagkakataong naaalala kong may narinig ako:

“Wag kang matakot, Ian. Tara.”

Iniiisip ko no'n kung 'yon ba ang Ima ko, o ang Dara. Hindi ko sigurado kasi hindi ko sila nakita kahit sa ritrato lang. Pagtapos, may boses na nagsalita sa tenga ko ulit, inaanyayahan akong ilubog ang mukha ko sa tubig. Inilubog ko, pero nakapikit, hanggang alulod ko lang ang tubig. Napaupo pa nga ako sa pagkakayuko. Narinig ko ulit ang boses, dumilat daw ako. Pagdilat ko, magkalapit ang mga mukha naming dalawa, naroon din siya't nakalubog sa tubig, kaharap ng mukha ko, nakangiti. Kaya nawala ang takot ko. Pero nang lumubog ako ulit nang nakadilat, ang dami kong nakitang mga kamay, mga paa, nasa loob ng putikan, kumakaway pa nga ang iba. Humihingi ng tulong. Pag-ahon, isang malakas na:

“Taneydamo! Sinabi ko na kasi, ali kang tutuki keni, e!” sabay palo sa puwet kong basa. Si Bapa 'yon. Galit na galit. At paulit-ulit na nagmumura. Na hindi ko gaanong naririnig dahil sa bulong sa tenga ko na, sunod-sunod, na magkikita kami ulit, hintayin daw namin ang isa't-isa. “Balang-araw... tayong dalawa.”

Kinabukasan, dinala ako sa albulario, 'yon daw nakita ko, mga nalunod simula noong sinaunang-panahon pa. Kasama raw doon ang mga katutubong pinagpapatay ng mga Kastila, lalo na ng mga Amerikano, at saka ng lahar.

Yung babae'y hindi rin tiyak kung sino. Kasi hindi raw siya sigurado sa tawas na ginawa niya. Sinunog niya ang isang kutsara sa kandila, pagkatapos ikiniskis sa puting papel tapos tiningnan ang mga nangyari mula sa mga anyong nabuo sa

dumi sa papel na pinagkiskisan ng sunog na kutsara. Dinala ako sa albularyo kasi, noong hapon n'on galing ilog, alas-singko, nagsisigaw ako't nag-iiyak, marami akong naririnig na boses at mga tilian. 'Yung boses lang ng babae ang nagpapagaan ng loob ko sa dami:

"Baditsawra! Baditsawra!" sabi ng mga boses, tapos sisigaw ako ng, "Bapaaa! Nandyang na sila!" Tapos parang may mga bakal na kumakaladkad sa sahig. Pakiramdam ko no'n nasa ilalim ako ng tubig. Nahihirapan akong huminga. Nakita ko si Bapa na nanginginig, natataranta. Kita ang panginginginig sa rosaryo niyang hawak na idinidikit sa'kin. Kasama ang payat niyang atse.

Sabi ng albularyo, dahil sa tunog ng salitang baditsawra, baka raw mga sakang na Hapon. At saka 'yung Death March dahil doon sa parang bakal na kumakaladkad sa sahig. Kaya lang, hindi raw siya sigurado't hindi niya ako magamot nang maayos dahil Semana Santa, mahina raw o baka hindi epektibo ang panggagamot niya dahil nagdurusa o patay na ang Diyos ng mga araw na 'yon. Baka umatake pa raw ang mga masamang elemento sa kanya dahil bulnerabol siya. Pinayuhan na lang niya kami na bumalik na muna agad sa Maynila. Mahirap na raw kasi kung magtatagal pa.

Pag-uwi namin sa Maynila ng Sabado, ilang araw lang, dinala ulit ako sa albularyo, buhay na ulit ang Apu Diyos no'n pero hindi maipaliwanag ng albularyo kung sino 'yung babaeng mahaba ang buhok na lagi kong nakikita.

Habang abala kasi si Bapa sa pagluluto ng kakaning ipangde-deliver, manghang- mangha ako sa hitik na punong mangga na kita sa bahay namin, na naging kuwarto ko paglaon. Bunga raw 'yon ng pagpapausok sa puno araw-araw, ayon sa bumulong sa tainga ko na mamitas ng mangga. Muntik na akong mahulog no'n, nagulat kasi ako kay Bapa na biglang sumilip sa bintana, galit na nagmumura nang nakita niya akong nasa itaas ng puno, kumakamot pa siya ng ulo. Buti na lang, suwerteng nakakapit ako. O tinulungan ako

ng babaeng mahaba ang buhok? Hindi ko na maalala basta alam ko, kasama ko siya sa puno bago ako sigawan ni Bapa. Hanggang pag-uwi kong may abot-tenga akong ngiti kahit galit si Bapa, kasama ko siyang nagbitbit ng mga manggang nakuha ko. Kinuwento ko lahat 'yon kay Bapa pero parang natatawa lang siya. Hindi niya iniintindi.

At nang gabi na, bigla na lang ulit akong nagsisigaw, para kasi akong nalulunod, hindi ako makahinga sa dami kong naririnig, sa ibaba o sa itaas, o kung saan galing. Basta wala akong maintindihan kundi, “ablalabla, blu, blu, bla, bla...” sa sobrang dami. Kaya sumisigaw ako ng, “Bapa! Bapa!” saka iiyak ako nang napakalakas, kasabay ng walang-hintong “Bapa! Bapa!” Kitang-kita sa mga mata ni Bapa ‘yung takot, maliban pa sa nginig ng rosaryong nilalapit niya sa ‘kin. Tapos para akong nalunod na dinala niya sa albularyo, parang wala nang buhay, na napadalas nangyayari mula no’n, na para naman sa albularyo, walang kinalaman ‘yung babaeng nakikita ko. Hindi raw niya malaman kung sino, at sinabi pa nga niyang epekto ng imahinasyon ng batang makukulit. At baka may problema ako. Kaya’t ipatingin ako sa mga doktor, sa psychologist. Na hindi naman ginawa ni Bapa kahit gabigabi akong nagsisigaw.

Siguro’y sa kawalang-pag-asa sa paggaling ko, doon nag-umpisang bitawan ni Bapa ang rosaryong hawak niya’t palitan ng sinturon. Nawala na rin ang mga bakas ng takot sa mata niya, napalitan ng kalungkutan, na aagusan ng luha habang hinahampas ako’t, alam kong hindi ako ang tinutukoy niya sa: “Taneydamong murit! Anak-putang animal!” habang umiiyak din siya’t hinahampas ako nang malalakas.

Dahil nga madalas akong makakita ng kung anu-ano galing sa ibang mundo, sa nakaraan o sa hinaharap, kabisado ko na ang lasa ng hampas ng sinturon ni Bapa. Sa mga latay ko sa kamay, sa paa, sa likod, at kahit sa mukha. Hanggang nakalakihan ko ngang natatakot ako sa sinturon na ‘yon. At kapalit ng takot ko ay pagtanggap ko sa mga nakikita’t

naririnig ko, pagtanggap malaman ang hinaharap, dahil unti-unting nalimutan ko na lahat 'yon, o naging isang patawa na may nakikita akong iba sa ibang tao kahit na may paminsan-minsan akong tinatanguan o nginingitang hindi nakikita ng iba. Kagaya rin ng katatawanan na nakita ko na ang hinaharap, na ang mga boses na naririnig kong hindi ko maunawaan ay dahil sa sobrang dami pang mangyayari't nangyaring hindi ko alam na alam ko na. Mula sa mga busina ng mga maiinit na ulong driver sa EDSA kasama rin ng mga nawasak na billboard noong high school ako dahil sa bagyo, ang mga kaluluwang hindi malaman ng mga kamag-anak kung nasaan ang katawan ng mga minamahal nila, ang mga masaker na ginawa at ginagawa sa mga magsasaka sa mga hasyenda, lalo na sa Hacienda Luisita, ang dami-dami, ang dami para sabihin ko lahat ng mga mangyayari, ng mga sakuna, ng bagyo, ng mga gyera. Pero ang malinaw sa 'kin, ang importante, ang babaeng kasama ko sa ilog na naliligo sa Tarlac at kumukuha ng mangga sa puno noong bata pa lang ako ay si Marie. Ngayon sana mangyayaring magkita na kami, ngayong malaki na rin ako. Noong isang araw magkikita na sana kami, kaya lang nasagasaan siya, hindi ako nagtiwala sa bulong at pangitain kahit nangyayari na. Dahil lang sa natakot ako sa latay ng sinturon. Bigla ko ngang naisip na sa mata lang talaga ako walang latay, na hindang-hindi talaga nagamot ng latay ng sinturon ni Bapa. Dahil ang linaw-linaw pala ng hinaharap sa mga mata ko noon pa, na darating ang oras na pupuntahan ko 'yung naghahintay sa 'king tadhana. Kaya sa isang banda, dapat talaga akong humingi ng tawad kay Marie. Kailangan ko siyang makita't makausap, o ituloy ang tadhana namin. Dahil ako ang dahilan kung bakit siya nasagasaan, at dapat kong unawain si Bapa na hindi niya ako mauunawaan. Gusto kong ipaliwanag ito sa kanya lahat. Lahat-lahat. Isulat sa papel ang mga naisip ko, kahit sobrang dami sapagkat kailangang mag-umpisa sa simula.

Pero pinili kong mas ako sana ang unawain niya, kaya binura ko talaga lahat, at pinagtatapon ang mga sinulat ko nang nagising akong masakit ang tiyan at pinalitan ko na lang

ng, Patawad po, Bapa. Mas maraming laman ang tatlong salitang 'yon kaysa magpaliwanag

Dahil nang lumabas ako no'ng gabi't nabalitaan ko kina Bapa at sa mga kumakain sa tindahan namin na may babaeng nasagasaan, hindi na ako kumain no'n hanggang makatulog, kahit pa pinilit ako ni Bapa. Alam ko kasing aalis ang kaluluwa ko sa katawang-tao ko kapag hindi ako kumain, aalis habang natutulog, kakalampagin nito ang mga kaldero para maghanap ng makakain, at sa oras na 'yon, tatakbo ako para hanapin si Marie. Marami pang araw sa siyam na araw na mananatili siya bago ang oras na malalaman niyang patay na nga siya, bago siya tuluyang sumakabilang-buhay. Kaya't posibleng matutuloy pa rin ang tadhana naming dalawa dahil pupunta pa rin siya sa karinderya. Aabangan ko pa rin siya.

Kaso hindi nangyari ang pagkalampag sa mga kaldero, nagising akong masakit lang ang tiyan sa papag, pawis na pawis, nanginginig sa gutom at sa hanging-madaling- araw, isama pa ang nerbiyos ko. Bigo ako.

Kaya binalak ko sanang sulatan si Bapa nang mas kumpleto kahit hindi gaanong mahaba para sa desisyon kong ituloy pa ring makausap si Marie. Ikukuwento ko muna ang lahat nang kaya na nasa isip ko para maunawaan niya. Dadaanan ko ang nag-iisang shortcut gamit ang manipis kong kumot. One way trip to paradise, wala nang balikan. Pero naisip kong dapat na lang akong magpatawad kay Bapa, mas gusto ko na lang na patawarin niya ako. Na sa pagpapatawad niya sa 'kin ay palagi niya akong ipagdarasal sa gagawin kong kasalanang paglabag sa utos ng Diyos, para kahit paano'y mailigtas niya ako ulit sa huling pagkakataon, at matiyak na matanggap ako sa langit sa pamamagitan ng maraming dasal at pagtirik ng mga kandila.

At kahit pa iiwan ko na si Bapa, alam kong mauunawaan niya 'ko pero hindi niya kaagad matatanggap. Matagal. Nakikita ko na kung anong mangyayari, malinaw na malinaw sa mga mata ko't sigurado ako. Kaya napahinto

ako sa pagdarasal. Inisip ko muna maigi ang lahat ng mga mangyayari para sa kapanatagan ng loob ko:

Kinabukasan pa ako makikita ni Baba, magmumukha akong sinampay, nakayuko't kulay ube na dahil nakatalikod niya akong makikita. Iisipin pa nga niyang nanloloko lang akong nagbigti gamit ang kumot dahil nasa ibaba pa rin 'yung mga paa ko. Tapos bigla niyang makikitang gegewang-gewang ako. Kakabahan siya nang matindi. Yayakapin ako para tingnan, sa unang bugso ng hawak niya, malalaman na niyang totoong patay na ako, dahil sobrang tigas ko na. Dilat pa rin ang mga mata kong nakatingin sa kawalan at nakalabas nang bahagya ang dila kong tuyo. Sisigaw at iiyak siya nang sobrang lakas na magugulantang maski ang mga nasa karinderya, kasama ng mga kumakain. Isisigaw niya ang pangalan ng iba't ibang santo, tapos isisigaw din niya lahat ng tanong niya, at lahat ng klase ng murang alam niya. Tapos maiisip niyang desidido ako talaga dahil maiisip niyang kaya namang abutin ng paa ko 'yung sahig ng kuwarto dahil mababa lang 'yung kisame, kung saan gumawa pa 'ko ng sasabitan ng kumot. Pero lumuhod talaga ako sa hangin para matuloy. Bahagya siyang kakalma kahit paano, para unawain ako, para patawarin ako, para wala na siyang maisip kung may kasalanan ba siya. Iiyak na siya nang normal nang makita niya ang sulat na babagsak sa kamay ko sa pagkakayakap niya sa 'kin.

Ituturing niyang kayamanan ang kapisang papel na 'yon na may tatlong salita, at lalo na ang mga nilamukos kong papel sa gilid ng papag ko na may mas maraming mga nakasulat kahit hindi niya halos mabasa lahat, na ang kabuuan ng lahat ay humihingi ako ng tawad sa kanya't ipinaliliwanag ang mga nangyayari sa loob ng aking utak. Tatawa siya, hindi pilit na tawa, kundi ang isa sa pinakamaligayang tawa niya sa buong buhay niya. Tatawa siya nang tatawa. Pero sa isip niya, Bakit, Ian, anak? Maiisip din niyang hindi makatotohanan ang mga nasa pelikula na malalambot na bangkay. Tatawa siya ulit dahil unang beses niyang nakahawak ng malamig na bangkay. Darating bigla 'yung nagtatrabaho sa karinderyang

probinsyana, titili siya. Tapos yayakapin ang nakahigang si Bapa, na parang walang emosyong bulateng-tao sa kapayatan, walang-ganang gumalaw, parang lehitimong murit na nakangisi. Tatawa-tawa si Bapa – na matagal pang mauulit muli. Matagal niyang hahanap-hanapin ang sarap ng tawa niyang ‘yon sa loob ng maraming taon. Pero bago ‘yon, aasikasuhin lahat ng babaeng kasama niya sa pagluluto ang lahat ng gagawin sa ‘kin: pagkababa sa akin ng boy, hanggang paglibing, hanggang pagpapadasal, hanggang babang luksa, hanggang pag-asikaso sa buhay ni Bapa, sapagkat matagal siyang mananatiling parang taong walang emosyon.

At pagkatapos ng babang-luksa, tatangkain nila ni Bapa na magkaanak, magpapakasal sila. Pero wala ngang magkakaanak sa pamilya namin, sinabi na noon pa ni Ima. Doon mag-uumpisang lagi nang iinom ng alak si Bapa, sa pag-iwas sa paghihirap niya sa mga alaala niyang bumabalot sa kanyang kukote. Kakaunti na rin ‘yung bibili sa Apu Kikoy’s eatery. Hihinto sa pagtakbo nang maayos ang lahat ng ‘yon kasabay ng hindi paggalaw ni Bapa sa bahay, hanggang malaos ang karinderya. Hindi matututuhan ng mapapangasawa niya ‘yung husay sa pagluluto ni Bapa kahit itinuro lahat ng paraan sa kanya. Pero walang paki si Bapa sa lahat kundi ‘yung alak niya, hanggang pitong taon makalipas ng babang-luksa, ay mai-stroke din siya kagaya ni Apu Kikoy pero kalahating katawan lang ang mamamatay sa kanya, hindi na siya makakainom ulit. At doon siya ulit makapag-uumpisang mahanap ulit ang galak at tawang naglaho sa kanya. Sa pamamagitan ng mga itinuring niyang kayamanan: ang mga sulat ko para sa kanya, ang tatlong salita, ang mga nilamukos kong papel na maraming bura-bura. Doon niya susubukang buuin ang lahat ng mga alaala ko, alaala niya, alaala namin, ng angkan namin. Doon niya matututuhang yakapin nang buo ang mga sakit ng mga alaala, ang lahat ng nangyari, ang kaligayahang epekto ng trahedyang. Kaya paulit-ulit niyang babasahin ang mga nilamukos kong sulat bilang daan niya pabalik sa nakaraan, pipilitin niyang mabasa lahat. Mararamdaman niya kung paano ako mag-isip, kung anong mga dinaramdam ko, kung ano ang mga hinaharap at mga

nakaraang nasa tuktok ko. Dadamahin niyang maigi lahat 'yon, hanggang susubukan niyang ituloy ang mga sinulat kong puro bura sa mga nilamukos na papel na para bang ako ay siya. Iisipin niyang ibinubulong ko sa kanya ang mga nangyari noon, na para bang nabubuhay nga ako sa bawat letra, sa bawat salitang nililikha niya, dahil lumilina sa kanya ang mga iniisip ko't ang mga mangyayari pa. Para siyang murit na tatawa ulit. Tatawa nang tatawa. Isusulat niya sa papel 'yon lahat, hanggang sabihin niya sa Diyos: Diyos ko, bakit Mo kami pinabayaan?

Hanggang tumanda si Bapa, matandang-matanda kahit medyo baldado. Aalagaan siya ng napakabait niyang mapapangasawang probinsiyana, hanggang sa panahon na magkita na kami ulit, kasama rin ng iba pa naming mahal sa buhay. Maliban lang sa balbas-saradong Tatang ko, na alam ko, balang-araw, kasama siya o ng mga kasama niyang dadating din, sa tamang panahon. Pero ang magkita pa kami, hindi ko tiyak pa. Ang alam ko lang ay mahabang-mahaba pa ang buhay niya. Maging sa sulat na mabubuo ni Bapa bilang maikling kuwento ay hindi siya tiyak doon.

Nakaramdam ako bigla ng kapanatagan matapos kong maisip lahat ng mga mangyayari. Inayos kong maigi ang pagkakabuhol ng kumot sa leeg ko. Naisip ko bigla, Naiisip ko na lahat ng mangyayari, ang hindi ko na lang alam, 'yung mangyayari sa kabilang-buhay. Pero ayaw kong magduda. Tiyak akong ipagdarasal ako palagi ni Bapa at ipagtitirik ng kandila para sa katubusan ng kaluluwa ko. At alam kong hindi ako mabibigo, umaasa ako, matapos kong lumuhod sa hangin at bahagyang lumutang sa lupa, habang sinabi ko rin na, Patawad po, Diyos ko pagkatapos ng dasal ko na Ama Namin; tatakas ang kaluluwa ko't umaasa ako, pagtakas nito, naroon si Marie sa karinderya, nagtatakang hindi siya pinapansin ng mga tao, magkikita kami, magkikilanlan kami, magiging kami, sigurado ako.#

Pinakakupal

ni Valentine Dula

Unahan na kita, inosente ako sa insidenteng 'to. Biktima pa nga. Pero kung pagmamasdan mo ako habang pinagmamasdan kong mamatay ang pinakakupal na tao, marahil maaalarma ka dahil hindi lang ako kalmado, nakangisi pa. Aakalain mong ako ang dahilan kumbakit agaw-buhay si gago. At kung magtama man ang paningin natin sa sandaling 'yun, 'di malabong mabasa mo ang planong nahihinog sa ulo ko—isang multong tatagos sa pader... at tuluyang maglalaho.

Dapat lang sa kanya 'yan.

*

Nagdadalawang jeep ako tuwing papasok sa opisina. Itong pa-Guadalupe na sinasakyan ko ngayon, ta's, jeep pa-Ayala. Maikli lang ang biyahe kung tutuusin pero ang 15 minutes na pag-upo ay nagiging 40 minutes o higit 'sang oras pa nga dahil sa sikip ng trapik, lalo na 'pag ganitong maulan.

“TL, bka d po aq makapasok dhl baha n d2 smin.”

“bwl umbsent ngyn. It’s critical wrking day.”

“Cge, TL.”

“no pressure. it’s only ur job at stake.”

SMS convo namin ng team leader ko. Malakas ang ulan kanina, ga-alulod ang baha sa labas, at ang iniintindi niya ay ang pagiging kritikal ng absenteeism rate ng kompanyang nasa loob ng building na may mahigit 20 palapag, may glass windows na triple ang kapal kaysa plywood, at may emergency exit kada floor. Dalawa lang ang dala-dalang problema ng ganitong uri ng panahon sa opisina: 1) basang sahig sa ground floor, 'di dahil sa baha kundi sa mga basang sapatos, kapote't payong ng mga imortal—ang tawag sa mga empleyadong pumapasok pa rin bagaman nadelubyo na; 2) at ang pagkawala ng signal ng cable TV sa pantry. Alam ko naman ang totoong dahilan kumbakit ganyan ang reply niya. Mawawalan kasi siya ng bonus 'pag lumagpas sa threshold ang absenteeism rate ng team. Ganoon ang sistema. Sa aming mga ahente nakasalalay ang performance bonus ng isang TL kaya gan'yan siya makapiga.

Si TL Mer ang pinakakupal na taong nakilala ko hindi lang sa loob ng kompanya, kundi sa buhay ko. Bukod sa pagiging sarkastiko, mahilig siyang magbansag ng palayaw sa kung sinu-sino tulad ng “ulo,” “bunganga,” “daga,” at kung anu-ano pa. “Palits” ang tawag niya sa'kin, pinaikling “palito” dahil payat ako. Lahat kami sa team may mga bansag na imbento niya. Para siyang bully sa school. Well, mukha naman talaga siyang ganu'n kasi matangkad siya, 5'10”, chubby, at parang tustadong pandesal ang kulay ng balat. Masikip sa kanya ang mga damit niya at may ilusyong ang tiyan at baywang ay iisa, kaya mataas magsinturon. Si Damulag sa Doraemon ang nakikita ko sa kanya pero imbis na Japanese anime, siya 'yung 35-year old Chinese version. Singkit ang mga mata niyang parang hiniwa ng cutter. Lagi ko siyang nakikitang kinakalabit ang ilong tuwing nasa harap ng

computer. Akala niya ikinapogi niya, akala niya pandagdag angas. Nakainuman ko 'tong si Mer nang isang beses at kung mayabang 'pag sober, Super Saiyan ang kahambugan niya 'pag nakainom. Imported daw lahat ng Nike shoes niya. Dating modelo raw sa kung anong ancient magazine ang nanay niya. Ang tatay naman, naging basketball player daw sa PBA. At ang angkan daw niya, may napakalawak na land property sa Pangasinan. 'Eto malupit: nakarating na rin daw siya sa America, London, at Paris. Wag ako, Damulag. Iba na lang, sa loob-loob ko kada pahangin niya. Nagyoyosi siya sa harap ng building tuwing lunch break kasama ang mga kapwa niya damulag (mga boss naming overweight) kaya sa likod naman ako pumupuwesto, sa parking lot. Mas malayo sa kupal, mas okay.

Teka, gaano nga ba kakritikal ang Critical Working Day na panakot niya? Let me explain: ang araw ng sahod at ang araw pagkatapos nito, kung magkataong may pasok man sa mga araw na 'yun, ang tinatawag na Critical Working Days o CWDs. Dalawang magkasunod. At kung a-absent ka, uulitin ko, on payday or the day after, magiging dalawa ang katumbas ng absent mo. Dalawang absent kahit isang araw lang ang hindi mo pinasukan. One is equal to two. Purumpurong kagaguhan. At siyempre, ayon sa kanila, nasa pinirmahan kong kontrata 'to. Ewan kung nakasulat ba talaga 'to du'n, saka 'yung araw-araw na one-hour mandatory overtime. Ewan din kung sino'ng mas gago. Pero sino nga ba'ng nagbabasa ng kontrata? Dito sa 'tin, basta may trabaho, solb. Kahihyan ka kung aangal ka. Ituturing na pabigat at eksaheradong KSP hindi lang ng mga "bosses" (silang alipin lang din naman ng mga dayuhan) kundi pati ng mismong kapwa ahente.

Kaya wala akong nagawa kundi maligo't igayak ang mga gamit. Hinugot sa pagkaka-charge ang Samsung S5 na nakapatong sa cabinet, at binunot din ang mumurahing Nokia na company phone, saka ito binulsa sa suot na pantalon.

Habang nasa jeep, inilabas ko ang Samsung, sinaksakan ng Marshall Headphones, at nakinig sa City of Blinding Lights ng U2. "Ma, bayad ho," sabi ko, bagaman hindi ko

marinig nang maigi ang sarili. May nag-abot ng bayad ko sa drayber dahil nakapuwesto ako malapit sa estribo. Nginitian ko ang lalaki na mukhang sa call center din nagtatrabaho. Naka-long sleeves na polo, maong pants, at leather shoes na nagbabakbak. Trainee pa lang siguro. Mahigpit talaga sa dress code ang mga kompanya lalo na kung nag-uumpisa ka pa lang kaya 'eto, nakapormal si kuya kahit umuulan. Naka-wax ang buhok niya, mahaba ang baba, at parang nininerbiyos dahil nagbubutil ang pawis sa noo't ilong kahit malamig naman. Idagdag pa ang walang hinto niyang pagkuyakoy. Yup, trainee nga. Baka may certification na gagawin ngayong gabi.

Tanda ko ang bawat pambabarubal sa akin ni Mer. Isa sa mga hindi ko malilimutang ginawa niya ay no'ng nangailangan ako ng TL dahil naghahanap ng supervisor 'yung caller. Nilagay ko sa hold 'yung tawag at lumapit sa station niya.

“Sup call, TL,” sabi ko.

“Sup call?” Tanong niya nang hindi inaalis ang pagkakatatig sa monitor, sabay kalabit sa ilong.

“Yup.”

“You know who the problem is? It's not the customer. It's you, man,” sabay lingon sa akin.

Natigilan ako. Napaatras ang ulo kong tila itinulak ng mga salita niya.

“Napakahina mo kasing mag-handle ng call. I've been listening to your calls and there's one thing I've noticed: wala kang conviction kapag nagsasalita. Hindi kulang e, wala talaga. That's why walang trust na nabubuo between you and the members. That's why nakakakuha ka ng bad surveys from them. Ganito, I'll send you something via webmail. Naka-attach du'n 'yung mga calls ko dati nu'ng ahente pa 'ko. Baka sakaling makapulot ka ng best practices in call handling. 'Di naman sa pagmamayabang, pero alam mo kung ano'ng

alias ko dati when I was still an agent? Mr. Commendation. Seriously. Cross my heart. Anyway, kung ganyan ka talaga brad, wala na akong magagawa. Escalate the call. I'll take care of it. Ganito naman palagi 'di ba?" Sabay ngisi.

Bumalik ako sa upuan ko at ipinasa 'yung tawag sa kanya. Kung pwede lang taniman ng bomba o lagyan ng ebola 'yung call bago ipasa, ginawa ko na. Ang dami mong sinabi, hayop ka, ayaw mo lang mag-take ng sup call. Gusto kong sagutin ang tanong niya ng, "oo, ganito naman palagi. Most of you motherfuckers e ayaw sumagot ng sup call kaya nagagalit kayo sa ahente tuwing hihingan kayo ng tulong." 'Pag kasi ang tawag naging "sup call" o "supervisor call," naghahanap na ng manager, supervisor, o kung sinong higher-up ang caller para kausapin at paglabasan ng sama ng loob. At ang pagsagot dito ang isa sa mga pangunahing responsibilidad ng TL sa kanyang team. In other words, walang utang na loob ang ahente sa TL niya kung saluhin man nito ang call dahil trabaho niya 'yon.

May isa pa. Tanda ko nasa pantry kami nang mangyari 'to:

"May coaching session ka mamaya with QA, alright?"

"Sige po, TL."

"Hindi mo ba itatanong, why?" kinalabit na naman ang ilong.

Hindi na ako nagtanong kasi malalaman ko naman mamaya kumbakit. Hindi ko na siya sinagot.

Sinundan niya ng, "there was a call na naging rude ka raw sa member."

Malakas ang boses niya at alam kong ipinaririnig niya 'to sa lahat ng nasa pantry. "Anong call, TL?" Totoong nagtataka ako dahil wala akong matandaang ganu'ng eksena. In fact, mataas nga ang surveys na na-receive ko mula sa mga members.

Parang nabasa niya ang nasa utak ko at sinabing, “I know you’ve received good surveys this week but remember not to put it all in your head. You gotta take care of the members, boy!”

Sinigaw niya ‘yung huling pangungusap. Nagtinginan ang lahat sa amin gaya ng gusto niya. Yumuko ako.

Nakarating na ako sa Zapote at saktong may jeep pa-Ayalang huminto para magbaba ng pasahero. Agaw-pansin ang mukha ni Bob Marley sa katawan nito, at sa ilalim ng mukha niya’y nakasulat ang, “Every little thing is gonna be alright.” Mabilis akong sumakay para ‘di mabasa, pumuwesto sa likuran mismo ng drayber. Tulad ng ibang jeep na pumapasada sa gabi, may anim na hugis strawberry na ilaw ang jeep na ‘to—dalawang blue sa harap, dalawang green sa gitna, at dalawang red sa likod. Magkatapat ang parehong kulay, isa sa kaliwa, isa sa kanan.

Pito kaming pasahero nu’ng umakyat ako. Pampito ako. Tatlo ang nakaupo sa kanan, apat naman sa hanay ng inuupuan ko. You Only Live Once ng The Strokes ang tugtog sa headphone.

Nang akmang ilalabas ko na ang coin purse para magbayad, may humawak sa braso ko—si TL Mer. Puta. Swerte. Siya pala ‘yung nasa kanan ko. Sa lahat ng makakasabay bakit siya pa? Ngayon ko lang nakasabay si Damulag sa rutang ‘to.

Bukas-sarado ang bunganga ni Mer kaya tinanggal ko ang headphone sa ulo, saka pinindot ang pause button sa kurdon. Maling-mali si Bob Marley.

“...akala mo kung sino, ano?” ‘Di ko narinig ang unang bahagi ng sinabi niya.

“Uy, TL.”

“Dito ka pala sumasakay Palits,” nakangiting parang aso, sabay kalabit sa ilong.

“Oo, ikaw rin?” Alam ko namang hindi. May masabi lang. Napansin kong Nike ang Jacket niya.

“Hindi, ngayon lang. Dumaan lang ako sa tita ko d’yan sa Zapote. May sakit e.”

“A. Anong sakit?” Wala akong pake sa sagot mo.

“Breast cancer.”

“Tang ina, bigla akong nakonsensiya. I hate the fucker pero maling idamay ko ang tita niya sa pagkasuklam ko sa kanya. Nahalata niya yatang nangangapa ako kung paano ipaaabot ang simpatya kaya hinawakan niya ’ko sa balikat sabay, “Joke lang, ha ha ha, walang breast cancer ang tita ko! Nagpasama lang s’ya sa ’king bumili ng mga silya kanina, ha ha!”

Gusto kong bumaba. At mukhang minamalas nga talaga ako dahil kung anong luwag ng daan kanina pa-Zapote, kabaligtaran naman dito sa may Kalayaan Ave. Trapik. Friday ngayon at payday pa kaya napakaraming sasakyan kahit ganitong gabi na. Matagal-tagal ding plastikan ’to, ibig sabihin. Ayaw na ayaw ko ng ganito. Kahit ano ’wag lang ’to.

“Napanood mo ba ‘yung NBA kanina? Sino’ng nanalo?”

“Hindi e,” brace yourself, babala ko sa sarili.

“Pero nagba-basketball ka?”

“Minsan,” wait for it.

“Panoorin mo kami bukas. May laro kami laban sa Trust and Safety deparment. Kami’ng nag-champion last year.”

Bam! Basa na kita. Sabi na nga ba. Sesegwey na naman ’to ng kahambugan niya. “Sige TL,” sagot ko, “kung wala ’kong gagawin, baka manood ako.”

“Alrighty! Nanalo kami last game e. Ako ang nagpa—”

Naputol ang pagyayabang ni Damulag dahil sa sigaw. Hindi ko maintindihan nu'ng una kung ano bang trip ng lalaking nakaupo malapit sa may estribo. Akala ko nanlilimos o nagbibigay babala sa nalalapit na Apocalypse. Naging klaro ang senaryo nang makita ko ang kanang braso niyang sakal-sakal ang leeg ng katabing babae, at ang balisong sa kabilang kamay na nakatutok sa mukha ng hostage.

“PUTANG INA NIYO! WALANG GAGALAW KUNDI PAPATAYIN KO 'TO! SELPON! ILABAS NIYO'NG MGA SELPON NIYO!”

Walang kumikilos. Walang naglalabas ng hinihingi.

“ANO? SELPON! PUKING INA!”

“Boss, kalma lang. Baka puwedeng—”

“WAG KANG MAKEALAM DITO, MADADAMAY KA! MAGMANEHO KA LANG!” Sagot ng lalaki habang dinuduro ng patalim ang kausap.

Walang nagawa ang pakiusap ng drayber. Nakikita ko ang nangyayari pero magulo para unawaing maigi. Napaurong ako't napakapit nang mahigpit sa bag na nakapatong sa hita ko.

Sumikip ang dibdib ko. Gusto kong tumakbo, imposible naman dahil nasa pinakaloob ako ng jeep.

Malikot ang mga mata ng holdaper pero ramdam kong nasa akin ang pokus niya dahil nagkakatitigan kami. Nanlalaki'ng mga ito. Nagnangalit ang panga at litid sa leeg. Pawisan. May kulay pulang sinag sa paligid ng ulo niya, kapareho ng halo ni Kristo sa mga paintings. Malalaman kong dahil 'yun sa pulang ilaw na nasa likuran niya. Malalaman ko ring hindi ito ang unang pagkakataong nagkatitigan kami. Ngiti ang ibinigay ko sa kanya kanina, panlalaki ng mata ngayon. Pamasaha ang ipinasuyo ko kanina, mukhang buhay ang ipakikiusap ko ngayon. Hindi ko napansing sumunod pala siya sa'kin at sumakay rin sa jeep na 'to. Siya 'yung nag-abot

ng pamasahé, 'yung nginitian ko, 'yung inakala kong trainee. Walo pala kami rito, putang ina. Nilabas ko 'yung CP kanina. Siguro dahil du'n kaya siya sumunod? O baka paranoid lang ako at coincidence lang ang lahat? Bakit hindi pa niya ako hinoldap kanina sa unang jeep, pa-Zapote?

Magulo na ang buhok ng babaeng sakal-sakal sa leeg. Nanginginig siya't walang lakas para sumigaw. Tinuro ako ng holdaper gamit ang balisong. "Ikaw! Akin na 'yang selpon at hedpon! DALI, TUTULUYAN KO 'TO!" Napalunok ako. Dumadagundong ang dibdib habang tinitingnan ko si TL Mer at ang ibang pasahero. Nang magtama ang mata namin ng babae, para akong nanalamin. May lumilingkis na braso sa leeg ko kahit wala naman. Napalunok ulit ako, ni hindi ko napansing nanunuyo ang lalamunan ko.

At bigla kong naalala na dala ko nga pala ang phone na bigay ng kompanya, 'yung Nokia. Nanginginig ko itong kinuha sa bulsa ng pantalon. Nanginginig din ang mga tuhod ko nang bahagya akong tumayo upang ibigay ito sa humihingi.

Inunat ko ang braso ko sa holdaper. Nang malapit na sa kanya ang kamay ko, tinapik niya 'to nang malakas. Nagkalasan ang mga parte ng Nokia nang sumalpok sa maputik na sahig ng jeep. "GINAGAGO MO BA AKO?!" Malakas ang sigaw na tumulak sa akin pabalik sa dating puwesto, sa likod ng drayber. Nakita niya ang gamit kong Samsung S5 kanina at 'yun ang gusto niya. "Sa lahat ng tatarantaduhin mo, ako pa? Du'n ka nagkamali!"

Biglang pinakawalan ng lalaki ang hostage. Tumayo. Alam kong lalapit siya sa akin para itarak ang balisong. Hindi gan'to ang nasa isip ko nang sabihing, "kahit ano, 'wag lang 'to." Wala sa isip ko'ng mamatay. Ano'ng laban ko? Ano'ng ibubuga ng patpatin kong mga biyas? At naisip kong, sa katawan na lang. Sa katawan na lang sana ako saksakin, 'wag sa ulo o mukha.

Kinakapos sa hangin. Mistulang mabubutas ang dibdib sa lakas ng tibok ng puso. Mauunahan pa yata ng nerbiyos

ang balisong sa pagpatay sa'kin. Yumuko ako, pumikit, at ipinormang X ang nangangatal na mga braso, umaasang masasalag nito ang anumang atakeng gagawin niya.

May dumagan sa'kin.

Nagkagulo sa loob ng jeep. Nakatatarantang tili ng babae at solidong mura ng mga lalake. Mabibigat na padyak sa metal na sahig. Nalaman kong likuran ni TL Mer ang dumadagan sa 'kin, nang dumilat ako. Tinatadyakan niya ang holdaper habang nakakapit sa sandalan ng drayber at sa bintana ng jeep. Isa, dalawa, limang tadyak. Putok ang labi't duguan ang ilong ng lalaki. Sumalpok ang balisong sa sahig. Isa pang tadyak ay gumulong palabas ang holdaper, tumama ang katawan sa front bumper ng Toyota Vios na, dahil sa trapik, kaunti na lang ay dikit na sa estribo. Sumilip ako sa bintana, nakatayo agad ang holdaper na mabilis tumakbo pabalik sa dinaanan namin. Naglaho siya sa pagitan ng mga nakatigil na sasakyan, sa gitna ng ulan.

“Ayos ka lang, Palits?” Tanong ni Mer, nakapikit habang hinahabol ang hininga.

“Okay lang ako, TL. Ikaw?” Nanlalatang sagot ko.

“Ayos lang... ina nu'ng babalu na 'yun.”

Matapos ang ganitong tagpo, ang ganitong komosyon, hindi na siguro kakayananing indahin ninuman maging ang sakit ng salubsob o ang sakit ng 'di sadyang pagkagat sa sariling dila. Isa lang ang hiling ko sa mga oras na 'to. Na sana nga totoo 'yung sinabi niya. Sana nga ayos lang siya, nang matapos na ang kamalasang hatid ng gabi. Pero hindi. May saksak si TL Mer sa kaliwang dibdib, bandang kili-kili. Butas ang suot niyang gray na Nike jacket at malakas ang tagas ng dugo. Hindi ko alam ang gagawin. Mangmang ako sa first aid. Fuck.

At bigla kong naisip—tila kidlat na gumuhit sa 'king kukote—sa gitna ng kalituhan at pagkataranta, na karma niya

ito sa lahat ng kagaguhan niya, na tama lang ang dinaranas niyang 'to, na dapat lang sa kanya'ng mahirapan.

Habang nakatingin ako sa nanghihina't duguang Damulag, naisip ko kung mamamatay ba siya. O mas tama, kung dapat ba siyang mamatay. O kung may malulungkot ba sa pagkamatay niya. Sino ba kasi ang nagsabing salagin mo 'yung balisong? Wala 'kong utang na loob sa 'yo Damulag. Ano kaya'ng gagawin mo sakaling ako 'yung nasaksak? Hula ko, bababa ka, papara ng jeep at papasok sa trabaho na parang walang nangyari. Kung umalis kaya ako at iwan ka? Tama, aalis ako. Tatal kung mamatay ka, wala namang nakakaalam na nakasabay mo ako. Wala rin namang nakakakilala sa 'yo sa Zapote kundi tita mo. Isa pa, 'pag namatay ka, wala nang epal sa opisina. Wala nang panira sa araw ko. At siyempre, paniguradong tataas ang performance stats ko, lalong mamotivate pumasok, meaning, lalong lalaki ang bonus ko 'tong ina mo.

Bakit ako makokonsensiya? Sa loob ng ilang buwang nakasama kita, napatunayan kong wala nang mas kukupal pa sa 'yo. At hindi ako ang sumaksak. Biktima lang din ako. So technically, hindi ako ang pumatay sa 'yo. Walang kasalanan, malinis ang konsensiya. Buti pa't i-enjoy ko na lang 'tong once in a lifetime priceless front row seat sa epic death scene mo.

Unti-unting kumalma ang katawan ko habang iniisip ang mga 'to. Balik sa dati ang paghinga. Tumigil ang panginginig ng katawan. Umayos ang pulso. Natagpuan ang kapayapaan sa gitna ng kaguluhan.

Nakangisi kong ipinataw ang hatol: dapat mamatay si Mer at dapat lang na iwan ko siya rito. Tatayo ako, bababa sa jeep, magpapanggap na isa sa mga napadaang usyoso at dahan-dahan, dahan-dahang mawawala sa eksena kasabay ng mga taong walang pake.

Isang multong tatagos sa pader... at tuluyang maglalaho. Tama lang sa kanya 'yan.

Kinilabutan ako at napa-iling. Pumikit. Dumilat. Ano ba 'tong mga 'to? Ako ba talaga 'to? Gan'to ba talaga ako? Napailing ulit. Nilalamon ako ng mga tarantadong ideyang naninirahan pala sa akin nang hindi ko alam.

Nang matauhan ako ay siya namang pagkawala ng malay ni TL Mer. Nagpatulong akong ihiga siya sa sahog ng jeep. Nagbubutil ang pawis sa mukha niya. Kumakalat ang mapa ng dugo sa kabuuan ng kanyang dibdib, gumagapang hanggang sa kaliwang balikat. Nawala ang angas, parang hindi siya 'yung TL na pagkalabit sa ilong ang mannerism.

Napatunayan kong mahirap pumatay ng ideya gamit ang pagpikit at iling. Kung kanina'y tila palad itong sa bawat haplos ay kinakalma ako, ngayo'y kamao na itong bumabayo sa'king ulo. Bumaba ka na—umalis ka na—BUMABA KA NA! At ipinakita nito ang naglalakad na ako sa Zapote, patungo sa sakayan pauwi, pa-Pedro Gil, habang nakapamulsa ang isang kamay at may ipit na sigarilyo ang kabila. Parang pinanonood ko ang sarili sa TV. Naka-headphones at nakikinig sa musikang may lyrics na: niligtas ako ni TL. Iniwan ko siya. Wala akong kasalanan. Paulit-ulit. Niligtas ako ni TL. Iniwan ko siya. Wala akong kasalanan. Parang dasal na ilang beses inuusal. Bagaman walang tono ang pagkanta, may torotot, gitara, at tambol na maririnig. Mala-Radioactive Sago Project.

Sumigaw ako. Malakas. Itinulak ang TV. Nabasag.

Nanlaki ang mga matang nasa loob ng jeep. At kahit gulat, hindi sila nanghingi ng paliwanag.

Parang walang nangyari, kinuha ko ang phone at tumawag ng ambulansiya sa Makati Medical Center. Ang problema, itong trapik. Biglang bumaba ang driver ng jeep at tumakbo palayo. Hindi ko alam kung saan pupunta. Kasabwat ka? Kapal ng muka mo, isip ko habang hinahabol ng tingin ang tumakas. Nagbabaan din ang ibang pasahero. Patuloy 'kong tinawagan 'yung iba naming katrabaho para sabihin kung ano'ng nangyari. Kinuha ko 'yung phone ni TL para tawagan

kahit sino sa pamilya niya. Buti walang password. Nakontak ko ang nanay niya. Matapos ang insidenteng 'to, maiisip kong mabuti nang sumagot ng tawag na mula sa 85 years old na lolang hindi matandaan ang password sa account at nanghihingi ng eksplenasyon tungkol sa natanggap na billing statement, kaysa gumawa o makatanggap ng ganitong klaseng tawag. "Nasaksak siya bago pa n'ya masipa 'yong lalake," sabi ng isang pasaherong walang ginawa kundi manood. Ano nang gagawin? Naluluha ako. Panay ang diin ng daliri sa sintido, panay hilamos ng kamay sa mukha. Gusto ko ulit sumigaw. Gusto kong magwala. Nilapat ko ang sariling palad sa sugat ni TL, saka diniinan, nagbabaka-sakaling makatulong ito kahit kaunti.

Nagsimulang magkumpulan ang mga tao sa labas. Kahit ganitong gabi't maulan, hindi mawawala ang mga usyoso. Mula sa batang nakapaa't marungis, hanggang sa de-kotse't disente. Audience sila sa nagaganap na eksena sa loob ng jeep. Wala pa ring ambulansiya. Walang pulis na mahagilap. Walang tumutulong na kahit na sino.

Saka ko maaalala na katabi namin ang Manila South Cemetery, at maidudugtong na itong jeep ang nagsilbing kabaong/karo na rin ni Mer, at ito'y 'di na uusad pa dahil dito mismo, sa tapat ng sementeryo, ang destinasyon nito. Wala 'kong ideyang makikipaglibing pala ako ngayong gabi. Sa kawalan ng pag-asa at habang inuusig ng konsensiya, napapikit ako tulad kanina.

"Tumabi kayo! Tabi d'yan, tabi d'yan!" sigaw ng isa sa labas kasabay ng pamilyar na tunog ng tambutso. Bumalik ang drayber na may kasamang nagta-tricycle. "Ayoko may mamatay sa jeep ko, ayoko nun. Malas yun!" sabi niya. Agad naming sinakay si TL dito. At nang kumanan kami palabas ng Kalayaan Ave., lumuwag ang trapik at dirediretso naming naihatid si TL Mer sa Makati Med.

Nag-taxi na ako pauwi. Hindi na ako nakapasok. Tumugtog ng Three Little Birds si Bob Marley sa headphone. Umalis ako sa ospital ilang oras matapos dumating ang

magulang at tita ni TL Mer. Iniwan ko siyang stable ang kondisyon bagaman wala pa ring malay at may nakapasak na tubo sa bibig. Sa kabila ng panghihina, sinubukan kong ibigay ang buong detalye ng insidente sa kanila. Nagpasalamat sila sa akin. Kundi raw dahil sa akin, baka kung ano nang nangyari sa Mer nila. Sabi ko, wala pong problema. At dinagdagan ko nang, ako po ang dapat magpasalamat kay TL. Kung 'di dahil sa kanya, ako ang nasaksak at nakahiga ngayon dito.

Totoo kaya 'yung sinabi ko? Talaga bang 'yun ang nararamdaman ko? Na nagpapasalamat ako kay TL? Gusto ko sanang tanungin 'yung nanay niya kung totoo bang naging model siya dati sa magazine. O 'yung tatay niya kung dati ba talagang basketball player. O kung may lupain nga ba talaga sila sa Pangasinan. Pero 'di ko na ginawa. Wala namang magbabago kahit malaman ko ang sagot. Na-realize kong minsan, nakakatakot hagilapin ang katotohanan, dahil in the process, maraming mahahalungkat na kasinungalingang aakalain mong tunay, at dapat mo silang harapin at, eventually, magapi. Pero once na nahanap o nahawakan mo na ang totoo, balibaligtarin man ito, tabunan man ng sandamakmak na kasinungalingan o kahit bitawan mo pa, palaging may parte ng katotohanang 'yun na mabubuhay sa pagkatao mo, at parte ng pagkatao mo, na mabubuhay sa katotohanang 'yun.

Isang pagod na tawa ang kumawala nang maisip ko kung gaano naging kakritikal ang araw na 'to, Critical Working Day nga. At kahit may pagdududa sa mga sariling salita nu'ng nasa ospital, sigurado naman ako sa gagawin mamaya. Dadalawin ko ang pinakakupal na taong nakilala ko.

Tula

Pantoum sa Kidapawan*

ni Maricrith T. Magaling

Abril uno nang umulan
 Sa pusod nitong tagtuyot;
 Pagkat bitak ang umahan
 Pagkai'y di maitulot.

Sa pusod nitong tagtuyot
 Sila'y umamot ng bugas.
 Pagkai'y di maitulot,
 Sa sangka'y dugo'ng tumagas.

Sila'y umamot ng bugas
 Sa nagdadamot na langit;
 Sa sangka'y dugo'ng tumagas
 Mula sa tinudlang langib.

Sa nagdadamot na langit:
 May ligalig, nagbabanta
 Mula sa tinudlang langib
 Ng hikahos nilang laksa.

May ligalig, nagbabanta
 Pagkat bitak ang umahan
 Ng hikahos nilang laksa.
 Abril uno nang umulan.

*Abril 1, 2016, Kidapawan, Cotabato. Marahas na dinispers at pinaulanan ng bala ang protesta ng mga magsasakang apektado ng El Niño. Hiling nila ay bigas sa gitna ng kagutuman.

Payback

ni Maricristh T. Magaling

Puting-puti ang kanyang suot
 habang bumubula ang bibig
 sa pag-uulat
 ng may dalawang libong pumila
 sa init at ulan para sa sintang uniporme -
 sinukat ang haba
 sinukat ang bewang
 sinukat ang pasensiya.
 Samantalang nagkukuwenta siguro
 ang pobreng nanay kung paanong
 maghihigpit pa

ng sinturon
 sa dalawang taong
 dagdag sa sentido komon ng bugtong na anak.
 Tanda raw iyon ng tagumpay
 sa enrolment ng K-12.

Kaya, magturo kayo, dios por mio.
 Paalala sa mga guro, maging santo,
 turuan ng kritikal na pag-iisip ang mga bata.
 Sabay kuwento ng kanyang trip to Singapore,
 na siya, ang mabait na guro,
 ay naalala ng umasensong estudyante,
 binigyan ng tiket para magbakasyon
 kasama ang katali ng puso,
 Iyan mam, naalala kita, this is my way
 of paying you back.
 Kaya ulit niya,
 turuan ng kritikal na pag-iisip ang mga bata,
 maging santo kung kinakailangan.
 Napakagat-labi ang mga batang instruktur
 na ang tanging naibalik
 sa mahal nilang guro noong araw
 ay magturo sa publikong eskwela
 at paglingkuran ang sambayanan.

Kaunin ang pag-ibig

ni Maricristh T. Magaling

Kaunin daw ang pag-ibig,
sabi ni Inang.
Hindi ito hinihintay
na parang pagdarasal
sa paghihimala
ng mga Diyos -
magkasalikop ang mga palad
nakaluhod, nakapikit, nagsusumamo.
Hindi bababa ang mga anghel
maski mangalay ang mga tuhod.

Kaunin daw ang pag-ibig,
sabi ni Inang.
Huwag itong tangahan
katulad ng antisipasyon
sa pag-ulan ng bulalakaw
sa gabing inanunsiyo sa balita
ang pagliliyab nito sa kalawakan.
Hindi mo na siya mahahanap pa
sa pagbagsak niya sa kalupaan.

Kaunin daw ang pag-ibig,
magsuklay, magpolbo,
isuot ang Sunday's best.
At sunduin siya doon,
kung saan man,
habang nakabukas ang mga bisig
taas-noo, nakaliyad ang dibdib,
handa sa anumang
salubong niyang tamis
o pait.

Pamamaalam ng Mayo

ni Maricristh T. Magaling

Namamaalam ang Mayo noon
tulad ng nalalagas na talulot
ng April shower na nag-alangan
sa pagtawid sa tikas
ng buwan ng mga manggagawa.
Kumbakit di napansin
ang pagbabadya ng mga parada
ng mga bulaklak
sa mga lansangang tinitikis
ang langit.

Nanlalansi ang nagbabagong
panahon at hindi napansin
ang maputla mong pamumukadkad
sa alanganing tag-araw, tag-ulan
tag-ulan, tag-araw.
Walang pasabi

Ang pagtawid mong iyon sa ilog
sakay-sakay ng bangkang
patungo sa kung saan.
Hindi ko inakalang magpapatianod
ka sa ulan at dagundong
na dala ng gabing kay haba
at lisanin ako
sa singaw ng alimuom
at panghihinayang.

Si Tatay

ni MJ Rafal

Pagkauwi, bago pa lumuwag ang sintas sa kanyang sapatos, ritwal nang gawi ni Tatay na tanungin si Nanay kung nakauwi na kami. Hindi pa man naikakarga ang kanyang pagod sa aming maliit na sala, iisa-isahin niya ang pagbigkas sa aming pangalan. “Si Nicko, nariyan na? Si Marko, saan pumunta? Umalis ba si Omar? Nakauwi na si Kikay? Si Bunso, nasaan?” Laging ganoon, hinuhukay niya ang aming pangalan sa ubod ng kanyang dila. Ito ang ritwal ng pagmamahal. Bagamat hindi masalita, dagdag pang kidlat ang kanyang buryong na isinisilang ng aming kulit at ligalig, laging nasusukat ng kanyang pagka-ama ang aming takot at alinlangan. Minsan, ihananay niya kami sa eskaparate ng kanyang pangaral. Ngatog ang sagot ng aming pagka-anak sa tigas ng galit sa kanyang paalaala. Hinahon ang hindi niya pagkibo habang nagbabasa ng diyaryo tuwing umaga habang humihigop ng kapeng salat sa asukal. Kinaiinisan namin ang sibat ng kanyang utos, pagkat kailangan mong agad-agarang tupdin kung hindi, lalamon ng sermon ang sinumang mapili. Anumang pagkakamali, sapat nang maitutuwid ng kanyang salita. At sa bawat tagpo sa hapag, kinasanayan na namin ang eksotiko niyang panlasa. Ginataang pagi, mga isdang kung saang dagat nilambat, mga gulay na kung saang gubat umugat at iba pang banyaga sa aming dila. Ayaw na ayaw niya ng mga sakit at karamdaman, kaya’t madalas sa madalas, ulila sa alat ang mga ulam at aampunin ng aming mga sikmura

ang sustansiyang walang linamnam.
Mainipin siya sa mga bagay at gawaing kapos
sa saysay. Sa kanya ko nakuha ang inis at asar
kung may tampalasang gagalaw o makikialam
sa aking mga gamit. Tinusta na ng pantalan
ang kulay ng kanyang balat, at mula noon hanggang
ngayon, iyon at iyon pa rin ang kanyang trabaho.
Matanda na si Tatay, nag-uumpisa nang magrebelde
ang mga uban sa kanyang tuktok,
rumurupok na rin ang kanyang lakas, madalas
nang nahahapo sa buong araw na paggawa.
Pero, lagi't lagi siyang uuwing bitbit ang aming
mga pangalan. Isipin ko mang ito'y magmamaliw,
matitiyak pa ring iyon at iyon
ang ritwal ng kanyang pagmamahal
sa aming isa-isa nang nagbubuo ng sarili,
lumilikha ng kani-kaniyang mundo
at maaaring isang araw ay hindi na magsiuwi,
at kami naman ang maghahanap kay Tatay sa huli.

Guho, Traktora, Ginto

ni MJ Rafal

i. **Guho, Kay Fabella**

Nagsisiksikan ang uha't luha
sa kalawanging kuwadra
ng unang daigdig na sasaluhin
ng blangkong mga mata
ng duguang mga sanggol.

Silang hahatulan ng kawalan,
bago pa man magkamalay
sa dalit at pagkit ng kahirapan.

Dito, bago ang pagwasak,
ay kamatayan nang di pa naidatal
sa mga ina at anak, sa mga ama
at kaanak, sa sanlibo't isang
ang sandalan ay kakulangan.

Ito, ang pagamutan ng walang-wala,
isisilang na kagubatan
ng mga guho't gunita.

ii. **Traktora, Kay Luisita**

Sasaluhin mo ang buwan
sa hinlalaki't hintuturo
habang pikit-pikitang tinutugis
ng titig ang kabilugan nito.
Sinlaki ito ng isang butil
ng munggo, o ng asin,
o ng alikabok, o buhangin.

Alaala ang hugong ng traktora,
biglaan mong bibitawan ang titig.
Ang ngatog sa iyong katawan
ay takot nang sumasambit
ng galit, himagsik at poot.
Kung bakit ang buhay ay kaybilis
lansagin at kaybagal ng katarungan.
Lupa lamang ang dahilan
at lupa rin ang katuparan.
Ganito't parang eklipse ang taklob
ng liwanag ng nangyaring lagim,
buwan ang nagpapasya ng iyong
pagtitiyak: hindi lalagi ang takot at gabi.

iii. **Ginto, Kay Teresita Navacilla**

Pagkat itinuturing nilang buhay ang lupa,
ituturing nila itong magulang, kabiyak
kapatid, anak. Aalagaan nila ito higit
sa akala ng mga kaaway. Ulayaw ang gambala
sa gabing nahuhulog ang hamog sa pisngi
ng sukal, inilalatag nila ang tapang sa dibdib.
Hinuhukay nila ang kaibuturan ng pagkasakim,
tinutunton ang kahulugan ng pagtindig.
Saka nila iaalay ang sarili sa paghubog
ng katiyakang ang lupa ay lupa ng lahat,
gaano man kalagim ang hantungan ng hininga.
Ganito nila tinitibag ang mga panginoon,
hanggang ang kanilang kamatayan
ay ang huling kamatayang ating masumpungan.

Isang Madaling-araw sa Maynila

ni Soliman Agulto Santos

Pansamantala, nilisan ng mga talampakan ang iyong lansangan, manaka-naka'y dumadaan ang mangilan-ngilang estranghero, marahil galing sa panggabing trabaho, ang ila'y lulugo-lugo, may mga lango galing sa loob ng bahay-aliwan.

Nagmamatyag ang mga pulis naghihintay ng lagim na maaaring iluwal ng madidilim mong kanto't iskinita o ng mababanatan o makokotongan sa kalsada.

Sa lansanga'y nakikipagpuyatan ang mga panggabing drayber ng jeep, mga kargador na nagmemeryenda, mga tindera ng lugaw, mami at aliw - mga puta, kolboy, bugaw at mga adik na hindi makatulog ang namamasyal sa iyong sinapupunan. Kumukutitap ang mga videoke bar at ngumangalngal ng bigong pag-ibig ang isang lasing. Naghihikab ang isang gwardya sa bungad ng pambente kwatro oras na convenience store.

Sa dibdib at sa gulugod mong riles ay naaalimpungatan ang mga barumbarong, kumakalansing ang baunan ng mga manggagawang papasok sa kung saan-saang pabrika. Sa isang tindaha'y nag-iinat ang isang maton, naghahanda sa basag-ulong nakaantabay sa maghapon. Binabasag ng barker ang impit na katahimikan,

Quiapo, Quiapo!

Bago dumating ang buwang liwayway,
nakaabang na rin ang mga isnatser,
holdaper, kidnaper at iba pa -
naghihintay ng inaantok na biktima.

Maynila, hindi ka pa natutulog
ay ginigising ka na ng mga anak mo't ampon,
mga bisita at turista,
mga kamag-anak na galing sa probinsya,
mga taong nagbabakasakali sa pangakong rangya
ng mga gusali, billboard mo't neon lights.
Mga taong nilikha ng isang lipunang
nahuhumaling sa syudad at pag-unlad
na pumatay at pumapatay sa tulad mo,
Lungsod ng Maynila.

Mula sa Isang Paupahang Silid sa Krus na Ligas

ni Soliman Agulto Santos

Ngayong gabi'y walang bituin
at sinlamig ng yerong kalawang itong dibdib.
Dikit-dikit, patung-patong na nabubulok na bubong
ang natatanaw mula sa terasa ng inuupahang silid.
Sa kabila ng mga bakod ay isang condominium,
maingay at kumukutitap ang malalabong ilaw,
waring duo'y may kasiyahan.
Nahihimbing ang mga barumbarong
at nakatanghod lamang ang poste ng ilaw,
nagbabantay sa gabing maaaring magluwal ng lagim
sa lugar na itong walang mapaglibangan ang mga tao.
May ilang nag-iinuman sa harap ng isang tindahan,
may naghahanap ng kapalaran sa karakrus,
ang mga binata't dalaga'y may kanya-kanyang sulok.
Naglalampungan sa bubong ang dalawang pusa
habang sa kalye'y naglipana ang mga ipis at daga,
sa mga kanto'y nagbubulungan ang mga aso.

Malamig ang hangin
at may hatid na balita ang simoy,
"banayad ang tubig sa dagat".
Sa isip, sumasabo ang hipon sa tinggayad.
Namamandaw marahil ang mga mamamalakaya.
Amihan ang dumadalaw sa gunita
ngunit may uli-uli ang diwa
at ayaw dalawin ng idlip
ang namimigat na talukap.
Ayaw magpatulog ng simoy,

may isinasaysay ito sa ulirat
at sa katawang nangungulila sa alat.
Ngayong gabing walang bituin
at ang buwan ay di man lang sumilip.

Sumasalpok sa bungo ang mga alaala
ngayong malayo sa pusod ng kinagisnang nayon,
nagnanaknak na sugat ang kahapon -
hindi maiwan ng gunita,
nagmumulto ang mga pilapil,
ang mga talahib at kamatsile'y
lumalatay sa naliligaw na kaluluwa -

walang kahulugan ang sala-salabit na kawad
at nagtatayugang mga antena.
Nais magbalik ng alaala sa tubig
nahihirati ang diwa sa iniwang bukid
ngunit sa sarili'y ipinapayong maigi,
sa nayon ma'y walang langit.

Sugat sa Dibdib ng Lungsod

ni Soliman Agulto Santos

Kapag gabi,
ang mga awitin sa videoke machine
sa mga bar at restawran
ay sugat sa dibdib ng umaawit
at nakakarinig sa kundimang
nagpapadanak sa alaalang hindi maampat

Sa labas,
nagnanaknak ang mga kalye at imburnal
sa dura ng mga lango
at dahak na may dugo
ng mga manggagawang nakipaglamay sa makina.

Nilalamon ng kalsada ang mga hinaing
ng bawat lupaging kaluluwang gumagala
sa ilalim ng liwanag ng mga poste.

At ang mga barumbarong
ay kinakalawang na bubong
at patung-patong na gulong,
inaagnas ng mga hinanakit
ng pagdarahop ng mga nilalang sa loob.

Sa mga suluk-sulok,
ayaw patulugin ng simoy
ang mga kabataang ibinubulong sa hangin
ang pagkabugnot mula sa tahanang barumbarong.

Humahalik din sa dinding
ng magagarang bahay at condo
ang hagupit ng pangungulila
ng asawa o/at anak na naghihintay sa liwanag.

Ang gabi,
a, ang gabi ay sugat
sa dibdib ng di umiidlip na lungsod
at sa umaga,
ay! Ang lungsod,
ang lungsod ay isang bukas
na nitsong inuuod.

Film Review

Cinema and National Allegory: A Symptomatic Reading of Spaces in Lino Brocka's "Insiang"

by Jesus Emmanuel Villafuerte

"All around me are familiar faces/ Worn out places/ worn out faces/ Bright and early for their daily races/ Going nowhere/ going nowhere/ Their tears are fillin' up their glasses/ No expression/ no expression.../I find it hard to tell you/ 'Cause I find it hard to take/ When people run in circles, It's a very/ very/ Mad world." – Tears for Fears, Mad World

Make no mistake Insiang is not a political film—of course you will find this claim somehow odd since Insiang's director, Catalino "Lino" Brocka, auteur par excellence, is known for his political films, in fact, he earned quite a reputation among film circles abroad precisely because his films were deemed courageous and political. But Insiang is not among them, reading reductively, Insiang is a movie about a labandera who is raped by a butcher, and the cunning vengeance that ensues after. The poverty, the violence, the obscenities are but necessary accompaniments to make the story more dramatic and more visually engaging, furthermore, it is noticeable that there is not even a conscious effort from the part of Brocka to denounce this poverty.

This is the conventional way of reading the film. One of the many ways and variations the film could be read.

In this paper, I will try to veer away from what is conventional and contend that what is supposed to be an apolitical film, a film that preceded Brocka's supposedly more political (and hence more mature?) films, is actually, itself, already a reflection of the existing social and political contradictions during its time of conception, a political commentary, only it is a political commentary that is unconscious of its role. After all, didn't Genovese mention once that human existence is inescapably political? And Althusser, for his part, posits that we are always already interpellated by ideology, hence a subject of a particular ideology without us knowing it. Everything is most certainly political.

Using Jameson's concept of "national allegory" (which he first introduced in his book *Allegories of Resistance*) I will try to read *Insiang* as a political commentary, as an allegory (or assemblage of allegories) that represents the national situation at the time of its production, also I will treat the film as a text and analyze it using Louis Althusser's proposed mode of textual interpretation, symptomatic reading, by which I will read the "eloquent silences" (Eagleton) in the film in the hopes of uncovering its unconscious, to understand what the film wants to say, that is, apart from what it says on the surface.

With these in mind, I will likewise contend that the prominent spaces featured in the film are not neutral spaces but are loci of capitalist dominion and, dialectically, subversion.

The Alienating City (The City as a Slaughterhouse)

The film's violent nature is already evident in the first scene: a close up shot of a wailing pig hanging from a conveyor belt, from the margins of the screen appear a hand that drives a knife through the animal's neck in swift motion—blood gushes from the wound, the camera shifts from the pig to the executor, the butcher, who pushes the dying pig away and

moves to kill another one with the same swift and precise slash of the knife—the viewer cannot help but notice the blank expression on his face. And while the viewer feels a certain sense of repulsion at the sight of crimson blood spurting and drenching the hands of the butcher, he cannot also help but feel in awe at how the butcher seemingly does not care at all. How do we explain the disinterested face of the butcher, why he does not even twitch an eyelid at the sight of great violence? These questions will be answered in the succeeding paragraphs. The metaphorical/allegorical significance of the film's first scene will also be discussed.

I wish to underscore in this part of the paper the dialectical nature of the city, how it functions and presents itself, for the ordinary man who wishes to escape the hardships of provincial life, as a blessing but also, indeed necessarily, a trap. The city as a space plays a vital role in *Insiang*. The family of *Insiang* is what we colloquially call “*promdi*” (from the province), who, like many before them were hypnotized by the allures and promises of city life, they left behind the province to try their luck here in the city only to see their object of desire in a state of decrepitude, perpetually decaying—but even if they wish to return, they will find themselves trapped in its labyrinths. Indeed what Brocka tries to show us in the film is the other face of the city, the dialectical and inescapable half—the city that shows the excesses of the institutions of capital, the city whose images will never grace the pages of society magazines, the face of the city which we try to repress but always returns.

As a locus, a space, where most of the forces of capital are concentrated, the city has some peculiarities that would only be obvious to the astute observer—at the 1:55 mark of the film is the overture, the visual introduction—at this point, the director executes a sweeping panoramic shot of the city, from a distance stands an imposing edifice—the Central Temple of a local religious sect and a line of medium and high rise buildings. The camera zooms out and what we now have in view are squatter shanties, a stagnant river, a group of children gathered in a circle—people in motion: doing their

daily chores, hawking meat and vegetables, or just walking but without any sense of direction—the film tells us that it is what life like in the city is: monotonous, quotidian.

Let us go back to the first scene, at the hauntingly expressionless face of Dado the butcher—we could argue that this is the case because he has become, in the words of French theoretician Fredric Lordon, a “willing slave of capital”—that is, as a laborer, he has fully become an automaton—someone who, views his chains as an extension of his soul, someone who has become wholly alienated but not aware of it. Lordon, quoting La Boetie, explains further this phenomenon: “Etienne La Boetie reminds us how the habit of serving leads to losing sight of the very condition of servitude.” Labor within the capitalist framework has its eventualities.

While Dado’s unconscious consent to the machinations of capital by giving not only his physical labor, but especially his human capacity to be repulsed, is one of the most evident cases of alienation in the film—there are also others like him not only in the film but outside of it—indeed there are a lot like him, and in fact, we could read his situation as a symptom reflective of the plight of workers at that time. At the beginning of the paper, I argued about the film being national allegorical, an unconscious representation of the existing social and political contradictions. To understand why this is the case, we must understand first the milieu in which the film was conceived, we must situate it historically, this is in conjunction with the Jameson’s call to “always historicize”, as historical reflexivity (which is also dialectical reflexivity) is needed to understand a phenomenon. The film was shot before the historic La Tondena strike in 1976, before the strike, workers were afraid to organize protest actions because it was not allowed under Martial Law, and breaking the rules at that time could mean severe punishment and sometimes even death. With this in mind, Dado the butcher then becomes the representative of the male proletariat of his time, the proletariat of Martial Law who cannot express his disdain for he knows he could be punished severely for his actions, the proletariat who has

lost his capacity to be repulsed—who has accepted the order of things and who, paraphrasing Adorno, lives in a world in which he can no longer imagine a better one.

Insiang, on the other hand is the embodiment of the female working-class of her time, which are unique for the precarity of their labor. Before domestic labor became a commodity that was sold to first-world countries in the 80s, as part of what Neferti X.M. Tadiar calls in her book *Things Fall Away* as the “reorganizing logic of capital”—a phenomenon that emerged during the early stages of globalization, it has been the custom for rich families to hire, washerwomen (labandera), maid, cook etc to do their household chores. That Insiang works as a labandera for a rich family is not odd considering that during her time, a female factory worker is almost unheard of. If a female member of the family wants to augment their meager income, she could either sell vegetables or meat or work as a household help for rich families.

For all the tension between Insiang and Dado, their plights are very much alike. There is reason why the Dado and Insiang are situated in the movie. In the movie, the city has symptomatically been shown as a space of capitalist exploitation, a space always already penetrated by the forces of capital that alienate its denizens, the laborer, the household help, even the jobless. The monotony of movement, repetitive, quotidian is city life.

Understanding that city is a locus of alienation, the metaphorical significance of the first scene, the scene in the slaughter house, will be revealed to us. The slaughterhouse as a space of great violence is reflective of the everyday violence being experienced by the denizens of the city—the function of the slaughter house in the film is to tell us that the city is a big slaughter house, a space where all types of violence occur.

But while a large scale assault at the establishment, at the existing order could not be launched at that time—there were minor forms of dissent, of struggle that was available to

the people. And these will be discussed in the succeeding parts of this paper.

The Kanto as a Locus of Subversion

The only way through a crisis of space, said Fredric Jameson is the creation of new space. In fact he even said further that we should confront the problems of politics with this idea of space in mind, so that our struggle will necessarily become a struggle for the creation of new space. At a time when the regime had occupied and denied the public all spaces of dissent, the only way for the people to convey resistance was to imagine radical alternatives through which they could express their discontents—it was necessary to create radical spaces, or to utilize unoccupied spaces and radicalize them.

The kanto/street corner is a fixture in neighborhoods. Most of the time, it is an intersection where people usually converge. The space occupied by the kanto is often small, so small, in fact that it seems rather insignificant. This perception of its insignificance is actually what makes it an effective locus of subversion. Here, I will show how this little place, which is otherwise neutral, has been radicalized and captured by characters in the film.

The kanto is an important part of the film, the scene where Insiang's mother, Tonya, the figure of authority by virtue of her being the owner of the house and the provider of food and other basic necessities, was nagging at her husband's relatives for being "useless" serves as the necessary context for the encounter in the kanto. Edong, Insiang's cousin, throughout the sermon of Tonya is visibly irritated but he is holding back his anger, and when he cannot hold back anymore, he stands up quite agitatedly and walks away, he did not finish eating his food. This is one of the many subtle forms of subversion and resistance in the film. Edong defied a figure of authority without thinking of the consequences (they would eventually be kicked out of the house)—and where did he go to continue his defiance, the kanto to talk with his fellow subversives.

At a time when people who were still politically aware were afraid to resist in the open, they showed their discontent in hushed tones, through dismissible drunken banter, and tsismis, their voices had conviction but they looked at each other with worried eyes. Together with his band of fellow unemployed drunkards, Edong would blabber about how hard it is to have no job at all and how badly he wants to help augment his father's meager earnings, how he resents Insiang's mother because of her sharp tongue, always talking about discipline and hard work—and the meaning of all these things, their allegorical significance should not be lost to us, that he dislikes Tonya because of the latter's nagging mouth, and also for her reminding them always about how disciplina and hard work are important for one to survive city life, reminds us of the regime of Marcos itself with its Bagong Lipunan motto of “sa ikauunlad ng bayan, disiplina ang kailangan” hence, Insiang's mother is the Marcosian archetype, the disciplinarian—the fascist who views those under him as nothing more than subjects that should obey his every word, he would not allow his mere subjects to talk back—indeed when Edong's mother tries to reason out to Tonya, she is scoffed at—Theodor Adorno and Max Horkheimer has this to say about the nature of fascists: “It is not possible to have a conversation with a Fascist. If anyone speaks, the Fascist considers his intervention a brazen interruption” (Adorno and Horkheimer 210).

What these drunkards converging at the kanto talk about are political allegories of the moment, that they complain about joblessness and lack of opportunity reflect the fact that the early to late seventies were characterized by economic instability, there was little job opportunities in the country and hence there was widespread unemployment. This would soon lead to the phenomenon of OCWs (that would later on become OFWs), they would seek job opportunities abroad, particularly in the then developing countries of the Middle East. Take note that there are two levels of subversion in here, firstly, in the act of gathering themselves to talk, the drunkards violate a strict state taboo during martial law:

people were not allowed to organize themselves in groups of three or more, if a state police sees you gathered together he would disperse you right then and there. Secondly, and this was already mentioned, the narratives they speak about are subtle criticisms of the political and economic instability of their time.

The kanto additionally, is a place of respite for housewives who are tired of their household chores. Like Edong's band of drunkards, this is where they talk about their dreams, and talk about somebody else's' dreams—because ours is a country where what should be concrete reality can only happen in one's wild imagination.

In the film, we can see how much influence entertainment/showbiz has on people's lives, aling Inday hopes that her daughter, Siony, would become a T.V. star someday, that is why she always makes her daughter join T.V. contests. For her, it is not so much because of the pride of having a famous daughter as for an easy way out of the squalor and decrepitude of the squatter's area, the space she inhabit—and this is a recurrent dream for the poor back then and until now, to live away from the stench of esteros. Everyone tries to figure a way of transitioning from this side of the city, the trap, into the other, the blessing.

In the end, Brocka himself would present an awareness of how effective the kanto is as a space of conveying subtle dissent as he himself would, albeit in passing, utilize this particular space in what is arguably the most political instance in the film: this is the scene, we see the listless Insiang walking from the motel where he and Bebot (whom she professes that she loves but she views actually as a somewhat a savior who would pull her out of her misery), checked in—she walks along a street and passes by a kanto in which a constabulary officer and a wailing woman are arguing, since the camera is focused on Insiang we cannot see their faces, we only overhear their conversation: “tulungan ninyo ako, alam niyo kung sino ang pumatay sa asawa ko,” “help me, you know who killed

my husband.” Insiang ultimately would find herself returning to their house.

The House and Martial Law

And the last part in this study of space will provide an exposition of the allegorical, symptomatic, and overall filmic significance of Insiang’s house. That place which she wants to leave, but cannot help but return to, in a sense it is the city only smaller like the slaughterhouse. The house is bare, with only a few necessary fixtures. The house has a paminggalan a place where you wash the dishes, a bathing area, and a dining area—it has no defining feature, meaning, it looks almost the same as the thousands of houses of the working class. Just like the kanto, Insiang’s house is anonymous and seemingly insignificant. Again, since the house functions as an allegory, its the spatial significance would only be apparent to the astute observer. It is worth noting the location of the house, the house is located in an unnamed district but the district closely resembles Tondo (and indeed, the house is located in Velasquez, Tondo).

It is arguable that what Insiang is, her psychological configurations, her treatment of people, the way she reacts to external stimuli, are shaped by the very politics that operates in her house and hence, by the very house itself. Earlier it was mentioned that the house is ruled by Tonya, and she is anything but benevolent. Tonya treats the house as her absolute domain, and everyone under her dominion must either submit themselves entirely to her or leave, she treats her daughter, Insiang the way a landlord treats his tenant. Thus it was mentioned earlier that Tonya is the Marcosian archetype, the fascist. Not until the arrival of Dado did the order in the house somehow changes, but in spite of the presence of Dado, no significant change is introduced. Due to Dado’s sycophantic nature he is, at times, able to neutralize Tonya. It may appear to us that Dado is able to manipulate Tonya, which, again, to some extent he is, but a closer look shows us that the power relations and structure remains the same.

When Dado arrives, one thing became apparent to Insiang—that her mother Tonya is capable of treating people humanely or at least, her mother is capable of tolerance, the case with Dado, but only because of the sexual favors Dado gives to Tonya. Tonya treats Dado as a libidinal compensation, a libidinal cover-up, for the absence of her husband (Insiang's father). Dado is the laborer exploited twice over—exploited by the capitalist for his labor and treated like a prostitute by the bureaucracy represented by Tonya. I am not trying to vindicate Dado as indeed his lewd and despicable acts toward Insiang, and also how he cunningly fools Tonya should also be denounced, but then we should also consider how as a subject of the system, he, like everyone else, is always already commodified/exploited.

With the arrival of Dado, Insiang suddenly sees how her mother who has been harsh to and fascistic toward her suddenly transform into a tolerant, sometimes even loving, individual, at this point she decides that the conditions in the house are already unbearable, she concocts a plan that involves Bebot, but it fails, she returns to her house and realizes that, since the house is the site of violence, the resistance should be launched within this particular space and not somewhere else. She then proceeds to deceive Dado, who, it should be noted, is her rapist—she makes him believe that she has feelings for him. She would cunningly show her mother how flirtatious Dado is to her. Tonya starts to feel suspicious, eventually anger starts welling up in her when she sees Dado and Insiang engaging in a rather inappropriate act, she bursts out in anger.

The ensuing scene is one of the most profound allegories in the movie whose impact probably matches if not exceeds the first scene: Tonya erupts in anger and stabs Dado with a knife, we see the blank face of Insiang as Dado dies in front of her. Obviously, this is a repetition of the first scene and a recreation of the space in the first scene, the slaughterhouse. The first scene shows us Dado with a blank expression, driving a knife through the neck of the pigs, only here, there is somehow reversal of roles, it is now Dado the butcher

who is being stabbed like a pig and it is Insiang who has a blank expression on her face. But she is not doing the killing, it is Tonya, which she successfully deceives who acts as her accomplice. Insiang, shows in the end the ultimate act of defiance against the one who raped her. And if I may, this is not only about Insiang as it also says something about Tonya and the politics at play within the space of the house: earlier it was mentioned that she only allows Dado to control her to a certain extent because Dado gives sexual favors to Tonya—but when Tonya realizes that Dado may no longer be under her control, she kills him without a second thought. For the regime, it is easy to dispose of someone who does not have any value to it. Here is Dado, bloody and dying, starting to painfully gasp for air, trying hard not to collapse but slides down nonetheless and disappears from view, and we hear not a single word from him, as if in the end, he is still incapable of resisting, of fighting powers bigger than him and there is Insiang, the once loving daughter, with an apathetic expression, incapable of being repulsed, of flinching at the sight of great violence, alienated as those who came before her, as we see them we start to realize that this is the ultimate allegory of the film. It tells us this: This is life in the city, this is life when you are confined within its spaces and you move within its spaces, the city is a huge slaughter house—and we are all pigs waiting for the butcher's/capital's knife to puncture our necks.

WORKS CITED

Adorno, Theodor, and Horkheimer Max. *Dialectic of Enlightenment*. London: Verso 2010. Print.

Adorno, Theodor, and Horkheimer Max. *Towards a New Manifesto*. London: Verso 2011. Print

Althusser, Louis. *On Ideology*. 4th ed. London: Verso, 2008. Print.

Garcellano, Edelberto. *Interventions*. Manila City: PUP Press, 1998. Print.

Ian Buchanan. ed., *Jameson on Jameson: Conversations on Cultural Marxism*. Durnham: Duke University Press 2007. Print.

Jameson, Fredric. *The Political Unconscious*. London: Routledge, 1981. Print.

London, Frederic. *Willing Slaves of Capital: Spinoza and Marx on Desire*. London: Verso Press. 2014. Print.

Lumbera, Bienvenido. *Re-Viewing Filipino Cinema*. Pasig City: Anvil Publishing. 2011. Print.

Insiang. Dir. Catalino Brocka. Perf. Hilda Koronel, Ruel Veral, Mona Lisa, Rex Cortez. Cine Manila Corporation, 1976. Film.

Tadiar, Neferti. *Things Fall Away: Philippine Historical Experience and the Makings of Globalization*. Durnham: Duke University Press 2009. Print.

Script na Pampelikula

Tunay Na Buhay

ni Krupskaya Valila

MGA KARAKTER

LAYA SANCHEZ – 35, Babae, maputi, matangkad, balingkinitan ang katawan, mapungay ang mata, pinakasikat na anchor ng BNN

SOC VILLANUEVA – 34, Babae, morena, matangkad, mapayat at maikli ang buhok, direktor ng Magandang Gabi, Pilipinas

ARNEL MENDEZ – 41, Lalaki, moreno, katamtaman ang tangkad at medyo mataba

MIMI – 27, Babae, maliit, balingkinitan ang katawan, maliit ang labi at malaki ang mata, personal assistant ni Laya

MR. DE GUZMAN – 56, Lalaki, maputi, matikas, namumuti na ang buhok, Executive producer ng Magandang Gabi, Pilipinas

MS. DE LUNA – 59, Babae, matangkad, maputi, medyo malaki ang katawan, kulot ang buhok, nakikita na ang mga linya sa mukha bilang senyales ng katandaan, Head ng News and public affairs Division ng BNN

MS. REOYAN – 61, Babae, maliit, morena, medyo kalakihan ang katawan at maikli ang buhok, nakikita na ang mga linya sa mukha bilang senyales ng katandaan, Vice President for Public Affairs ng BNN

JONG – 35, Lalaki, maitim, katamtaman ang laki ng katawan, may kulay na pula, asul at dilaw ang buhok, namamahala ng “Touch My Body” salon

JERRY BOY – 35, Lalaki, maitim, malaki ang katawan, matalik na kabigan ni Laya

TUNAY NA BUHAY

1. INT. TV STUDIO. GABI.

Makikita si Arnel Mendez na nakasuot ng polo shirt na kupas at hindi plantsadong pantalon sa loob ng telebisyon.

ARNEL

At para sa ating showbiz balita, ang ating anchor na si Laya Sanchez ay nahuli ng isang youtuber na pinapagalitan ang isa sa kaniyang mga PA! Panuorin natin ang bidyong ito!

CUT TO

Video ni Laya sa loob ng isang crew tent na sinisigaw-sigawan si Mimi.

LAYA

Ang tanga-tanga mo talaga! (duduruin si Mimi) Kailan ka ba matututo? Nakakairita ka! (ibabalibag ang bag na hawak-hawak) Make-up lang ‘yun! Eye shadow lang ‘yun! Ni hindi mo nakuha nang tama?!

CUT TO

Makikita si Arnel sa set na kasama na si Laya sa tabi. Makikita si Laya na nakasuot ng pulang long-sleeves na matingkad pa ang pagkapula sa lipstick niya. Nakangiti si Laya kay Arnel matapos ang bidyo pero halatang nanlilisik ang mata nito sa co-host niya.

ARNEL

Maganda na rin talaga na dito sa mismong show natin malinaw mo ang issue na 'yan, partner.

LAYA

Normal naman siguro talaga sa mga tao ang magalit 'di ba? I already said sorry to my PA.

ARNEL

Mabuti naman para hindi na rin kung anu-anong ispekulasyon pa ang sabihin ng ibang istasyon tungkol sa 'yo.

LAYA

Exactly (ngingiti si Laya sa harap ng camera).

ARNEL

Muli, 'yan po ang mga balitang dumagundong sa Pilipinas ngayong araw. Ako po si Arnel Mendez.

LAYA

At ako naman po si Laya Sanchez. Asahan niyo pong sa bawat dagundong, ay narito kami para batiin kayo gabi-gabi ng

ARNEL at LAYA

Magandang gabi, Pilipinas!

Magdi-dim ang lights ng buong set. Makikitang parang masayang nag-uusap sina Arnel at Laya.

CREW 1

And, cut! That's a wr—

Ibabalibag ni Laya ang hawak-hawak na cue cards. Tatanggalin ng floor director ang headset na suot-suot at makikinig sa sigawan. Takot na takot na aatras ang mga cameraman at production assistants na nasa loob ng set. Si Mimi naman na nasa kabilang gilid ng set ay may hawak-hawak na bote ng tubig.

LAYA

Soc!!!

Humahangos pababa ng kwarto ng direktor si Soc. Suot-suot niya ang simpleng polo at maong pants habang nakatali nang mataas ang buhok. Walang make-up at simple lang. Ngumunguya pa ito ng bubble gum, hindi na ito nanginginig kumpara sa ibang cameraman at researchers na nasa loob ng kwarto.

LAYA

What shit did you and our director, just viewed in national TV? Answer me!

SOC

We just saved you from total shit, ma'am.

LAYA

Sinira niyo image ko, now you're telling me that you've saved me? Idiot!

SOC

Una sa lahat ma'am, ako po ang head ng team ninyo, hindi ko po hahayaang masira kayo sa mga tao.

Lalapit ng paunti-unti si Mimi kay Laya habang binubuksan ang bote ng tubig.

LAYA

Still an idiot move!

MIMI

(iaabot ang bote ng tubig) Madam, tubig niyo po, uminom po muna kayo.

LAYA

Umalis ka sa harapan ko! (tatabigin ang tubig at matatapanan si Mimi) You, Soc! Could you please explain to me what just happened? For god's sake I want to understand what happened! (papadyak ito sa tiles ng studio at maririnig ang pagkabasag ng isa sa mga ilaw sa paanan ng pinagkakatatayan ni Laya)

ARNEL

You know what Soc, pumasok ka muna sa manager's room and --

SOC

You know what? Shut up.

Mapapayuko si Arnel.

CREW 2

(Pabulong) Tumiklop na naman ang bayag ng lolo mo! Buti pa si Laya, strong independent, bitch!

CREW 3

Gago, natitiklop ba ang bayag? (Magtatawanan)

Magwawalk-out si Laya nang padabog. Susundan ito ni Soc at ni Mimi. Pagpasok ng tatlo sa manager's room ay nagtawanan ang lahat ng cameraman na natira sa studio. Nagligpit sila ng kagamitan sa set habang nagtatawanan at nagkukwentuhan.

CREW

At 'yun na talaga 'yun! That's a wrap! Haha!

1.A. INT/INT. TV STUDIO – MANAGER’S ROOM. GABI.

Pagpasok ng kwarto ay mapapahinto si Laya sa nakita. Ang kilay niyang halos magsalubong na sa galit biglang umunat dahil nakita niya ang Executive Producer ng Magandang Gabi Pilipinas na si Mr. De Guzman. Isasara ni Mimi nang dahan-dahan ang pinto. Uungusan ni Soc si Laya sa pagkakatayo at lalapitan ang prodyuser.

SOC

(pabulong kay Mr. De Guzman) Sir, she’s not listening to me, again. Pwede po bang kayo na po ang magpaliwanag kay ma’am?

MR. DE GUZMAN

My pleasure.

Uupo si Soc sa tabi ni Mr. De Guzman. Nakatitig pa rin si Laya sa kanilang lahat. Lumapit si Mimi sa isa sa mga upuan at kinuha ito para upuan ni Laya.

MIMI

(hawak-hawak ang upuan) Maupo ho muna kayo, madam.

Dahang-dahang umupo si Laya. Uupo nang maayos si Mr. De Guzman, hudyat na magsisimula na itong magpaliwanag.

MR. DE GUZMAN

You’re our number 1 anchor, Laya. We can’t just afford to lose you and your career.

LAYA

I know, at lagi niyo namang sinasabi sa akin ‘yan, that’s why I don’t understand why from all the stations and all the show, it is my show that even aired that scandal!

MR. DE GUZMAN

GMS-CBN is planning to release the scandal within the week to pull you down.

LAYA

Then why didn't we let them? 'E 'di sasagot na lang ako sa batikos, hindi 'yung sa atin pa mismo nanggaling, sir. That's too defensive on my part.

MR. DE GUZMAN

Laya, you've been in the industry for almost 10 years and we've been hiding your incompetency for so long. Do you think the other stations are not ready to bring you and our station down? They have brains, they strategize, they think, I don't know with you.

Mapapaupo si Soc nang maayos at magsisimulang magsalita.

SOC

Ma'am Laya, na-foresee na po namin ang kaganapang ito. Hindi naman po natin hahayaan na mangyari ito. Maayos na rin po na nalinaw niyo 'yung side ninyo simula pa lang para hindi na na-trigger 'yung iba pang issue.

Nakatitig lang nang blangko si Laya kay Soc. Makikita pa rin si Mimi sa likod ni Laya na nagpupunas ng basang damit.

SOC

Kaya nga po next week, papalitan na natin 'yung show na Magandang gabi Pilipinas.

Mapapatayo si Laya sa upuan at tataas na naman ang boses.

LAYA

Ha?! Kasasabi niyo lang kanina na you want to save my career pero eto ngayon tatanggalan niyo ko ng trabaho?! Ang taas ng ratings ng show, longest

running na 'yung five years na newscast sa Bullshit News Network na 'to tapos ipu-pull-out niyo? God, nag-iisip ba talaga ang team na 'to?!

MR. DE GUZMAN

Can you please calm down and listen to Soc first?

Mapapauupo si Laya habang mapapabuntong-hininga nang malalim.

SOC

Since ang strong po ng deliver ninyo sa news, papalitan natin 'yun ng public affairs slash documentary para maging soft po 'yung packaging ninyo at ma-divert 'yung audience sa bagong image ninyo. Same time slot.

LAYA

Sa inyo na nanggaling, I am incompetent. I don't even know how to write a script for news tapos you want me to write something heavier? Are you kidding me?!

Mapapakamot sa ulo si Mr. De Guzman. Tatayo si Soc, lalapit sa basurahan at iluluwa ang bubble gum na nguya-nguya.

MR. DE GUZMAN

Laya –

LAYA

What sir?

MR. DE GUZMAN

Of course, you're not the one who's going to write the script.

LAYA

Ha? What? I thought we're going to change my image? I thought we're going to fix my incompetency to write scripts?

MR. DE GUZMAN

Soc will handle the writing of the script. You just have to read it, act like as if it's yours. We will handle everything.

LAYA

What? No! Ako ang mag-hahandle ng sarili kong show, ako ang magha-handle ng show na ito.

MR. DE GUZMAN

Come on, Laya, you don't even know how to write a simple VO package—

LAYA

You don't trust me, sir, Soc? Na I can prove myself this time?

SOC

Pero ma'am pilot episode po kasi –

LAYA

I can do it.

Lalabas si Soc ng kwarto na hindi sinasagot ang katanungan ni Laya. Magpapaalam si Soc kay Mr. De Guzman.

MIMI

Ako po naniniwala ako sa inyo madam.

Mapapatingin ang lahat kay Mimi. Iirapan lang siya ni Laya at ibabaling ulit ni Laya ang tingin kay Mr. De Guzman. Makikitang iniwasan ni Mr. De Guzman ang tingin ni Laya at ililipat na lang ang tingin nito sa mga papeles na hawak-hawak.

2. INT. BAHAY NI LAYA. UMAGA.

Bubukas ang eksena sa magandang kwarto ni Laya, malalaki

ang salamin ng kwarto at kulay puti lang ang dingding. Walang masyadong nakasabit bukod sa isang malaking orasan. Maririnig ang kiriring ng cellphone ni Laya.

LAYA

Ang tagal mo ng nagtatrabaho sa akin, hindi mo pa rin ba masunod 'yung utos na kay Mimi mo na lang ako dapat pinapagising?

SOC (sa kabilang linya)

Sorry. Alam mo namang wala akong tiwala kay Mimi. Late ka na sa meeting. Maaga pa ang briefing ngayon para sa bagong show. Hinahanap ka na nila Sir.

Ibababa agad ni Laya ang telepono at pasigaw na tatawagin si Mimi.

LAYA

Mimi!

Dali-daling papasok si Mimi sa kwarto.

LAYA

I told you to wake me up early 'di ba? Mimi naman! Uso ba talaga ang pagiging tanga sa 'yo? Fix my clothes, go!

Dali-daling aalis ng kwarto si Mimi. Maiiwan si Laya na magisa sa kwarto. Magpa-pan ang camera sa buong kwarto ni Laya. Makikita rito ang nakahilerang mga awards na nakuha niya mula sa iba't ibang mga parangal. Tititigan ni Laya ang mga awards, pagkatapos ay yuyuko at kukuning muli ang cellphone at tatawagan si Soc.

LAYA

(mahinahon at kalmado) We're on our way na. Tell our bosses, I'm sorry. Thanks.

3. INT. MANAGER'S ROOM. UMAGA.

Makikita sa loob ng kuwartong ito sina Mr. De Guzman, Laya, sa tabi niya ay si Mimi, ang Head ng News and Current Affairs Department na si Ms. De Luna at ang Vice President for Public Affairs na si Ms. Reoyan. Lahat sila ay nakaupo at titig na titig sa nakatayong si Soc na nagpapaliwanag ukol sa bagong palabas.

SOC

Tunay na buhay ng mga tao ang ipiprisinta dito sa docu. No alterations. 'Yun na 'yun. And to prove na walang scripted scenes na magaganap, we'll let Ms. Laya do what our case study does.

Makikitang tataas ang kilay ni Laya sa narinig. Titingnan ni Mimi si Laya, gagayahin nito ang pagtaas ng kilay ng boss niya.

SOC

Napapagod na po ang mga tao sa hard news. At tatal patok naman ang drama, magbibigay tayo ng alternative sa mga tao – news pero dramatic. Sa way na 'to, mababago natin 'yung trend ng primetime tapos malilihis pa natin 'yung audience sa issues na maaaring ibato kay Ms. Laya.

LAYA

People loved me because of who I am. I don't need to change my image just for a god forsaken issue.

Lalong tataas ang kilay ni Mimi sa narinig.

MR. DE GUZMAN

I thought we have agreed on this already?

LAYA

If 'yung pagiging incompetent ko 'yung problem, then let's prove them I'm not. I'll handle the script writing of the pilot episode.

Magsasalubong na ang kilay ni Mr. De Guzman sa narinig. Magbubulungan sina Ms. De Luna at Ms. Reoyan. Magkakatinginan si Soc at Mr. De Guzman.

MR. DE GUZMAN

(pabulong kay Soc) You can handle this.

SOC

(tatango at lilingon kay Laya) It's not that we don't believe in your capabilities ma'am, it's just that we can't afford to –

LAYA

To what? Produce a show that really proves what I can do as a journalist? Or to produce a show na basura?

MR. DE GUZMAN

Laya, please listen to Soc first. And don't be rude in front of Ms. Reoyan and Ms. De Luna.

LAYA

I will work on the script writing of the pilot episode, alone. And that's final.

Tumayo si Laya at lumabas ng kuwarto. Sumunod agad si Mimi. Pagkasara ng pinto'y muling magtitinginan si Mr. De Guzman at Soc. Yuyuko si Mr. De Guzman at tatango kay Ms. De Luna at Ms. Reoyan, senyales na humihingi ito ng tawad. Mapapaupo na lang si Soc. Patuloy pa rin sa pagbubulungan sina Ms. De Luna at Ms. Reoyan.

3.A. INT. LOBBY. UMAGA.

Nakatulala lang si Laya habang nakikitang gigil na gigil ang mga kamao nitong saradong-sarado. Lumapit si Mimi kay Laya.

MIMI
Ma'am?...

LAYA
I'm not in the mood to tolerate any of your jokes or
shit.

MIMI
(tingin nang tingin sa paligid) Narinig ko po noon si
Ma'am Soc. Chinichika po kayo kay Sir De Guzman
sa set.

LAYA
(lalapit kay Mimi) Anong pinag-uusapan nila?

MIMI
Malabo po kasi medyo malayo po ako. Pero 'yun
nga! 'Wag daw po kayo 'yung pahawakin 'nung
script mag-isa kasi 'di niyo naman daw po talaga
kaya. 'E di ba kaya niyo naman ma'am?

Mapapaatras si Laya sa narinig.

MIMI
Ay tsaka ma'am! Sabi rin po noon ni Ma'am Soc kay
Sir De Guzman parang... Parang... English po eh,
what if you go – as in umalis na lang po ata kayo
ganoon ma'am? Grabe ma'am. Grabe si Ma'am Soc
'no ma'am.

Sa galit ay naitulak ni Laya si Mimi. Nagmadaling pumasok si
Laya sa loob ng kuwarto at dinuro si Soc. Gulat na gulat lahat
ng tao pagpasok ni Laya sa kwarto. Napaatras kahit si Mr. De
Guzman sa kanyang pagkakaupo.

LAYA
You've been the head of my team for years tapos
malalaman-laman kong ikaw pala mismo 'yung
humihila sa akin pababa!

SOC

Excuse me ma'am?

LAYA

Alam kong tanga ka, pero 'wag kang magtatang-tangahan sa akin ngayon!

MR. DE GUZMAN

Enough. Laya, mahiya ka naman kina Ms. --

LAYA

Sisiraan mo ko sa mga boss natin? How could you? Simula nang pumasok ako dito sa BNN, I tried my best to at least learn how each and every mind of yours work! Sinubukan ko, believe me! Pero kayo 'yung nagkulong sa 'kin na hanggang dito lang ako, hanggang sa pagbabasa ng teleprompter!

MR. DE GUZMAN

I said enough, Laya!

Nanginginig-nginig na nakikinig si Mimi sa likod. Hindi sumasagot si Soc at tila nangingilid lang ang luha habang naririnig ang mga binibitawang salita ni Laya. Tatayo si Mr. De Guzman para pigilan ang patuloy na pagsasalita ni Laya. Makikitang nakakunot na ang noo nina Ms. De Luna at Ms. Reoyan.

LAYA

I don't deserve these kind of employees, sir, Ms. De Luna, Ms. Reoyan! I don't deserve you Soc, and you don't deserve to be in my team anymore!

SOC

Bakit? Sino ho bang may sabing gusto ko pang mag-stay? Para lang sa kaalaman mo, matagal ko nang gustong umalis. Hindi lang dahil sa kapangitan ng ugali mo pero dahil alam kong wala akong

patutunguhan bilang isang indibidwal kapag nagtagal pa ako rito. Kung ganito at ganito lang din naman maaabot ko rito, lilipat na lang ako sa ibang istasyon.

Mapapatigil si Laya sa pagsasalita. Bibitawan siya ni Mr. De Guzman. Mapapaupo si Mimi. Muling magbubulungan sina Ms. De Luna at Ms. Reoyan.

SOC

Oo, Laya, sinasabi ko sa mga boss natin how unskilled you are araw-araw, 'yun ay dahil 'yun ang totoo at ayokong gumawa ng kahit anong kasinungalingan para lang pagtakpan 'yung mga kakulangan mo!

LAYA

How dare you --

Nakaamba nang sasampalin ni Laya si Soc pero mapipigilan ito ni Mr. De Guzman at yayakapin siya ng mahigpit ni Mimi mula sa likuran.

SOC

Ang tagal na nating nagloloakohan 'e. Tigilan na natin 'to, Laya, Sir De Guzman, Ma'am De Luna, Ms. Reoyan. Iaabot ko na lang po resignation letter ko bukas. Thank you and sorry.

Lalabas si Soc mula sa kwarto nang mahinahon at kalmado. Mapapaupo si Laya. Susundan ni Mr. De Guzman si Soc. Patuloy pa rin sa pagbubulungan sina Ms. De Luna at Ms. Reoyan.

4. INT. BAHAY NI LAYA. GABI.

Nakaupo lang si Laya sa dulo ng kaniyang kama. Nakatulala sa hangin. Walang emosyong makikita sa mukha niya. Ang pagkatok ni Mimi sa pintuan ang babasag sa katahimikan sa

kuwarto. Pagbukas ng pinto ni Mimi ay kasunod niya agad si Mr. De Guzman.

MR. DE GUZMAN

Hindi ako magtatagal. I just want you to know that according to our insiders sa kabilang station, dahil sa ginawa nating pag-air ng mismong video clip that they're planning to release, imomove daw nila 'yung paglabas ng iba pang issues sa 'yo early next week.

Hindi kikibo si Laya.

MR. DE GUZMAN

You have to finish the rough draft by tomorrow. The script by next week.

LAYA

Para ano? May panahon pa kayong ipa-check kay Soc?

MR. DE GUZMAN

You have your team with you. You have two research assistants and PAs, just tell them what you need. Wala na si Soc, hindi na siya ma-contact kahapon pa.

Balik sa pagkakatulala si Laya.

MR. DE GUZMAN

Give me the final draft of your script within four days. Remember, pilot episode 'to. I believe in you, Laya. If you can't do it, I'll talk to Ms. De Luna to cancel the airing --

LAYA

No. I can handle this, sir. Thank you.

Mapapabuntong-hininga si Mr. De Guzman bago tuluyang lumabas ng kwarto ni Laya. Maiiwan si Laya na nakaupo, hindi nagsasalita at tulala. Iikot ang camera sa buong kuwarto

ni Laya, mula sa mga litrato nila ng kaniyang pamilya na nakadikit sa dingding ng puting pader, mga awards, lalagyan ng damit, salamin at iba pa. Habang umiikot ang camera sa buong kwarto ni Laya, may maririnig na voice over.

NANAY NI LAYA

You chose this path, anak! Education is something very important that will change your future, and yet you opt to settle with that industry! Don't go back here until you've proven something! Believe me, unless you're not strong enough, you'll not win in that race!

Pagbalik ng camera kay Laya ay nagmamadali na itong nagbibihis at kinukuha ang susi ng kaniyang kotse sa katabing tokador ng kama. Habang palabas si Laya ng kuwarto ay nakasalubong niya si Mimi na dinalhan siya ng gatas. Hindi pinansin ni Laya si Mimi. Nakakunot ang noong tiningnan ni Mimi si Laya habang paalis ng bahay.

5. INT. KOTSE. GABI.

Makulay ang mga ilaw sa daang binabagtas ni Laya. Mabagal ang pagpapatakbo ni Laya ng kotse. Halatang-halata ang pagkamabagal nito dahil sa bilis ng pagkaripas ng ibang kotse sa paligid niya. Matapos bagtasin ang isang makulay na eskinita, huminto si Laya sa dulo ng daan. Maririnig sa loob ng kotse ni Laya na tumutugtog ang kantang "Trust Yourself" ni Bob Dylan. Kasunod niya ang isa pang kotse na kulay pula at madilim ang tint.

LAYA (ON THE PHONE)

Ayoko nga niyang pini-pitch ninyo bakit ba ang kulit-kulit ninyo! Napaka-walang kwenta niyong mga researchers! Bakit ba kayo ang binigay sa akin? Ang bobobo niyo! Ako na nga ang tatrabaho! Pupunta ako ngayon sa kaibigan kong masahista, 'yun na lang! Mga walang kwenta!

Ibinaba ni Laya ang telepono. Pagbukas niya ng kotse ay tumambad sa kanya ang isang malaking sign na “Touch my Body.”

6. INT. MESSAGE PARLOR LOBBY. GABI.

Dilaw ang ilaw. Makikita sa bungad ang isang lalaking may kausap sa telepono. Maririnig ang pag-uusap nilang dalawa pero mas nangingibabaw ang balitang ipinapakita sa telebisyon sa tabi ng lalaki sa bungad.

REPORTER SA TELEBISYON (VO)

Kahapon, animnapu't apat na katao ang pinaslang sa Maguindanao... Karamihan dito ay mga alagad ng midya... Idineklara rin ang Pilipinas bilang isa sa mga pinakadelikadong lugar sa pamamahayag...

JONG

Oo babe, madami namang kita ngayon, 'wag na mag-alala uy! Grapes flavor mamaya ha?

Papasok si Laya sa message parlor, bitbit ang isang bag na naglalaman ng laptop. Balot na balot ang suot ni Laya, naka-cardigan siya nang makapal at malalaking shades para sa mata. Madali siyang lumapit sa lalaki sa bungad.

LAYA

Nandyang ba si Jerry Boy?

JONG

(manlalaki ang mata) Wait lang babe ha. Call kita later, love you.

Ibababa ni Jong ang telepono at magtititili.

JONG

O my God! Laya? Laya Sanchez? Is it you? Best achor in the world? O my God!! Taray! Powerful! O my God!

LAYA

Calm down! Nagmamadali ako. Nasaan si Jerry Boy? I'll pay double.

JONG

Shit! Don't tell me raid 'to! O-M-G! Boys!!! Run!!!

LAYA

Ano ba! Hindi 'to raid, umayos ka nga!

JONG

Joke lang, friend! Naninigurado lang, alam mo na, ayoko chupain ang mga rehas—

LAYA

Nandyang ba si Jerry Boy?

JONG

N-K-K-L-K 'to! Binibisita na tayo ng mga artista sa parlor! Panalo 'to! Pwede niyo pa ba kami ichika sa news para naman dumami customers? Sige na 'teh, free mo na 'tong first mo.

LAYA

Shut up!

Matitigilan si Jong sa biglang pagtaas ng boses ni Laya. Tatanggalin ni Laya ang suot na shades.

LAYA

Nandiyan ba si Jerry Boy?!

JONG

Oo! Maka-sigaw ka naman 'te, hayok ba? Teka, tatawagin ko.

Papasok si Jong sa isang kwarto. Pagbalik niya sa lobby ay kasama na niya si Jerry Boy.

JONG

'O ayan na 'yang hinahanap mo! 'Di mo ba alam na maliit 'yan kahit beterano!
Kebs lang?

LAYA

Ha?

JONG

Taray ni ate makamaang-maangan! Virgin 'teh?

LAYA

Ang dami mong sinasabi! Just give us a room!

Matataranta si Jong at ituturo na agad ang daan paakyat sa kuwarto.

6.A. INT. KUWARTO SA MASSAGE PARLOR. GABI.

Maliit ang kuwarto. Single bed lang ang nanduon. Isang pulang lamp shade ang nagbibigay ng ilaw sa buong kuwarto. Pumasok si Laya at umupo agad sa kama habang hinihintay ang lalaking itinuro niya sa may salamin. Binuksan niya agad ang laptop, inayos ang set up at recording settings nito. Pagkatapos mag-ayos ni Laya ng laptop ay agad na pumasok ang lalaki sa kuwarto. Naka-salawal lang ito at walang pantaas. Umupo agad ito sa tabi ni Laya pero hindi pa rin ito umiimik.

LAYA

Pwede ba, magbihis ka.

Lalabas si Jerry Boy ng kwarto. Pagbalik nito ay nakasuot na siya ng shorts at t-shirt.

LAYA

I'll just ask you a few questions. Hindi mo 'ko kailangang bigyan ng service.

Tutungo lang ang lalaki.

LAYA
Anong name mo?

JERRY BOY
Ha?

LAYA
The real one?

JERRY BOY
Kailangan ba?

Natigilan si Laya.

LAYA
Its better siguro if I'd explain muna kung para saan
'tong ginagawa ko.

Tutungo lang ulit si Jerry Boy.

LAYA
Documentary. Ifi-feature 'yung tunay na buhay
ng mga tao. Tapos gagawin ko kung ano man ang
ginagawa mo.

Tutungo lang ulit ang lalaki.

LAYA
Since when ka pa nagwork dito? Bakit ka dito
nagwork?

Titingnan lang ni Jerry Boy si Laya sa mata.

JERRY BOY
Ikaw, bakit mo 'yan ginagawa?

LAYA

Bakit mo tinatanong? 'Di ba ikaw 'yung interviewee dito, so dapat ikaw 'yung sasagot.

Tutungo lang ulit ang binata. Maghuhuramentado na si Laya.

LAYA

Alam mo, kung wala ka rin namang sasabihing matino sa akin, o kung tutungo ka lang nang tutungo wala tayo parehong maaabot dito! Babayaran naman kita 'a! Just talk about your life! That's all!

Hindi matitinag ang binata at tutungo lang.

LAYA

Ano ba!

JERRY BOY

'Wag ka magalit. Pareho lang tayong pagod.

LAYA

Wala akong pakialam kung pagod ka, binabayaran kita!

Tatalikuran ni Laya si Jerry Boy sa kama, kukuhanin nito ang laptop at susubukang magsulat ng script.

JERRY BOY

Ganun siguro 'yun. Walang pakialam ang tao sa isa't isa hangga't nakukuha nila 'yung gusto nila.

LAYA

'Wag ka nang magsalita kung wala ka rin namang sasabihing maganda. O better yet, 'wag kang magsalita kung hindi mo rin naman sasagutin 'yung tanong ko.

JERRY BOY

Magsa-sampung taon na. Ilag pa rin. Hindi madaling masanay.

Magtataka si Laya sa biglang pagsasalita ni Jerry Boy. Kasing bilis ng pagkukuwento ni Jerry Boy ang pagtipa ni Laya sa laptop.

JERRY BOY

Panganay ako sa walong magkakapatid. Patay na tatay ko. Nanay ko may sakit, cancer sa suso. 'Yung pito kong kapatid nag-aaral pa. Hayskul lang natapos ko. Wala akong ibang mapasukang trabaho. Sa eskwater kami nakatira. Mahirap kami.

Mapapalingon si Laya kay Jerry Boy.

JERRY BOY

Alam mo naman na lahat ng 'yan. Gusto mo lang marinig mula sa bibig ko.

LAYA

Sampung taon ka na dito, 'di ba nag-improve ang skills mo sa pagiging sweet o caring?

Tutungo lang ulit si Jerry Boy. Nasa akma na si Laya sa pagliligpit ng kaniyang gamit nang biglang magsalita na naman si Jerry Boy.

JERRY BOY

Ikaw, ano bang gusto mong patunayan?

Matitigilan si Laya. Uupo muli sa kama. Naiiyak na.

LAYA

Nagmamakaawa na ako. Gusto ko na lang matapos 'to. Sagutin mo na 'yung mga tanong ko, napapagod na ako.

Kinuha ni Jerry Boy ang laptop ni Laya. Nagtaka si Laya.

JERRY BOY

Isusulat ko na lang lahat ng kailangan mong malaman tungkol sa akin, para hindi ka na rin mapagod. Matulog ka na diyan.

Tutungo lang si Jerry Boy. Tititigan lang ni Laya si Jerry Boy habang nagta-type sa laptop niya.

JERRY BOY

Bakit ka nagreporter?

LAYA

Alam mo namang pangarap ko na 'to, high school pa lang tayo... And take note, hindi naman talaga ako reporter, anchor ako. Nadiscover lang ng mga tao na maganda ang accent ko 'pag nagsasalita, kaya ayun, kahit wala pa akong natatapos na degree sa Amerika, bumalik na ako rito.

JERRY BOY

Gusto mo ba 'yang ginagawa mo?

LAYA

I like what im doing right now, 'yung spotlight, 'yung lahat. Pero sa industriyang 'to kasi, everyone's a liar. Magugulat ka na lang, hinihila ka na pababa 'nung mga taong nag-aakyat sa 'yo pataas.

JERRY BOY

Bakit hindi ka pa umalis?

LAYA

You know I can't. O, e, bakit ikaw, bakit nandito ka? Dami mong pangarap nung highschool 'a.

Ngingiti lang si Jerry Boy.

JERRY BOY

Uulitin ko, alam mo naman na lahat ng 'yan. Gusto mo lang marinig mula sa bibig ko.

Matitigilang mag-usap ang dalawa nang biglang may marinig silang isang malakas na ungol ng babae sa kabilang kuwarto. Hindi mapipigilan ng dalawa na matawa sa narinig. Magpapatuloy si Jerry Boy sa pagsusulat habang tila iniinterbyu si Laya. Magkukuwentuhan ang dalawa habang pumapailalim sa usapan nila ang ungol ng babae sa kabilang kuwarto. Nagpalitan ang dalawa ng tawa at ngiti nang biglang mapansin ni Laya ang orasan sa kamay.

LAYA

4 am na, have to go. Maaga pa calltime ko today, kailangan ko pa ire-read ano man 'yang sinulat mo.

JERRY BOY

Tapos na rin naman ako.

Ibinigay ni Jerry Boy ang laptop kay Laya. Makikita na higit sa anim na pahina ang naisulat ni Jerry Boy.

LAYA

Salamat. Ay shit! Kailangan ko ng recording!

JERRY BOY

Ha?

LAYA

Hindi pwedeng may transcription ako tapos wala akong audio file. Baka sabihin inimbento ko 'to. Shit! 'Di bale, babalik na lang ako.

JERRY BOY

(ngingiti) Sige. Hihintayin kita.

Mapapangiti si Laya. Maiiwan si Jerry Boy sa kuwarto at bababa si Laya kay Jong para magbayad. Matutuwa naman si Jong sa sobrang laki ng ibinayad ni Laya.

JONG

Bet ko 'to 'te ha! Pak na pak! Galing ni Jerry magmasahe 'no! Misteryus epek kasi 'di ba!

Ngingiti lang si Laya at agad na lalabas sa massage parlor.

7. INT. MANAGER'S ROOM. UMAGA.

Pupungay-pungay ang mata ni Laya na pumasok ng kuwarto. Humikab pa ito bago tuluyang umupo nang maayos sa upuan. Nanunusok ang tingin ni Mr. De Guzman kay Laya.

MR. DE GUZMAN

You're not answering my calls and texts. What do you want us to do? Magpanic, ipahanap ka pa? Wala na tayong oras, Laya. Kung nandito si Soc malamang tapos na 'yang rough draft na hinihingi ko.

Nanlaki bigla ang mga mata ni Laya.

LAYA

Don't worry. Ipapasa ko 'yung rough draft na hinihingi mo this afternoon!

Lumabas dali-dali ng kuwarto si Laya. Nginitian ni Mimi si Mr. De Guzman bago pa tuluyang sundan si Laya. Huminto sandali si Laya at si Mimi sa lobby.

LAYA

'Yung susi ko?

Iaabot ni Mimi ang susi.

MIMI

Matatapos niyo po kaya, 'yun?

LAYA

It's normal in our industry na mag-cram, you think I can't do this?

MIMI

Kaya 'yan mam! Si Ma'am Soc nga kayang magsulat, shoot, tapos ere ng isang araw. Hehe.

Nakataas na kilay na titingnan ni Laya si Mimi.

MIMI

Ay, matatapos niyo po 'yun. Kaya niyo 'yan. Tiwala ako sa inyo, ma'am.

Agad agad na iiwan ni Laya si Mimi sa lobby.

8. EXT./INT. KOTSE. MASSAGE PARLOR. UMAGA.

Bumaba si Laya ng kotse. Makikita na nasa tapat siya ng "Touch My Body" massage parlor. Sarado ang massage parlor pero sige pa rin ang pagkatok ni Laya sa establisyimento. Matapos halos ang sampung ulit ng pagkatok ay pupungay-pungay ang matang sinalubong ni Jong si Laya. Masaya at nakangiting sinalubong ni Jong si Laya.

LAYA

Nasaan si Jerry Boy? Nandiyan ba siya?

JONG

Bakla ka, early morning paandar? Syempre wala! Pinagod mo kagabi 'e!

LAYA

Pahingi ng number, or address. Kailangan ko siyang makausap.

JONG

Hayok 'te? Umalis! May kasamang mashundang girlet!

LAYA

Address na lang! Baka umuwi sila sa bahay! Tsaka pwede ba, please, 'wag mo ako ngayon artehan! May deadline ako na hinahabol kailangan ko siyang kausapin, ano ba naman!

JONG

Alam mo 'te. Lahat ng bagay sa mundo ngayon may kapalit, ano free forever ang peg? Hindi naman pwedeng --

LAYA

Bakit ba ang hirap mong kausap?! Magbabayad ako, kahit magkano, ibigay mo lang ang address niya sa akin ngayon na!

Ngumiti si Jong at agad na nilabas ang cellphone nito at ibinigay ang numero ni Jerry Boy kay Laya, maging ang address. Bumalik si Laya sa kotse at mababasa niya ang text ni Mr. De Guzman, "I need your rough draft THIS AFTERNOON." Pagkatapos mabasa ay agad-agad na kumaripas ng pagpapatakbo ng kotse si Laya.

9. INT. MS. DE LUNA'S MANSION. HAPON.

Makikita si Ms. De Luna at si Jerry Boy sa isang kuwarto na walang ibang tao. Maganda ang kuwarto, puno ng malalambot na upuan at iba't ibang mga litrato ng pagmumukha ni Ms. De Luna. Nakasuot si Ms. De Luna ng mahabang palda at longsleeves na damit habang si Jerry Boy naman ay nakamaong pants at pulang t-shirt na may kaunting butas at medyo kupas na.

MS. DE LUNA

Ang hirap mo hagilapin, buti na lang napakilala ka ni Laya kay Soc dati. Ituloy mo lang anong ginagawa mo. I don't want Laya to feel na parang pinapakialaman namin siya sa ginagawa niya, baka biglang umalis 'yun, mahirap na, bababa pa revenues ng company. Eto 'yung listahan ng mga isasagot mo sa mga susunod na itatanong niya. You'll tell her that you're a writer tapos eto 'yung mga twists sa story mo. Basta nakasulat na dito lahat. Basahin mo na lang (mag-aabot ng isang folder).

JERRY BOY

Kaibigan ko si Laya, sa palagay ninyo gagawin ko 'to?

MS. DE LUNA

You need money for your family right? Here (mag-aabot ng sobre ng pera). Also, kapag ipinasulat ni Laya sa 'yo 'yung script, text Christine, the researcher who fetched you kanina sa parlor, ipapatrabaho ko na lang sa mga assistants ko, para hindi ka na mahirapan.

JERRY BOY

Bakit kailangan niyong gawin 'to? Bakit kailangan niyong manloko ng tao? Bakit kailangan niyong lokohin si Laya?

MS. DE LUNA

She has the charms, the accent, the face. You don't need a degree to lure the audience. And please, if you want me to pay for your mama's hospitalization, don't tell Laya that we have communication. Kahit 'yung executive producer ng show nila hindi alam na ginagawa ko 'to. I don't want to see the station going down, kaya lahat gagawin ko to save its reputation.

JERRY BOY

Ang dami niyong utang sa mga tauhan niyo, sa mga nanunuod sa inyo.

MS. DE LUNA

Nagbabayad kami... Sinisimulan ko na sa 'yo.

10. INT./EXT. SQUATTER'S AREA. HAPON.

Sa loob ng kotse ay nagsuot si Laya ng makapal na cardigan at malaking shades para masiguradong hindi siya pagkakaguluhan ng mga tao. Ipinarada ni Laya ang kotse. Arteng-arte itong tumawid sa makipot na kalsada at binagtas ang barong-barong na bahay. Ilag na ilag ang katawan nitong dumikit sa mga batang nagtatakbuhan sa makipot na eskinita.

BATA 1

Oy, kamukha niya 'yung nasa TV o!

BATA 2

Oo nga 'a.

BATA 1

Ang pangit niya.

BATA 2

Pero maganda siya sa TV!

BATA 1

Baka sa TV lang 'yun?

Pagkatapos halos lampasan ang ilang bahay ay tumigil si Laya sa isang bahay na kulay asul na ayon kay Jong ay bahay nila Jerry Boy. Kumatok ito nang kumatok. Paulit-ulit. Ngunit ng hanapin niya si Jerry Boy, ipagtanong ito sa mga kapitbahay, halughugin ang buong bahay, wala rito ang binata, wala naman daw ganoong kakilala ang mga taong taga-roon. Padabog na bumalik si Laya sa kotse.

LAYA

Letseng bakla 'yan, humanda sa akin 'yan! Naku!
Nakakairita!

Bago pa man tuluyang makaalis si Laya sa erya ay nagkiring ang telepono niya at makikita na tumatawag si Mr. De Guzman. Hindi ito sasagutin ni Laya at kakaripas na ng takbo paalis.

11. INT/EXT. MESSAGE PARLOR. EVENING.

Mula sa kotse ay binalibag ni Laya ang suot-suot na shades. Nagwawalang pumasok si Laya sa massage parlor.

LAYA

Bakla ka lumabas ka 'diyan sa parlor na 'yan magpakita ka sa akin sasampalin talaga kita!
Lumabas ka diyan! Manloloko ka!

Bago pa man tuluyang batuhin ni Laya ng batong nakita niya sa paligid ang parlor ay sinalubong na siya ni Jerry Boy at umiyak na lang ang dalaga sa bisig ng binata. Agad naman silang dumeretso sa isang kuwarto sa massage parlor. Matapos tumahan ni Laya ay nagmamadali nitong binuksan ang kaniyang laptop para interbyuhing muli si Jerry Boy.

JERRY BOY

'Wag ka na ulit iiyak.

LAYA

Pasensiya na. Stressed lang. Ganito, bukod kasi sa audio file, kailangan kasi na may isang bagay na magpapaiba sa iyo sa ibang masahista para bumenta 'yung story ko. Paano ba 'to...

JERRY BOY

Mahilig ako magsulat.

LAYA
Kailan ka pa nahilig magsulat?

JERRY BOY
Nito lang.

LAYA
Ano, nung pinakilala ko sa 'yo si Soc? Gusto mo na rin bigla magsulat?

JERRY BOY
Masama ba?

LAYA
Hindi naman. Mas naging close pa ata kayo kaysa sa atin na highschool bestfriends.

JERRY BOY
Tumanda na ako, Laya, ikaw, sumikat ka na, tigilan mo 'yan. Anong gusto mong ipunto?

LAYA
Wala... Wala. So, what, okay na ba 'yung masahista na mahilig magsulat? Is it unique?

JERRY BOY
Ano pa lang nangyari sa inyo ni Soc? Naging matalik kayong magkaibigan 'di ba?

LAYA
'Di mo na kailangan malaman 'yun.

Tatahimik bigla ang dalawa.

JERRY BOY
Daig mo pa showbiz kung maka-iwas sa isyu. Anchor ka hindi ka artista.

Matatawa si Laya.

JERRY BOY

Siguro, sasapat na 'yung storya ko para sa assignment mo. Ang buhay naman ng tao natural na maganda, natural na may pagkakaiba-iba, natural na mabenta.

Ngingiti si Laya sa narinig. Agad niyang sisimulan ang interbyu. Maya't maya ang tunog ng cellphone ni Laya pero hindi niya ito pinapansin dahil masaya silang nag-uusap at nagsusulat ni Jerry Boy.

12. INT/EXT. TV STUDIO – MANAGER'S ROOM.
UMAGA.

Masayang pumasok si Laya sa kuwarto, pero pagkakita pa lang ni Mr. De Guzman sa kanya ay agad siyang sininghalan nito.

MR. DE GUZMAN

You promised us na ibibigay mo 'yung draft yesterday! Career mo at 'yung istasyon ang at stake dito! Pinili mo 'to Laya, please be cooperative enough kung may gusto kang patunayan --

Pero bago pa man matapos ni Mr. De Guzman ang litanya niya ay inilapag na ni Laya ang rough draft sa lamesa. Nagulat si Mr. De Guzman sa nakita. Agad kinuha ni Mr. De Guzman ang iskrip at tinignan ito.

MR. DE GUZMAN

We'll just read this. We'll notify you tomorrow.

Lumabas agad si Mr. De Guzman hawak-hawak ang script ni Laya. Makikitang pumapalakpak sa gilid si Mimi. Nginitian naman ni Laya si Mimi.

13. INT. MESSAGE PARLOR. GABI.

Sa parehong kuwarto kung saan unang nagkita si Laya at Jerry Boy ay makikita ang dalawa.

LAYA

Salamat. Hindi ka lang interviewee, writer, researcher at production assistant ka pa.

JERRY BOY

Hindi mo kailangang magpasalamat.

LAYA

Ang bilis nitong mga nakaraang araw! Hindi ko namalayang makakatapos nga ako ng script eh. Kaya ko pala!

Tutungo lang si Jerry Boy.

JERRY BOY

Salamat din pala.

LAYA

Bakit?

JERRY BOY

Basta salamat.

LAYA

Nakinabang naman tayong dalawa 'dun. 'Wag ka na magpasalamat.

JERRY BOY

Nga pala... Bakit masahista 'yung ginawan mo ng istorya?

LAYA

(ngingiti) Hindi ko rin alam. Ang ganda ng sign niyo sa labas 'e. (matatawa) Kidding aside... 'Di ko talaga

alam. Wala naman na akong ibang ganoong kilala dito, lahat ng kamag-anak ko nasa Amerika. ‘Yung mga walang kwenta naman nating batchmates, malamang, hindi talaga ako makikilala kasi naka-screen name ako. Marami ngang may alam ng pangngalan ko, wala namang may kilala sa akin. Non-sense. Nga pala, kamusta si nanang mo?

Biglang maririnig ang telepono ni Jerry Boy na magkiring.

JERRY BOY

(kausap ang tao sa kabilang linya) ‘A, oo sige. Oo sige papunta na (ibababa ang telepono).

LAYA

Aalis ka na?

JERRY BOY

Oo.

LAYA

Sige, gusto mo ihatid kita? Saan ka nga pala pupunta?

JERRY BOY

‘Wag na. May kikitain lang.

LAYA

Girlfriend?

JERRY BOY

Kaibigan lang.

LAYA

Sige, ingat.

JERRY BOY

Ayusin niyo ‘yung sa inyo ni Soc.

Mapapangiti lang si Laya.

JERRY BOY

Siya na lang kaibigan mo dito, bukod sa akin. Sayang.

Tatayo si Laya para mag-ayos.

JERRY BOY

'Wag ka na ulit iiyak ha. Nandito lang ako.

Ngingiti lang si Laya.

14. INT. TV STUDIO – MANAGER'S ROOM. UMAGA.

Pagpasok ni Laya ay pinalakpakan siya ng mga heads ng istasyon, nila Mimi at maging nina Ms. De Luna at Ms. Reoyan na nasa loob ng kuwarto. Sinuklian din naman ito ni Laya ng ngiti at yakap.

MR. DE GUZMAN

Congratulations! Minor revisions na lang, tapos we'll start shooting tomorrow morning. This is a good material. Good job, Laya.

LAYA

Kahit anong batikos ibato sa akin, wala na akong pakialam. Isasampal ko sa mukha nila 'yan.

MR. DE GUZMAN

Hitting two birds with one stone. I'm so proud of you.

LAYA

Salamat po.

MR. DE GUZMAN

I want to meet Jerry Boy as soon as possible, I think he's really good.

LAYA

He is.

MR. DE GUZMAN

Your PAs will handle the revisions and iba pang matter sa production. Inform Jerry Boy asap na magii-start na kayo magshoot bukas.

LAYA

Will do, sir.

MR. DE GUZMAN

Again, congrats.

Makikipag-shake-hands si Mr. De Guzman kay Laya, ganoon din naman si Laya sa iba pang tao na naroon sa kuwartong iyon. Makikita sa gilid si Mimi na napapasayaw sa tuwa para sa boss niya.

15. INT/EXT. MESSAGE PARLOR. GABI.

Nagwawalang hinahanap ni Laya si Jerry Boy kay Jong.

LAYA

Ako 'wag mo akong pinaglolo-loko ha! Nasaan nga si Jerry Boy? Magkasama lang kami kagabi tapos sasabihin mo nawawala, manlolo-loko ka talaga 'e!

JONG

Wit ko nga knows madam, bakit ba ang kulit mo! Tinext ko na nga wit reply 'e! Anong magagawa ko! Wala nga! Chineck ko na 'yung bulsa ko wala talaga!

Sa sobrang inis ay muntik na naman batuhin ni Laya ng kung anu-ano si Jong.

LAYA

Wala bang paraan para macontact siya? Bukas na kasi 'yung shooting, hindi pwedeng ma-postpone 'yun!

JONG

Wala 'te! Wit kung wit! Or bet mong iba na lang, magpanggap na lang na Jerry Boy! Madami namang boylet diyan o! Wala namang makakaalam 'e.

LAYA

Hindi pwede, si Jerry Boy nga kasi!

JONG

Ay bahala ka 'diyan 'teh. Maghanap ka ng wala.

LAYA

Ganito! Kakausapin ko nga isa-isa lahat 'yang masahista mo, titignan ko kung papasa ba 'yan. Ano ba naman kasi 'yung bigla na lang nawawala!

16. MONTAGE

Isa-isang kinakausap ni Laya ang mga masahista. May nauutal, may sobrang madaldal, may sobrang mapayat, may manyak na sobra kung hawakan at yakapin si Laya. Naubos na lahat ng masahista sa likod ng salamin pero walang nakitang sasakto si Laya para umarte bilang si Jerry Boy. Maiiwan si Laya sa loob ng kuwarto. Iiyak lang ito nang iiyak. Papasok si Jong sa kuwarto.

JONG

Baks, stop na magcrayola.

LAYA

Nakakainis kasi... Kung kailan maayos na, tsaka mawawala.

JONG

Let go mo na girl. ‘Yaan mo na, ibang masahista na lang kung gusto mo i-push.

LAYA

Hindi ‘e. Sabi niya hindi siya mawawala. Sabi niya nandiyan lang siya palagi. Nagtiwala ako! B u o n g buhay ko nagtiwala ako sa mga tao pero lagi na lang silang nawawala! Si Soc! ‘Yung ibang tao naman nagtiwala ako pero hindi mabigay ‘yung tiwala sa akin! Si Mr. De Guzman! Akala ko okay na si Jerry Boy ‘e, pero nasaan siya ngayon?!

JONG

Daming sinabi girl? Tumahan ka na diyan. Wala lalong maachib ‘yang pag-iyak-iyak mo.

Patuloy lang sa pag-iyak si Laya.

17. INT. TV STUDIO – MANAGER’S ROOM. UMAGA.

Naipasa na ni Laya ang pinal na borador ng script. Habang nasa opisina ay patuloy ang pagtatawag ni Laya sa mga pulis para ipahanap pa rin si Jerry Boy.

LAYA

Yes. Medyo matangkad. Medyo Moreno. Opo. Since last week pa po hindi nagpaparamdam at walang contact ‘e...

18. MONTAGE.

Montage ng mga iba’t ibang parangal na nakuha ni Laya dahil sa pilot episode na “Tunay na Buhay: Masahista” at ang kasabayang paghahanap nito kay Jerry Boy sa iba’t ibang lugar at iba’t ibang presinto sa Maynila.

19. INT/EXT. MESSAGE PARLOR. UMAGA.

Mula sa kotse ay bumaba si Laya sa tapat ng message parlor. Nakapostura ito, maayos na dress at malaking shades. Nakita niya si Jong sa lobby ng parlor at muling nagkuwentuhan matapos ang ilang buwan.

LAYA
Kamusta na?

JONG
Alam mo 'yan 'te! Pinahirapan mo ako ng malaley!
Kailangan ko na maging lalaki all of a sudden para
sa docu na 'yan!

LAYA
(matatawa) Pasensiya na! Ikaw naman. Kumita ka
naman na 'e.

JONG
Alam mo 'yan! At tumigil na din enemies mo kaka-
issue sa 'yo!

Bubuksan ni Jong ang telebisyon habang nagkukwentuhan sila ni Laya.

JONG
Bakit ba may pag-arrive ka dito?

LAYA
Masama ba bumisita?

JONG
Ichika mo 'yan!

LAYA
(matatawa) Wala pa rin bang balita kay Jerry Boy?

REPORTER VO (mula sa TV)

Isa sa mga suspect sa madugong pamamaslang sa mga mediamen sa Maguindanao, Pansamantalang pinalaya ng korte...

JONG

Naku 'teh. Wala na. Umaasa ka pa talaga 'e?

LAYA

Sana naman nasa maayos siyang kalagayan. Pero umalis na ba agad siya dito 'nung umagang hinahanap ko siya?

JONG

Oo girl, may sumundo, with car.

LAYA

Baka pinagselosan ako? (matatawa)

JONG

Ganda mo girl! Alam mo 'yan!

REPORTER VO (mula sa TV)

Naaagnas na labi ng isang lalaki, natagpuan sa isang bakanteng lote...

LAYA

'Gotta go. See you when I see you?

Paalis na si Laya nang bigla siyang pigilan ni Jong.

JONG

Bakla, gandang pang-TV din pala girlet ni Jerry Boy 'e. Parang nare-remember ko nga, ka-holding hands niya pa 'yan 'beh 'o! 'Yan 'yung kasama niya 'nung umagang 'yun 'a. Bigtime!

20. INT. MANAGER'S ROOM. MORNING.

(Flashback)

Makikita si Ms. Reoyan at Soc na nag-uusap. Tuwid na tuwid ang pagkakaupo ni Soc habang si Ms. Reoyan naman ay halos mamaluktot na sa lamig ng aircon sa kuwarto.

MS. REOYAN

We owe you Laya's career, Soc, but you can't just leave her, leave us, and transfer to the other station.

SOC

Sorry ma'am. Ano pa ho ba 'yung gusto niyong gawin ko? Ibinigay ko na sa kanya pati 'yung posisyon na gustong-gusto ko, pagiging anchor. Nakipag-plastikan ako sa taong 'yan for years, pinilit ko pang kuhanin 'yung loob niya, ano pa ho bang gusto niyo?

MS. REOYAN

I want you to promise me na you'll not leak any information sa kabilang station, about our strategy, about the new show. I'll pay kahit magkano.

SOC

Hindi ho ako makakapangako.

MS. REOYAN

Please Soc. Just let Laya finish this pilot episode smoothly, naging friends din naman kayo, So please, give this to her.

Hindi na muling sasagot si Soc bagkus ay misteryosong ngingitian lamang niya si Ms. Reoyan.

21. INT. MASSAGE PARLOR. UMAGA.

Dahan-dahang lumingon si Laya sa TV. Nagulat siya, at 'di niya inakalang si Soc ang makikita sa telebisyon.

SOC

Ito po muli si Soc Villanueva, nag-uulat. Magandang umaga po.

WAKAS

Book Review

New Ways of Saying “Revolt! Change the System” as an *ambil* for the National Democratic Movement: a reading of Epifanio San Juan Jr.’s *Ambil: mga pagsubok pahiwatig & interbensiyon tungo sa pagbabagong-buhay*

by Ivan Emil A. Labayne

In the Summary of Mark Angeles’ Poetics (2014) which Virgilio Almario moderated during the 2014 UP National Writers’ Workshop, a recurring point resurfaced regarding the hackneyed images of ‘political’ or ‘protest’ literature.

Panimulang Pagbasa sa Konsepto ng Bago sa Kritisismo ni Bienvenido Lumbera

ni Jomar G. Adaya

“The specificity of literary reading is unspecific, and the
writer continuous to die.”

– Laurent Dubreuil

Karaniwan nang binibigyang diin ang pagbabasa ng panitikan bilang paglikha ng kahulugan sa panig ng mambabasa, kritiko man o hindi. Sa prosesong ito ng ugnayan ng texto, manunulat, mambabasa, lumilitaw ang mga lapit o teoryang nagsisilbing lente upang magalugad ang tinatangkang tuklasin at sipating kahulugan. At dahil ang gawaing ito ay laging iniaangkla sa akademya, lumilitaw ang mga pangunahing balangkas at pamantayan sa pagbasa na itinatakda ng mga akademiko bilang sagradong paningin na pasaporte upang magkaroon ng awtoridad ang tumutuklas ng kahulugan. Sa ganitong kaso, nababalahaw ang mambabasa sa mga teoretikal na sandigang paulit-ulit na ginagamit ng kanilang mga gurong bitbit ang pinag-aralang lapit. Nawawalan ng sariling tinig at desisyon, at mistulang naeetsapwera ang sariling paningin ng mambabasang may

malaking ginagampanan sa proseso ng pagbasa sa panitikan. Ayon kay Soledad Reyes (2006), “isang balakid sa pagbabalik ng mambabasa bilang importanteng sangkap sa pagbuo ng kahulugan ay matatagpuan sa kolonyal na kontekto ng kanonisadong teorya at kritisismo na namamayani sa kasalukuyan.”

Sa karanasan ko bilang estudyante (mula high school hanggang kolehiyo), karaniwan nang ginagamit sa mga klase sa panitikan ang Formalistiko at Marxistang paglapit. Naikakahon ang pagtuklas ng kahulugan sa mga elemento ng mga akda at pagsipat sa politikal at ekonomiyang kontekto nito. Lagi't laging sa proseso ng pagbasa, may balangkas na sinusundan mula sa nilalaman, estilo, at maging ng pagpopook ng akda sa estruktura ng kapangyarihan kung saan laging may nagbabanggaan at nagtatalabang mga uri. Sa ganitong kaso, ako bilang mambabasang nagtatangkang maging kritiko ay nababakuran ng mga hangganan sa pagpapakahulugang naitatakda (malay man o hindi) ng mga gurong tila naglalakad na ismo. Naisasantabi ang mga posibilidad at iba pang perspektiba sa pagbabasa na dapat ay pangunahing nilalandas sa pagtuklas ng kahulugan sa panitikang patuloy na nagbabago ayon sa nilulugaran nitong kasaysayan at lipunan tungo sa makabagong paglapit.

Sa puntong ito, tinatangka sa papel na panimulang masipat ang konsepto ng bago ayon sa isa sa mga mahahalagang kritiko ng panitikan sa bansa, at Pambansang Alagad ng Sining na si Bienvenido Lumbera. Ginamit ko ang salitang panimula sapagkat batid ko ang iba pang posibilidad sa pagbasa sa kritisismo ni Lumbera. Pangunahing tuon ng papel na ito ang dalawang artikulo ni Lumbera (Ang Pagusbong ng Bago at ang Paglalatag ng Bagong Pamantayan; at Ang Bago sa Pagbabago: Paano Kinikilala ang Bago sa Panitikan, Kritisismo at Pagtuturo) na nalathala sa Bayan at Lipunan: Ang Kritisismong Bienvenido Lumbera na inedit ni Rosario Torres-Yu (2005).

Panimulang Sipat sa Bago

Kung susuriin ang salitang “bago” may dalawang pangunahing kahulugan na makikita (UP Diksiyonaryong Filipino). Ang “bago” bilang “iba sa dati” o new, halimbawa: May “bago” akong libro. At ang “bago” bilang “una sa panahon” “pangyayari” o before, halimbawa: Dumating siya “bago” maghapunan. Sa kahulugan ng “bago” na new may pag-uugnay sa nakaraan na makikita sa salitang dati “iba sa dati” na nangangahulugang umiiba o lumilihis sa nakaraan, na umuugnay sa pagpapakahulugan sa “bago” bilang “panahon.” Samakatuwid, ang dalawang pagpapakahulugan sa salita ay may internal na ugnayan na mababakas sa konsepto ng panahon, partikular sa kasaysayan na panguunahing nagtatampok ng nakaraan, kasalukuyan at maging hinaharap.

Ang pag-usbong ng bago ay nakaugat sa balangkas ng kasaysayan ng lipunan kung saan ang tao ay patuloy na tumutuklas ng mga bagay pasulong sa hindi pa matiyak na hinaharap. Ang pag-iral ng bago at pagbabago sa kasaysayan ay tinawag ni Philip Gleason (1970) na historikal na kuryosidad kung saan sa pag-usbong ng bago dahil sa paglihis bunsod ng kuryosidad, ang mismong kasaysayan na nagluwal dito ay siya ring babawi sa pagkabago nito. Ibig sabihin, naluluma ang bago, subalit maaaring hindi nawawala at nakatago lamang sa muling nabuong bago na may tiyak na pinagmulan. Mahalagang maunawaan ang bago bilang binaryo ng luma. Hindi iiral ang bago kung walang luma, at wala rin namang mababansagang luma kung walang usbong na bago. At wala rin namang bagong bago, sang-ayon pa kay Rolando Tolentino (2001). Maaari raw sabihing mayroong bagong luma, o lumang bago, dahil magkaugnay ang dalawang konseptong ito na sa pangkalahatan ay mababakas sa kinapopookan nito sa kasaysayan.

Sa puntong ito, sipatin natin ang tatlong binibigyang diin si Bienvenido Lumera (2005) hinggil sa konsepto ng bago na pangunahing nakatuon sa malikhaing pagsulat, subalit

nagbigay puna rin sa kritisismo sa panitikan. Una, sinasabi niyang “tentatibo ang bago dahil may takdang panahon ng paglipas ang akda at sa pagsangkap nito sa tradisyon, nagiging luma na.” Ikalawa, ang bago ay relatibo. Nakadugtong ang bago sa luma batay sa kasaysayan ng anyo, nilalaman at pamamaraan. Walang malilikhang bago kung walang nauna na kalauna’y mababansagang luma. Ikatlo, ang bago ay hindi terminong nagpapakilala ng kalidad. “Ang espisipikong ipinahihiwatig ng termino ay ang kaibhan batay sa panahon at sa katangian na sa kabilang banda ay nagbabadya rin ng kiskisan o tunggalian sa larangan sa paghahain ng bago.” Halimbawa ang tulang Ako ang Daigdig ni Alejandro Abadilla na lumihis sa tradisyon ng pagtula na sa paglabas nito’y nagulantang ang mga kapanahong manunulat at iskolar tulad ni Iñigo Ed Regalado. Kalaunan, itong itinuring na kakaiba o deviant, ay magiging bahagi ng mga kanon at magsisilbing muhon sa bagong anyo ng panulaan sa bansa.

Sa kaso naman ng grupo ng Agos sa Disyerto noong dekada 60, na itinuring na panandang bato sa pag-unlad ng maikling kuwentong Tagalog dahil sa kanilang pagtatangka na lumihis sa nakasanayang pag-akda at bumangga sa mga itinuturing na dakilang pamantayan noon sa pagsulat ng kuwento ng mga nasa establisyamento, at isa ring protesta sa espasyo ng panitikan noon mula sa mga magasing popular na kanilang pinaglathalaan. Dahil sa pangyayaring iyon itinuring silang haligi sa pag-unlad ng kasaysayan ng panitikan lalo na sa maikling kuwento.

Isang halimbawa naman sa larangan ng pag-aaral ng kasaysayan ay ang disertasyon ni Reynaldo Iletto na kalaunan ay isinalibro - ang *Pasyon and Revolution* (1979). Sa paglabas ng librong ito, na produkto ng pagsasanay at pag-aaral ni Iletto sa ibang bansa, nabulabog din ang larangan ng kasaysayan dahil sa pagdalumat sa historiograpiya na tumutok sa mga simbolo, textong pampanitikan, at maging sa mga konseptong tulad ng loob, lakaran, damay, at iba pa. Sa kasalukuyan, itinuturing nang mahalagang babasahin sa pag-

aaral ng kasaysayan, at maging sa araling Filipino ang Pasyon and Revolution. Ayon pa kay Lumbera (2005):

“Ang paglitaw ng bago sa panitikan ay hindi natural gaya ng ipinahihiwatig ng talinghaga ng pagsibol ng halaman na madalas gamitin ng mga romantikong komentarista upang tukuyin ang pag-unlad ng panitikan. Ang anumang pagsalungat sa kinaugalian, ang anumang paghiwalay sa landas na kinahiratihan, ang anumang pagtatakwil sa luma, ay ginagamitan ng dahas ng umiibang manlilikha.”

Ang tatlong punto ni Lumbera ay esensyal sa pag-unawa sa kung paano babasahin ang panitikang patuloy na sumusulong sa kasaysayan at paano lulugar ang mambabasang nagtatangkang maging kritiko. Sa punto ng kritiko at historyador, “makabuluhan ang bago na nagsisilbing mohon” na nagpapahiwatig na ang kasaysayan ay nagbabago pasulong at napapanahon nang kilatisin ang mga pamantayang pinatatag ng paulit-ulit na paglalapat ng mga lapit sa akdang sinusukat ang kahulugan (Lumbera 2005).

Samakatuwid, may pangangailangan sa pagbasa ng panitikan sa bawat panahon upang hindi maikahon lamang sa mga panukatang itinuturing na sagrado at naghahain ng unibersalismo. Maituturing na tungkulin ng kritikong sipatin ang hindi pa nagagalugad at nakikilatis sa mga paglapit at pagdalumat sa proseso ng pagbasa sa panitikan upang lalong umunlad at yumabong ang diskurso sa larangang ito. May dalawang pangyayari rin na binabanggit si Lumbera sa teoryang pampanitikan na naghahain ng mga posibilidad sa panunuring makatutugon sa pangangailangan ng lipunan. Una ay ang “pagkalansag ng mga anyo na pinagtibay ng postmodernismo” na nagpapaubaya sa paglihis sa mga nakasanayang “kumbensiyon at tradisyon”, at “tumatanggap sa mga anyong tagni-tagni.” Ikalawa ay ang “pag-angkin ng mambabasa sa kanyang bahagi sa pagpapakahulugan ng

akda.” May pagdidiin si Lumbera sa gampanin ng mambabasa (katulad ng punto ni Soledad Reyes) na gumagamit ng imahinasyon at isipan sa pagbuo o pagdugtong ng kahulugan sa texto. Dagdag pa rito ni Lumbera, na maaari nang “talikdan ang mga pamantayan ng ganda, lalim, kinis upang ang pag-ukulan ng pagsisinop ay ang bisa ng pagpapahayag o pagpapadama.” Ito ang tinatawag niyang “dating” na ayon sa kaniya ay Filipinong lente sa pag-unawa ng mambabasa sa “estetika” ng texto.

“Ang dating ng akda ay hinuhubog ng mga salik na panlipunan ang batayan, kaya’t ang mga katangiang salalayan ng estetika ng ating panitikan ay espisipiko sa ating lipunan (Lumbera 2005).”

Sa mga puntong ito, malinaw na may paloob na paninging hinahain si Lumbera bilang angkop na perspektiba sa pagbasa ng panitikan sa Pilipinas. Isa itong progresibong pagbalikwas sa mga nakasanayang pagbasa sa ating panitikan dahil may pagtatangka na bumaklas sa kolonyal na kritisismo at harapin ang pagbabago ng larangang ito para sa tinatanaw na bukas. Ang bago sa kabuuan ng punto ni Lumbera ay isang pagtatangka sa pagtuklas ng manunulat o kritiko sa proseso ng produksyon hanggang sa pagkonsumo sa panitikan na kumakawala sa namamayaning pamantayan, subalit hindi rin naman nagtatakda ng iisang paningin lamang at laging nagsasaalang-alang sa pinagdaanan nito sa kasaysayan, maka-Kanluran man o hindi.

Tungo sa Paghahanap ng Bago sa Paglapit sa Panitikan

Ang esensiya ng panitikan ay marapat maunawaan sa paglikha nito sa lipunan o sa sinasabing moment after ni Laurent Dubreuil (2007). Ang ideyang ito ni Dubreuil ay pumapaloob sa pagtingin sa panitikan hindi lamang bilang isang lipon ng mga salita o isang sagradong texto na dapat sambahin, sa halip nasa intertextuwalidad nito ang dapat

na pag-ukilkil sa kahulugan. Hindi na lamang salita ang panitikan, o isang dokumentong nangangaral, na ayon nga kay Tolentino (2009) sa punto ng pag-akda, ang panitikan ay intelektuwalisasyon ng karanasan. Nangangahulugang hindi maikukulong ang paglikha ng kahulugan sa isang paningin lamang dahil may lawak at lalim ang mga texto na produkto ng kasaysayan ng lipunan. Ayon kay Casetti (2007):

“There is no longer something that can be enveloped in a single definition, but only “cases” with their specific conditions of existence”.

Hindi na lamang nagsasalita tungkol sa pilosopiya ang panitikan, kundi namimilosopiya mismo ang panitikan (Dubreuil 2007). Mahalagang pagmunihan sa pagbasa sa panitikan ay kung paanong itatrato ang akda batay sa kinapopookan nitong panahon, espasyo, at larangan upang umangkop sa tinatawag ni Lumbera na pangangailangan sa panunuring pampanitikan. Sa kabila nito, kahit na ang bago ay may paglihis o sariling pagpihit mula sa nakasanayang luma, marapat pa ring makita ang kabuluhan ng nadatnan nang lapit o teorya dahil magkaugnay ang mga ito. May temporalidad at maaaring may mga puwang na hindi pa napag-aaralan ang teorya sa panitikan, kaya ang mahalaga para sa panig ng mga kritiko ay masuyod at madugtungan ang mga bakas ng mga ito at tumuklas ng mga bagong signipikasyon tulad ng binibigyang diin ni Casetti (2007). Mahalaga ang teorya sa paglapit sapagkat hindi lamang ito nagbibigay ng kapangyarihan, higit sa lahat kumikilala rin ito.

Sa Marxismo halimbawa, na pangunahing nakatuon sa konteksto ng ekonomiya at banggaan ng mga uri, ay kalaunang nagkaroon ng pagpihit sa kultura batay sa mga sumunod na iskolar na nagsuri sa mga ideya ni Marx, tulad nina Frederic Jameson at Raymond Williams. Ayon kay Szeman (2009):

“Literature is displaced from the center of Marxist critical concern, but

in the process culture becomes a space of study primarily for what it reveals about conditions and developments at other, more socially significant levels.”

Sa punto ni Jameson halimbawa ay tinitingnan ang panitikan bilang simbolikong gawain na nagbibigay ng ideolohikal at imahinatibong solusyon sa mga sosyopolitikal na kontradiksyon (Szeman 2009). Ang halimbawang ito ay isa sa mga patunay na ang bago at luma ay magkaugnay na nagtatagpo at/o naghihiwalay sa iba't ibang konteksto sa proseso ng pagdalumat.

Sa pagtuklas ng bago sa paglapit sa panitikan, ang mambabasang kritiko ay pumapaloob sa proseso ng pagsusulat na humihiwalay subalit nakaugnay pa rin sa pagbasa ng panitikan. Sa prosesong ito, ang kritisismo ay isang paglikha subalit hindi naikakahon sa isang katiyakan. Dahil ang katiyakan sa panitikan ay nasa walang katiyakan nito (Dubreuil 2007), at pagbibigay ng halaga sa lente hindi lamang ng kritikong nagbabasa, kundi ng isang mambabasang tumutuklas ng bago bilang kritiko. Kung babalikan natin ang mga punto ni Lumbera, maaaring pagmunihan ang mga inihain niyang katangian at kahulugan ng bago sa panitikan. Maaari rin namang ang bago sa kanya ay hindi na bago sa atin sa konteksto ng ekonomiya, politika, at kultura sa kasalukuyan. Nariyan na at patuloy pang umuunlad at lumalawak ang teknolohiya bilang espasyo sa pag-akda at pagbabasa. Kaya sa ganitong kaso, ano na ang bago sa “hyper-real” na espasyo at panahong digital? Ang dalumat ba ng “dating” ay pareho pa rin sa kasalukuyang mambabasang laging nakababad sa social media? Saan nakalugar sa konteksto ng teknolohiya ang kritikong laging may bitbit na mga ismo at mga post/neo?

Ilan lamang ito sa mga pagmumuni sa panimulang pagbasa sa konsepto ng bago ni Lumbera. Sa kabila nito, nagsisilbing hamon ang mga punto niya sa kasalukuyang mga manunulat at kritiko upang patuloy na tumuklas ng mga bagong kaalaman na hindi lamang sumasandig at nagtatampok ng mga teorya o

lapit na mula sa labas, kundi higit ay pumapaloob sa lipunan upang lumikha at tumuklas ng mga bagong posibilidad sa Filipinong pagdalumat sa panitikan.

Mga Sangguian

- Casetti, F. (2007). "Theory, post-theory, neo-theories: Changes in discourses, changes in objects" nasa *Cinemas: Journal of film studies*. Vol 17. www.erudit.org.
- Dubreuil, L. (2007). "What is literature's now?" nasa *New literary history*. Vol 38. www.muse.jhu.edu.
- Gleason, P. (1970). "Newness and history." nasa *The history teacher*. Vol. 4 no. 1: Society for history education. www.jstor.org.
- Ileto, R. (1979). *Pasyon and revolution: Popular movements in the Philippines*. Quezon City: Ateneo press.
- Lumbera, B. (2010). *Pag-akda sa bansa/writing the nation*. Quezon City: UP Press.
- Reyes, S. (2009). "Pagbasa bilang paglikha" nasa *Kilates: Panunuring pampanitikan sa Pilipinas*. Ed. Rosario Torres-Yu. Quezon City: UP Press.
- Szeman, I. (2009). "Marxist literary criticism, then and now." nasa *Mediations*. 24. www.mediationsjournal.org.
- Tolentino, R.B. (2009). *Pag-aklas, pagbaklas, pagbagtas: Politikal na kritisismong pampanitikan*. Quezon City: UP Press.
- Tolentino, R. B. (2001). *Sa loob at labas ng mall kong sawi/kaliluha'y siyang nangyayaring hari: Ang pagkatuto at pagtatanghal ng kulturang popular*. Quezon City: UP Press.
- Torres-Yu, R. (Ed.). (2005). *Bayan at lipunan: Ang kritisismo ni Bienvenido Lumbera*. Quezon City: UP Press.

Ang Apo ng Bayawak sa Bondoc Peninsula sa Pagsusulat ng Nobela sa Wikang Filipino

ni Romeo Palustre Peña

Panimula

Kung pagsusulat ng prosa, sa katulad kong mukhang laging seryoso at minsan lang dalawin ng kakulitan at kapilyuhan, mahirap magkuwento para sa akin. Mahirap lalo na kung sa pasalita ko gagamitin ang wika. Nakapagbibitiw ako ng mga pamatay na libro pero hindi ko kayang magkuwento ng nakakatawang pangyayari kasabay ng nakakatawang pigura ng aking mukha. Minsan nga nauutal pa nga ako habang nagkukuwento. Minsan din, parang naluluha ako kahit nakakatawa naman ang ikinukuwento. Pero kung mahina man akong magkuwento sa pasalitang pamamaraan, nakapagkukuwento naman ako nang maayos sa pasulat na pamamaraan. Nasubukan ko nang magsulat ng kuwentong nakakatawa at nang binasa ko sa klase, hagigkikan sila nang hagigkikan at 'di nila makalimutan.

Ang pagsusulat ng nobela ang talagang pangarap ko. Sandamakmak na nobela na ang nabasa ko. Hindi ko alam kung bakit, siguro mahal ko ang nobela gaya ng Bondoc

Peninsula na lugar na pinagmulan ko. Kaya tungkol sa Bondoc Peninsula ang sumasayad sa utak ko kapag sumusulat ako ng prosa. Iyon ang kaakuhan ko.

Sinikap kong makabuo ng mga kabanata na matagal-tagal ring hininog sa isip ko para sa pangarap kong nobela. Mahirap pasinungalingang hindi ko sariling karanasan ang karamihang laman ng isinulat ko na halos nagiging awtobiograpikal na nga. May ganito ring pag-amin si Edgar C. Samar nang maisulat niya ang kaniyang unang nobela na Walong Diwata ng Pagkahulog na halos awtobiograpikal din. Ang totoo, karamihan sa detalye ng nobela ko ay naranasan ko. Subalit, may mga detalye na kinatha lamang ng aking ligaw na kaisipan, napanood sa telebisyon, nabasa sa libro't diyaryo, narinig sa usapan ng mga nakasakay ko sa jeep, narinig sa radyo at kuwento ng mga naging kaibigan.

Ang Wikang Filipino sa Nobela

Nang sunod-sunod ko nang napalathala ang mga kuwento ko sa magasin, diyaryo at journals, mas lalo akong ginanahang magsulat ng prosa lalo na kung nauunawaan ito ng lipunan. May nagagawa talaga ang sariling wika, sa kaso ko, wikang Filipino. Dahil kung anong wikang nauunawaan sa lipunan ay walang hihigit doon. Sapat ito upang maging daluyan ng aking kaakuhan. Sa lahat ng isinulat ko, malakas ang gunita at danas ko kung saan ako nagmula.

Tubong Bondoc Peninsula ako, sa lalawigan ng Quezon. Sa pagkokopra o paglulukad ang ikinabubuhay namin doon. Matagal kaming tenant doon simula pa sa lolo ko. Sa Brgy. Tagabas Ibaba sa Bayan ng Catanauan kami nakatira. Pinaluwas ako ng Maynila para pag-aralin ng kolehiyo. Bata pa lamang, nakitaan na ako ng hilig sa pagbabasa. Tuwing tag-init o araw ng bakasyon ay hindi ako pumapayag na walang dala-dalang librong pasalubong ang aking tiyahin na madalas lumuwas ng Maynila. Nang pumasok ako sa kolehiyo, aaminin kong dito ko natuklasan ang mga babasahing mas

lalong makatutulong sa akin. Pinahalagahan ko ang Noli at El Fili hindi gaya ng pagpapahalaga ko rito noong nasa high school ako, ang mga Agos sa Disyerto at una ang mga tula ni AGA bago pa ang ibang tula. Minahal ko sa mga sumunod na araw ang marami pang librong binili ko at ang karamihan ay nagamit ko. Nagsimula at tuloy-tuloy akong nagsusulat ng mga akdang hinuhugot ko sa bayang pinagmulan. Doon sa bayan na pinaghaharian ng panginoong maylupa at laganap na militarisasyon. Sa bandang huli'y hindi ko pinangarap iyon. Ang gusto ko—pagkatapos magbasa, magsulat tungkol sa Bondoc Peninsula.

Pag-akda ng Nobelang Siglo B. Peninsula

Kakaiba ako, Gatorade at Chocnut ang pantanggal ko ng antok sa tuwing nagsusulat ako, hindi kape. Simula nang magkasakit ako, bawal na sa akin ang kape. Pero malaking gastos ang ganitong bisyo sa tuwing magsusulat. Nakakabos ako ng apat na 400 ml na Gatorade at dalawang maraming Chocnut magdamag. Mula nang irekomenda sa akin na nobela raw ang gawin ko. Sinamantala ko ang rekomendasyon, nobela naman talaga ang sumasayad sa isip kong tesis noon pa. Ura-urada'y binungkal ko ang mga dati kong naisulat na mga prosa na may inalaman din sa amin sa Bondoc Peninsula na kung saan-saan ko naisulat. Mayroon sa resibo, lumang notebook, tissue, at iba pa. Ang mga pinakatago-tago kong journal na ang karamiha'y naisulat ko sa tuwing uuwi ako sa Catanauan ay muli ko ring hinalungkat. Sinamantala ko ang December break ng taong 2012 para magsulat ng nobela. Nananamantala rin ang Gatorade at Chocnut para hindi ako antukin at tuloy-tuloy na makapagsulat.

Sa pag-upo ko at pagsulat ng Siglo, una'y mabigat itong bagahe para sa akin. Kakumpromiso naman talaga ang paguturo pero papatayin ng pagtuturo ang pagsusulat dahil sa tambak na teaching load. Matagal na sana akong nakasulat ng mga karugtong na kabanata ng Siglo pero hindi

ko nagawa dahil ubos ang buong isang linggo ko sa pagtuturo ng napakaraming estudyante. Ang bagaheng ito ay gagaan dahil sa ilang pangyayaring mas lalong magtutulak sa aking na bumuo ng isang nobela. Noong pangalawang sem ng 2012-2013, pinahawakan sa akin ang subject na Maikling Kuwento at Nobelang Filipino. Itinuturo ko ang maikling kuwento gamit ang libro tungkol dito ni Reynaldo Duque. Naninindigan ako dati pa na kung hindi ko naman kayang ituro ang subject dahil hindi ko pa naman nagagawa o hindi ako practitioner sa larangang ito, hindi ko ipipilit ituro. Iba ang kaso ng Maikling Kuwento at Nobelang Filipino, mas maigi pa'y ginawa na lamang ang pangalan ng subject na ito ay Prosa. Tuloy, nahati ako, nakasulat na ako at nakapaglathala ng mga maikling kuwento pero wala akong nobela. Samakatuwid, ayaw kong pangahasan na ituro ang nobela dahil wala naman akong nobela. Ang ginagawa ko'y ipinabasa ko muna sa mga estudyante ang mga librong tungkol sa nobela ni Soledad Reyes, Resil Mojares, Virgilio Almario at mga foreign author na sina E.M. Forster at Milan Kundera at saka ako nag-imbiba ng isang nobelista na magsalita sa klase ko hinggil sa karanasan niya sa pagsulat ng nobela. Si Edgar Samar ang nagpaunlak sa akin na noo'y katatapos lamang maglabas ng pangalawa niyang nobelang Sa Kasunod ng 909. Mas una kong nabasa ang nobela niyang ito sa GSO Silid Saliksik ng UP-CAL bilang bahagi ng kanyang disertasyon. Mula sa karanasang ito, hamon para sa akin ang matapos ang aking sariling nobela. Pero aaminin kong malaking bigat sa bagahe ko ang nabawas nang marinig ko ang discussion ni Samar na laging ipinupuntong mahalaga ang San Pablo na kanyang pinagmulan at ang Marikina na kumupkop sa kanya nang kailanganin na niyang mamalagi rito sa Maynila. Ang mga teritoryong iyon ang hindi mawawala sa kanyang nobela. Naisip kong bungkalin din ang teritoryo ko—ang Bondoc Peninsula.

Nasa angkan akong mga manunulat. Ito na siguro ang mabuting pagkakataon na umaming kaanak ko ang Ama ng Nobelang Tagalog. Si Valeriano Peña. Matagal na itong binabanggit sa akin ni tatay pero hindi ko masyadong

pinansin dahil hindi pa naman ako nakakabasa ng akda niya. Hanggang sa mabasa ko ang Magkaibigang Nena at Neneng, ang kasaysayan, tauhan at estilo ng pagkakasulat ay Pilipino. Mahalaga si Mang Anong—tawag sa kanya ng mga kaibigan, dahil sa kanyang ambag sa nobela sa Pilipinas. Laging binabanggit sa akin ni tatay—Remegio Peña, isa sa mga makata sa Bondoc Peninsula na bakit daw hindi ako gumawa ng nobela tungkol sa amin. Tularan ko raw ang husay ng kapatid ng kanyang lolo (ang tinutukoy niya ay si Mang Anong) sa pagnonobela. Siguro’y natupad ko ang gusto ng tatay ko nang matapos ko ang nobelang Siglo. Nagulat siya dahil pinangalanan ko pang lolo Valeriano ang lolo ni Siglo sa nobela na tinaguriang Bayawak. Ngayon, higit na ang pagpapahalaga ko kay Valeriano Hernandez Peña na kapatid ng lolo ng tatay ko. Hinahanap ko pa ang iba niyang akda at binasa gaya ng Mag-inang Mahirap, Pagluha ng Matuwid, Unang Pag-ibig, Pahimakas ng Isang Ina, Dangkal ng Magulang at Bunga ng Muling Pag-iimbot. Kadugo ko ang Ama ng Nobelang Tagalog.

Tungkol sa Siglo B. Peninsula

Paggalugad sa Bondoc Peninsula ang nobela kong ito na titindigan ng pangunahing tauhan na si Siglo. Si Siglo na mamumulat sa lipunan ng lahing uwak, bayawak at aswang na kalauna’y sasakmalin ng lahing buwaya—mga Kastila na napadpad sa baybayin ng Sibuyan Sea sa pinakapaanan ng Bondoc Peninsula. Ang pang-ungkat sa ugat ng kanyang angkan bilang apo ng bayawak, ang usaping agraryo at ang pagsisikap na makibahagi sa sulinarin ng mga maglulukad o magkokopra ang binaybay at inilatag ko sa nobela. Ang diskurso ng mga tauhan ay pagkalkal at pagsubaybay sa bukal ng Bondoc Peninsula bilang lipunan, nakapaloob dito na ang angkan, lahi, uri, gawi, lupa at kabuhayan. Gayundin ang tangkang pagbabalik sa mga kuwentong bayan, alamat, kalinangan at kulturang magiging daan sa destinasyon sa malalim na pagkilatis sa kabihasnang kinubkob na ng

ilang pangalan dahil sa pangangamkam ng mga lupain at kamulatan. Narito rin sa nobela ang kakaibang konsepto ng pagluwas at pag-uwi, pag-alis at pagbalik sa kakaibang lugar na lungga ng mga niyog. Ang kabilaang talaban ng probinsiya at siyudad sa mata ni Siglo na kaga-graduate pa lamang ng high school. Isang batang lumuwas at makatutuklas sa lente ng buhay mulang Bondoc Peninsula patungong Maynila at mulang Maynila pabalik ng Bondoc Peninsula.

Inspirasyon ng Nobela

Mas lalong naging buo ang aking pasyang sumulat ng nobela tungkol sa Bondoc Peninsula nang mahiwagaan ako sa paligid habang lumaki ako sa lukaran o koprahan. Kailangang maisulat ang tungkol sa karanasan ko sa paghabol ng mga manok sa niyugan, paggala sa kasukalan ng niyugan nang hindi naliligaw, pagligo sa ilog na may anayo o maligno, pagpapapula ng pisngi dahil sa pag-inom ng tuba, pakikisama sa aswang at pagluwas at pag-uwi sa lugar na pinagmulan. Lahat ng nabanggit ko'y kulang kung tutuusin sa maaaring maging holistikong pagsubaybay at imbestigasyon ko sa tradisyon at kultura ng Bondoc Peninsula. Sa palagay ko'y ilang lente muna ang ginamit ko sa unang nobelang ito at maaaring maging daan pa ito sa pagpapabukal ng malawak at malaking inspirasyon pa sa posibilidad ng susunod ko pang mga nobela.

Nang mabasa ko ang nobelang “Ang Sandali ng mga Mata” ni Alvin Yapan, na puno ng kahiwagaan at kalinangang Bikol. Ang paggunita sa mga mapamahiing mga karakter, mayroong pumanaw, nabulag, nawala at nalimot. Mayroon ding malakas na hatak sa pagbalik sa kuwentong bayan, epiko at kabihasan. Sa mga ganitong akda ako naha-high. Gaya nang pagka-high ko noong matapos kong mabasa ang Botchan ni Soseki na naglantad din sa kultural na yaman at kalinangan ng isang probinsiya sa Japan sa pamamagitan ng pagsipat ng isang batang nagsikap at nakapag-aral hanggang sa maging

guro. Ito nga ang nagtulak sa akin na gawing bata muna si Siglo hanggang sa lumaki't magkamalay rin sa kalinangan ng Bondoc Peninsula. Ang pangalang Siglo ay huhugutin sa mga pangyayari sa aking buhay—bilang personal na aspekto. Marahil, sa mga Siglo ako nagkakaroon ng matinding simbuyo ng pagkamalay at pagkatuto, dahil sa paggunita ko sa salitang ito, gagawin kong tauhan ito sa aking kauna-unahang nobela. Hanggang sa pangalang Siglo ko hahanguin ang pamagat ng nobelang Siglo B. Peninsula. Literal na pangalan ang pamagat ng aking nobela, ngunit metaporikal ito sa punto de bista ko bilang manunulat. Siglo ang unang ngalan, Bondoc ang gagawin kong gitnang ngalan na sisimbolo sa ina ni Siglo na nawala ngunit biglang magpaparamdam at mapapanaginipan. Palagay ko'y may implikasyon ang Sa Kasunod ng 909 ni Edgar Samar sa pagkawalang kagaya nito sa aking nobela. Sa pagtuklas sa pagkawala, malalim na panaginip tulad ng panaginip ni Siglo sa magkasintahang bayawak na bigo sa bandang huli ang tatambad sa nobela. Ang istorya ng pag-ibig ng magkasintahang bayawak na marahil ay ganoon din ang istorya ng pag-ibig ng ama at ina ni Siglo. Peninsula ang apelyidong bibitbitin ni Siglo bilang integrasyon at pagkaka-ugnay niya sa tinaguriang bayawak, ang lolo niyang si Valeriano Peninsula. Ang bayawak na malakas ang loob na bumangga sa mga buwaya ngunit sa bandang huli'y ang buwayang ugnay din sa kanya ang magpapapatay sa kanya.

Bukal ng Batis ng mga Tagpo at Tauhan sa Nobela

Sa high school ko na nabasa ang mga kuwentong kinahuhumalingan ko at magiging ehemplo sa pagsulat ng prosa sa bungad ng uang taon ko sa Sta. Lucia High School. Ang mga akda pa lang iyon na nabasa ko'y karamihan magmumula sa koleksiyon ng mga akda ng limang manunulat sa tataguriang Mga Agos sa Disyerto. Bawat isa sa mga miyembro'y may kuwentong maiibigan ko at sa tuwiran o 'di tuwirang pagtingin ay magiging bukal ko sa paghubog ng tauhan at tagpo sa aking nobela.

Babagabagin ako ng Lugmok na ang Nayon ni Edgardo Reyes na tungkol sa kalagayan ng mga rural na lugar. Makikita ko ang Bondoc Peninsula sa larawan ng nayon na ipininta ni Reyes sa akdang iyon. Ang pananamantala sa lugmok na nayon ang lumabag sa kalooban ko ng mabasa ko ang akdang ito. Tulad ito sa pananamantala sa Bondoc Peninsula na halos iba na ang nakikinabang sa likas nitong yaman.

Samantala, sa kuwentong Sa Bagong Paraiso ni Efren Abueg, magagagap ko ang luwag at tensyon sa pag-ibig. Malaki ang epekto ng pag-ibig nina Cleofe at Ariel sa Bagong Paraiso sa konsepto ng pag-ibig nina Siglo at Sining sa nilikha kong nobelang Siglo B. Peninsula. Ang musmos na pag-ibig sa niyugan nina Siglo at Sining at musmos ding pag-ibig sa dalampasigan nina Ariel at Cleofe.

Malaki ring ang nagawa ng danas ko sa pagbabasa ng akdang Si Anto ni Rogelio Ordoñez sa pagbuo sa tauhan ko sa nobela na si Kang Torning. Si Anto na nakaranas ng panggigipit at pang-aapi ng nagkunwang may-ari ng kanilang lupa. Namatay ang kanyang ama't ina at sa pagbabalik, hindi na papayag na may maapi pa. Sa may-ari ng lupa din sa kuwentong si Anto hinango ang karakter ni Don Cuvenar, mapagmalupit at napapapatay. Sa nobela, baliw-na-hindi-baliw ang nilikha kong Kang Torning, isama pa ang naging kasintahan niyang si Kang Ditas na baliw-na-hindi-baliw rin ang pagpapalutang ko bilang karakter. Sa nobela, gusto kong sagutin sa pamamagitan ni Kang Torning at Kang Ditas kung may puwang ba ang pag-ibig sa mga nasiraan ng bait.

Paggigiit sa lupang sinasaka at pakikipaglaban para sa ikabubuhay ang maidudulot sa akin ng Tata Selo ni Rogelio Sicat at Makina ni Dominador Mirasol. Ang moda ng pagtatanggol sa kabuhayan ni Tata Selo at Alipio ang mabibitbit ko't ilalatag bilang si Lolo Valer sa nobela na kaisa-isang nagtangkang isiwalat ang pandaraya ng mga buwaya sa presyo ng ikinabubuhay nilang lukad o kopra.

Higit pa rito'y may malaking impluwensiya rin sa akin ang nobelang *Germinal* ni Emile Zola na tungkol sa gipit na kalagayan ng mga minerong Pranses. Sa pangunguna ni Etienne Lantier, kasama ang mga kapwa minero ikinasa nila ang protesta laban sa pagbabawas sa suweldo at mahirap na trabaho. Kay Etienne Lantier ko lalong hinugot ang karakter ni Lolo Valer na itinuring na lider ng mga bayawak. Pasimuno sa paglaban sa mga buwaya.

Sa train Man ni Hitori Nakano, isa sa paborito kong manunulat na Hapones, makukuha ko ang matimpi ngunit malikot na kaisipan ni Siglo. Ang makulit na pag-ibig at ang pagkonsepto ko ng love letter na mababasa ni Siglo ay makukuha ko ang ideya sa mga netizen na mangungulit sa train man hinggil sa kanyang pag-ibig. Si Siglo na nangarap ng isang tunay na pag-ibig sa pagbabalik ni Sining na gaya ng train man na happy ending rin ang kalalabasan dahil sila rin sa bandang huli ng iniibig niyang si Hermes.

Modelo ko si Dr. Celestina Boncan ng UP Manila na isang historyador para maisakonteksto ang naiisip kong pagbabalik sa kasaysayan ng Bondoc Peninsula sa pamamagitan ng lecture ni Dr. Celestia Bailon sa nobela. Nang makadalo ako bilang paper presenter sa 7th Tayabas Studies Conference sa Nawawalang Paraiso Resort sa Tayabas noong 2012, doon ko makikilala si Dr. Boncan. Totoong taga-Catanauan si Dr. Boncan pero wala pa siyang librong pangkasaysayan na tumatalakay sa Bondoc Peninsula. Totoong ang lolo niya ay isang Kastila at pumunta pa siya ng Espanya para bungkalin ang service record nito. Dito ko na ipinadron ang pag-ugat ko sa kasaysayan ng Bondoc Peninsula kalakipang pag-iinterbyu ko sa mga matatanda sa amin, kasama na ang lola ko at ang aking ama. Nilikha kong may istorya ang historya sa nobela ko na umugnay malamang sa konsepto ng nobelang (H) istoryador(a) ni Victor Emmanuel Carmelo D. Nadera Jr. na nagpahalaga ang pangunahing tauhang si Minerva Centenario sa kanyang Ina na tumabig sa pagpapahalaga rin ni Siglo sa kanyang Lola Mena sa nobelang Siglo B. Peninsula.

Estilo at Paraan ng Pagsulat ng Nobela

Sa nobela, sarili kong pagpapasya ang pagtataas ng hibo ng pagluwas. Ang pagluwas na ayaw ko at gusto ko. Hanggang sa maisusulat ko ang ganitong bahagi ng nobela:

Pagluwas ang pinakagusto at ayaw ko sa buhay na ito... Marami na sa ilaya ang lumuwas. Lumuwas para maging kaya. Lumuwas para maging labandera. Lumuwas para maging taga-plantsa. Lumuwas para maging kusinera. Lumuwas para maging hardinero. Lumuwas para magbantay ng tindahan. Lumuwas para mag-alaga ng matanda. Lumuwas para maging security guard. Lumuwas para maging saleslady. Lumuwas para maging puta. Lumuwas para magkaroon ng amo.

Problema ko ang pagluwas, ang totoo, pinaka-ayaw ko ito. Sa tuwing binabagtas ang daan ng bus pa-Maynila, nagsasalimbayan ang gunita ko sa Bondoc Peninsula. Malungkot bagtasin ang daan paluwas. Magiging dayuhan ako sa kultura ng Maynila. Malayong-malapit ang Bondoc Peninsula sa Maynila. Gayundin, malayong-malapit ang Maynila sa Bondoc Peninsula. Hindi ako kayang saklolohan agad ni tatay kapag naliligaw ako. Hindi katulad ng niyugan ang Maynila na kabisado ko ang lahat ng pasikot-sikot kahit wala akong palatandaan sa lugar. Naunawaan kong lubos nang nasa Maynila na ako na ang pagbagtas paluwas ay nangangahulugang pagsuong sa hating siyudad. Pagsuong sa napakalaking sunog at baha. Pagsuong sa maruming hangin at alikabok. Pagsuong sa gubat na maraming mababangis na hayop.

Ayaw kong isulat ang lahat: Sadya ring hindi ko pinagsunod-sunod ang mga kabanata. Marahil ganoon naman talaga ang buhay sa pagsusulat ng nobela para sa akin. Ganoon din ang totoong buhay. May binabalikan, may naiwan at may isinusulat na hindi pa nangyayari na maaari ring nangyari na o naulit lang at mauulit pa. Tulad kung bakit kinakailangan ni Siglo na magtrabaho sa fast food na mas nauna kaysa sa sumunod na kabanata pa lang malalaman

kung bakit at ano ang nangyayari sa ikinabubuhay nilang mag-ama sa Bondoc Peninsula; bakit sa gitnang kabanata pa lang tila sinusuluyunan na kung bakit nawala at paano nakausap ni Siglo ang ina niyang matagal nang hindi nagpapakita. Bakit sa bandang huli pa malalaman na si Don Cuvenar pala ang nagpapatay kay Lolo Valer; at bakit tila may nauulit na pangyayari sa hating siyudad ang iba pang tauhan na mangyayari rin kay Siglo kaya niya masasabi ang ganito sa nobela:

Sapat nang patunay sina, Rick, Cristoph, at Mar na totoong hati ang siyudad. Minsan, naiiisp ko, parang kuwento ko rin ang kuwento nila. Kunsabagay, iisa lang naman ang espasyong ginagalawan namin. Kung magkatotoong, ako ang nasa lahat ng ikunuwento ko. Tatanggapin ko iyon nang maluwig na maluwig. Simula nang bumalik ako sa pag-aaral at mahiligang kumatha. Natutuhan kong pahalagahan ang kuwento ng iba. Lalo na ang mga kuwento sa hating siyudad.

Iyon nga siguro ang dahilan. May nauulit at may nauulit. May malilimutan ngunit babalikan. May kulang ngunit pupunuan. Pero kung mailagay ang nalimutan at pampuno sa malalayong kabanata at hindi roon sa kabanatang pinagkulangan nito't pinagkaligtaan? Pangit na ba ang nobela at hindi na papasa ang estetika nito sa panlasa ng mga nangaunang nobelista? Sino ba ang magsasabi ngayon na gawing linyar pa rin ang pagsusulat ng nobela? Hindi naman siguro mortal na kasalanan na sumuway para sa pagpapalutang ng sariling estilo't paraan. Pagsuway nga ba talaga iyon?

TUNGKOL SA MGA MANUNULAT

Lenin Carlos Mirasol graduated from PUP with a BS in Tourism degree in 2013. His father was acclaimed fictionist and “Agos” member, Dominador Mirasol. Lenin, as he is called by peers and friends, started writing fiction only a couple of years ago, his first works have been published in the anthologies “Ang Kuwento ng mga Supot sa Panahon ng Kalibugan (2010, first ed.),” “Oxymoron: O Kung Paano Magsalita ang mga Walang Sinasabi (2011),” and “Sabi Ko Sa’yo ‘Tol, Tara Na!(2013).” He was a workshop participant in the Center for Creative Writing, Creative Writing Workshop Series under the supervision of Dr. Jun Cruz Reyes. Currently, he is enrolled in the M.A. in Malikhaing Pagsulat program of UP-Diliman.

Kasalukuyang nagtuturo si **Valentine Dula** sa PUP at EARIST. Nagkamit ng unang karangalan ang kwento niyang Pinakakupal sa nakaraang Saranggola Blog Awards.

Tubong Bulakan, Bulacan, si **Maricristh T. Magaling** ay gradweyt ng MA Araling Pilipino. Nagtuturo siya ng Filipino at Malikhaing Pagsulat sa kolehiyo.

Si **MJ Rafal** ay nagtapos sa PUP Sta. Mesa. Kasapi ng KM64 Poetry Collective. Tumutula-tula.

Tubong Hagonoy, Bulacan, si **Soliman A. Santos** ay nagtapos ng kursong Malikhaing Pagsulat sa Unibersidad ng Pilipinas, Diliman. Kasalukuyan siyang nagtuturo ng wikang Filipino sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas habang tinatapos ang kanyang MA. Ang ilan sa kanyang mga tula at kuwento ay nalathala na sa iba’t ibang antolohiyang inilimbag ng Cultural Center of the Philippines, Philippine Collegian, University of the Philippines Press, Ateneo de Manila University Press, Anvil Publishing Inc, C&E Publishing at iba pa.

Bukod sa pagsusulat ng mga tula at kuwento, nag-aambag din siya ng mga balita at lathalain sa Pinoy Weekly. Noong 2008, naging finalist si Sol sa The Jaime V. Ongpin Awards for Excellence in Journalism para sa artikulong “Malansang Balak ng Bansang Hapon” na isinulat niya kasama si Kenneth Roland A. Guda. Ang kanyang mga tula ay nagwagi sa Gawad Rogelio Sicut sa Panitikan noong 1998 at 1999, at nasungkit niya noong 2003 ang unang gantimpala sa tula sa Patimpalak para sa Sentenaryo ni Amado V. Hernandez. Naging fellow din siya para sa tula sa 34th UP National Writers Workshop na ginanap sa Baguio noong 1999.

Palagi siyang tambay sa opisina ng Sentro para sa Malikhaing Pagsulat kapag nasa PUP. Mahilig ding magtanim at mag-alaga ng hayop sa bukid si Sol, at mamasyal gamit ang kanyang motorsiklo kasama ang kanyang kabiyak ng puso.

Si **Jesus Emmanuel S. Villafuerte** ay staff sa Center for Creative Writing – PUP, kasalukuyan siyang naka-enroll sa MA in Literary and Cultural Studies program ng Ateneo de Manila University

Si **Krupskaya Valila** ay isang gurong mahilig magsulat. Isa siya sa mga guro na nagtuturo ng pagsusulat para sa Telebisyon, Radyo at Pelikula sa Kolehiyo ng Komunikasyon sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas. Naipalabas na din ng Sentrong Pangkultura ng Pilipinas (Cultural Center of the Philippines o CCP) ang isa sa kanyang piyesang pangdula na pinamagatang “Mga Mumunting Rosas ng Digma” noong 2015.

Ngayon, bukod sa pagtatrabaho bilang Media Relations Officer ng PUP ay inilalaan niya ang kanyang mga libreng oras para makapagsulat pang muli ng mga iskrip pampelikula at pangdula.

Ivan Emil Labayne is part of Pedantic Pedestrians, a Baguio-based art group which has already done a Book Launch without a book, conducted Rengga sa Kalsada, published four folios, an Oncept Series, a Torture Manual among others online. They also ‘exhibited’ “Itong mga Kinahihiya,” “May

Taong Nawawala” at “Ngayon ay Buwan ng Wika” at UP Baguio. Ivan is striving to finish his MA in Language and Literature at UP Baguio this year.

Kilalang kritiko at manlilikha sa larangang internasyonal, si **E. SAN JUAN, Jr.** ay dating Fellow ng W.E. B. Du Bois Institute, Harvard University; ng Harry Ransom Center, University of Texas, Austin; at Humanities Center, Wesleyan University. Emeritus professor sa English, Comparative Literature & Ethnic Studies, siya ay kasalukuyang professorial lecturer, Polytechnic University of the Philippines, Manila, Philippines.

Si San Juan ay awtor ng maraming libro, kabilang na ang *Balikbayang Sinta: An E. San Juan Reader* (Ateneo University Press), *Sapagkat Iniibig Kita* (University of the Philippines Press), *Tinik sa Kaluluwa*; *Rizal In Our Time* (Anvil Publishing), *Alay Sa Paglikha ng Bukang-Liwayway* (Ateneo University Press), *Salud Algabre* (University of San Agustin Publishing House), *Balikbayang Mahal: Passages from Exile*, *Sutrang Kayumanggi Bukas Luwalhating Kay Ganda* (amazon.com), at *Ulikba* (UST Publishing House). Inireprint kamakailan ng U.P. Press ang kalipunan ng mga panunuring pampanitikan niya na *Toward a People's Literature*. Inilathala ng Lambert Academic Publishing Co., Saarbrucken, Germany, ang kanyang *Critical Interventions: From Joyce and Ibsen to Peirce and Kingston*, kasunod ng *In the Wake of Terror* (Lexington) at *US Imperialism and Revolution in the Philippines* (Palgrave). Kalulunsad lamang ang tatlong libro niya: *Kundiman sa Gitna ng Karimlan* (U.P. Press); *Lupang Hinirang, Lupang Tinubuan* (De La Salle University Publishing House), at *Between Empire and Insurgency* (UP Press). Nakasalang ang *Learning from the Filipino Diaspora* (University of Santo Tomas Publishing House).

Naglingkod bilang Fulbright professor of American Studies sa Katholieke Universiteit Leuven, Belgium; visiting professor of literature sa National Tsing Hua University, Hsinchu, Taiwan; at sa Trento University, Italy. Kamakailan naging Residential Fellow ng Rockefeller Foundation Study & Conference Center sa Bellagio, Italya; at katulong na patnugot ng maraming dyornal tulad ng *Humanities Diliman*, Malay,

Left Curve, Cultural Logic, Kultura Kritika, at iba pa. Kasapi siya sa American Civil Liberties Union, American Studies Association, Democratic Socialists of America, at Modern Language Association of America.

Sa kabila ng higit sa isang dekadang kasikatan, wala pa ring nakakaalam kung sino talaga si **Bob Ong**. Sa kasalukuyan, nakasulat na siya ng 10 libro na bumenta ng halos kalahating milyong kopya, ito sa isang bansa na ang tingin sa pagbabasa ay hindi produktibo at pampalipas oras lamang. Dalawa na sa kanyang mga libro ang nagawang pelikula, ang *ABNKKBSNPLAko!* (2014) at *Lumayo Ka Nga Sa Akin* (2016)

Si **Dr. Bienvenido Lumbera** ay Pambansang Alagad ng Sining sa larangan ng Panitikan at recipient ng prestihiyosong Magsaysay Award. Tinuturing na isa sa pinakamahalagang manunulat at kritiko ng kanyang panahon, siya ay nakapaglathala ng mga aklat ng tula at panunuring pampanitikan na tinugurian ng maraming iskolar at manunulat na mga panandang bato sa ng Philippine literary scholarship, esensyal sa mga iskolar ang mga libro niyang *Tagalog Poetry, 1570-1898: Tradition and Influences on Its Development*, *Revaluation: Essays on Literature, Cinema, and Popular Culture*, at *Abot-Tanaw: Sulyap at Suri sa Nagbabagong Kultura at Lipunan*.

Si **Virgilio A. Rivas** o “Ver” ay kasalukuyang direktor ng Institute for Cultural Studies ng PUP at concurrently ay chairperson ng Department of Humanities and Philosophy ng parehong unibersidad. Nakasali na siya sa mga prestihiyosong palihan tulad ng Iligan Writers Workshop, nalimbag na rin si sir Ver sa mga prestihiyosong publikasyong pambansa at international tulad ng *Philippine Panorama*, *Philippines Graphic*, ang isang critical essay niya ay napublish sa Routledge, isang prestihiyosong international publication para sa mga teoretista na nakabase sa U.K., noong late 2000.

Si **Jomar Adaya** ay nagkaisip sa looban na nasa likod ng mga bakod ng Sandiganbayan sa Brgy. Batasan Hills. Nagtapos ng AB Filipinology at MA in Filipino sa PUP. Nagtuturo ng wika at panitikan sa nabanggit na pamantasan.

Si **Romeo Peña** ay nagtapos ng MA Malikhaing Pagsulat at kasalukuyang kumukuha ng PhD Philippine Studies sa UP Diliman. Mahilig magbasa ng mga nobela nina Haruki Murakami at Umberto Eco. Siya ang kasalukuyang hepe ng PUP Center for Social History.

Tungkol sa Editor

Si **Renato C. Vibiesca** ay lumaki sa Tundo na walang pangarap na maging manunulat o maging guro. Nakalimutan na kung ilang kwento ang nakatha at ilang aklat pambata ang nailathala na nagkamit ng mga parangal sa Palanca at CMMA. Kasalukuyang guro sa PUP. Dalawang dekada niyang binuno ang pagtatapos ng kurso sa kolehiyo; isa na siyang Dكتور ngayon.

